

**U.S. Department of Labor**  
**Planong Access sa Wika**  
**(Language Access Plan)**  
**Piskal na Taon ng 2023**

U.S. Kagawaran ng Paggawa

200 Constitution Ave NW

Washington D.C. 20210



# Talaan ng mga Nilalaman

Layunin.....	3
Kahulugan ng mga Pangunahing Termino.....	6
Data ng Pambansang Demograpiko .....	9
Saklaw ng Plano sa Access sa Wika .....	12
Pamamahala at Pangangasiwa/Sentralisadong Tanggapan ng Tulong sa Wika.....	14
Mga Pagkilos ng Ahensya at Access sa Wika.....	21
Mga Plano sa Access sa Wika na Partikular sa Ahensya.....	31
Mga Serye ng Manwal ng Kagawaran ng Paggawa (Department of Labor Manual Series, DLMS) Kabanata sa Access sa Wika .....	32
Nagsisikap na Grupo sa Pag-access sa Wika.....	33
Mga Enterprise-Wide na Pamamaraan ng DOL para sa mga Serbisyo sa Access sa Wika at Pagsasalin, Interpretasyon at Transkripsyon .....	34
Enterprise-wide IDIQ para sa Mga Serbisyo ng Propesyonal na Tulong sa Wika .....	34
Pagsasalin, Interpretasyon at Transkripsyon sa Enterprise-Wide na Kabuuang Kasunduan sa Pagbili.....	36
Kalidad ng Pagsasalin at Interpretasyon .....	36
Estratehiya sa Pagbuo ng Plano sa Access sa Wika.....	40
Pagsubaybay at Pagsusuri/Rebisyon ng Plano sa Access sa Wika ng DOL .....	41
Paglathala ng Plano sa Access sa Wika.....	41
Pamamaraan ng Pagrereklamo/Feedback .....	42
Mga Planong LEP na Partikular sa Ahensya.....	43
Mga Ahensyang may Limitadong Pakikipag-ugnayan sa LEP .....	43
Mga Ahensyang may Madalas na Ugnayan sa LEP.....	71

## Layunin

Ang Kagawaran ng Paggawa (Department of Labor, DOL o ang Kagawaran) ay nakatuon sa pagsusulong ng mga layunin ng mga Executive Order 13985, 14091, 13166 at 14031 sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga komunidad na kulang sa serbisyo at pagpapabuti ng access sa mga programa at aktibidad na isinasagawa ng DOL para sa mga may limitadong kahusayan sa Ingles (limited English proficient, LEP) na manggagawa at indibidwal. Executive Order (EO) 13985, Pagsusulong ng Pagkakapantay-pantay ng Lahi at Suporta sa mga Komunidad na Kulang sa Serbisyo sa Pamamagitan ng Pederal na Pamahalaan (Enero 20, 2021), at ang kahalili nito na EO 14091, Higit pang Pagsusulong sa Pagkakapantay-pantay ng Lahi at Suporta sa mga Komunidad ng Kulang sa Serbisyo sa Pamamagitan ng Pederal na Pamahalaan (Pebrero 22, 2023), na parehong nagtataguyod ng layuning ito. Tahasang inaatasan ng pangalawang EO ang mga ahensya na magsagawa ng pagsaklaw na naaangkop sa wika at makipag-ugnayan at pagbutihin ang mga serbisyo sa access sa wika upang matiyak na makakalahok nang husto ang lahat ng komunidad sa mga programa ng pamahalaan. Pinalalakas din ng EO 14091 ang patuloy na pangangailangan na ipatupad ang EO 13166, Pagpapabuti ng Access sa mga Serbisyo para sa mga Taong Limitado ang Kahusayan sa Ingles (Agosto 11, 2000), na nag-uutos sa mga pederal na ahensya at mga tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal na suriin ang mga serbisyong ibinibigay nila, tukuyin ang mga serbisyong kailangan ng mga LEP na indibidwal, at bumuo at magpatupad ng mga sistema para ibigay ang mga serbisyong iyon upang ma-access nang husto ng mga LEP na indibidwal.<sup>1</sup> EO 14031,

---

<sup>1</sup> Inaatasan ang mga tatanggap ng pederal na tulong pinansyal upang matiyak ang makabuluhang access sa impormasyon at mga serbisyo alinsunod sa Title VI ng Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964 at ang mga regulasyong nagpapatupad nito sa 29 CFR Part 31. Kailangan ding tuparin ng ilang partikular na tatanggap ng tulong pinansyal ng DOL ang utos na ito alinsunod sa Seksyon 188 ng Batas sa Pagbabago at Pagkakataon ng mga Manggagawa (Workforce Innovation and Opportunity Act, WIOA) at mga

Pagsusulong ng Pagkakapantay-pantay, Hustisya, at Pagkakataon para sa mga Asian American (AA), Native American (NA), at Pacific Islander (PI) (May 18, 2021), na nag-aatas sa mga Pederal na ahensya na isulong ang katarungan at hustisya sa lahi para sa mga komunidad na kulang sa serbisyo, kabilang ang mga komunidad ng AA at NHPI. Ina-update ng Plano sa Access sa Wika (Language Access Plan, LAP o Plan) ng Kagawaran ang nakaraang plano na tumutugon sa mga pagsisikap sa Access Wika ng DOL,<sup>2</sup> ayon sa hinihingi ng Executive Order 13166, at binabalangkas ang mga responsibilidad sa access sa wika para sa mga kawani ng DOL at mga sub-agency sa ilalim ng mga Executive Order 13985, 14091, 13166 at 14031.

Kinikilala ng DOL na, para maisakatuparan ang tunguhin nito, dapat nitong maabot ang lahat ng bahagi ng populasyon, lalo na ang mga manggagawang kulang sa serbisyo at/o ang mga walang kalaban-laban, kabilang ang mga manggagawang LEP. Ayon sa pinakabagong available na data, mayroong humigit-kumulang 168.3 milyong manggagawa sa U.S., na nasa mga 6.7 milyon dito ay mga LEP na nasa hustong gulang, na bumubuo sa 3.97% ng mga manggagawa.<sup>3</sup>

Gaya ng ipinakita sa Planong ito, ang mga pagsisikap ng DOL ay ginagabayan ng prinsipyo na dapat paunlarin ang ating mga gawain para sa katarungan sa paraang may layunin at napapanatili. Lalo nang dapat pag-isipang mabuti at planuhin ng Kagawaran ang pagtatayo

---

regulasyong nagpapatupad nito sa 29 CFR Part 38. Hindi tinutugunan ng dokumentong ito ang mga obligasyon ng mga tatanggap sa ilalim ng mga naturang batas maliban sa pagkilala sa mga ahensya ng DOL na nagbibigay ng mga grant o iba pang tulong pinansyal at dapat magsulong ng pagsunod na sa bahagi ay sa pamamagitan ng malinaw na pagpapakita ng pagtutuong ng mga ahensya ng DOL sa makabuluhang access sa mga programang pederal na isinasagawa. Tingnan [ang Patnubay na inihanda ng CRC na nakakaapekto sa mga obligasyong ito sa loob ng ilang partikular na programa ng grant](#) Bagama't malaki pa rin ang maitutulong ng karamihan sa patnubay na nasa dokumentong ito, mayroong mas huling inisyu na mga pagpapaunlad kabilang ang pagpapalabas ng mga regulasyon noong 2017 upang ipatupad ang mga probisyon ng walang diskriminasyon at pantay na pagkakataon ng Seksyon 188 ng Batas sa Pagbabago at Pagkakataon ng mga Manggagawa (Workforce Innovation and Opportunity Act, WIOA). Kabilang sa iba pang pag-unlad, ibinilang sa mga kinakailangan ang ilang patnubay sa loob ng Seksyon 188. Dapat i-update ang mga pagsipi at kaugnay na obligasyon para sa mga programang sinusuportahan ng WIOA.

<sup>2</sup> Huling na-update noong 2011.

<sup>3</sup> [Home page ng Kawanihan ng Sensus ng Estados Unidos.](#)

ng mga napapanatiling istruktura para sa pagsusulong ng katarungan sa mga kasalukuyang kasanayan at patakaran na maaaring tumagal nang higit pa sa kasalukuyang sandali at hindi nakadepende sa sinumang indibidwal. Gaya ng inilarawan sa ibaba, upang matiyak na na-access ng lahat ang mga programa at serbisyo ng DOL, kabilang ang mga LEP, tinasa ng bawat sub-agency ng DOL ang mga populasyon na kwalipikado sa serbisyo nito; inihambing ang nakaraang kasanayan sa mga kaugnay na demograpiko upang isaalang-alang kung mayroong mga hadlang sa epektibong serbisyo; isinasaalang-alang kasalukuyang mga mapagkukunan at mga mapagkukunan na kailangang paunlarin upang matiyak ang makabuluhang access ng mga LEP na manggagawa; at, nakatuon sa muling pakikipag-ugnayan sa mga LEP na manggagawa at mga organisasyong nakabatay sa komunidad na naglilingkod sa mga LEP na manggagawa upang itaguyod ang kamalayan at pagiging na-access ng mga programa at serbisyo ng DOL, kabilang ang pagiging available ng mga serbisyo sa access sa wika. Nalalapat sa lahat ng kawani ng DOL ang mga patakarang nakabalangkas sa Planong ito, lalo sa mga kawaning nakikipag-ugnayan sa publiko.

Ang pangako ng DOL sa pagpapabuti ng kapakanan ng mga komunidad na kulang sa serbisyo, binabalewala, at ibinubukod at sa pagsusulong ng katarungan ay higit na ipinapakita sa pamamagitan ng pagtukoy ng access sa wika sa Plano sa Katarungan na ito<sup>4</sup> bilang isang lugar ng programa na may mataas na epekto, kung saan pinaplano ang hinahangad na mga aktibidad upang suportahan ang mga komunidad na kulang sa serbisyo sa mga susunod na taon.

---

<sup>4</sup> [Pagkilos para Plano sa Katarungan ng Kagawaran ng Paggawa | U.S. Kagawaran ng Paggawa \(dol.gov\).](#)

## Kahulugan ng mga Pangunahing Termino

- Babel Notice: isang maikling paunawa na kasama sa isang dokumento o electronic medium (hal., website, “app,” email) na nasa maraming wika na ipinapaalam sa mambabasa na naglalaman ang komunikasyon ng mahahalagang impormasyon at nagpapaliwanag kung paano i-access ang mga serbisyo sa wika upang makuha ang mga nilalaman ng komunikasyon sa ibang wika.
- Direktang "In-Language" na Komunikasyon: komunikasyon sa pagitan ng multilingual na kawani at taong LEP gamit ang wika na hindi English (hal., Korean sa Korean).
- Epektibong Komunikasyon: komunikasyon na sapat upang mabigyan ang mga LEP na indibidwal ng parehong antas ng access sa mga serbisyong tinanggap ng mga hindi LEP na indibidwal. Halimbawa, dapat gumawa ang mga kawani ng mga makatwirang hakbang upang matiyak na magkasing-epektibo ang komunikasyon sa isang LEP na indibidwal at komunikasyon sa iba kapag ibinibigay ang mga katulad na programa at serbisyo.
- Populasyon na Kwalipikado sa Serbisyo: ang kabuuang populasyon ng mga nasa hustong gulang at kwalipikadong kabataan na naninirahan sa loob ng labor market area na pinaglilingkuran ng isang partikular na ahensya at/o programa, at karapat-dapat na humingi ng tulong, benepisyo, serbisyo, o pagsasanay mula sa naturang ahensya at /o programa.
- Interpretasyon: ang proseso ng paghahatid ng pasalitang mensahe mula sa isang wika (pinagmumulang wika) patungo sa katumbas na kahulugan sa sinasalitang ibang wika (target na wika).

- Serbisyo ng Tulong sa Wika: mga pasalita at nakasulat na serbisyo sa wika na ginagamit upang mabigyan ang mga indibidwal na may LEP ng makabuluhang access at pantay na pagkakataon na ganap na lumahok sa mga serbisyo, aktibidad, at iba pang programang pinangangasiwaan ng Kagawaran.
- Limited English Proficient (LEP) na indibidwal: isang indibidwal na hindi Ingles ang pangunahing wika ng komunikasyon at may limitadong kakayahang magbasa, magsalita, magsulat, at/o umunawa ng Ingles. Maaaring kaya ng LEP na indibidwal ang ilang uri ng komunikasyon (*hal.*, pagsasalita o pag-unawa), pero LEP pa rin sa iba pang uri (*hal.*, pagbabasa o pagsusulat).<sup>5</sup>
- Makabuluhang Access: tulong sa wika na nagreresulta sa tumpak, napapanahon, at epektibong komunikasyon na libre para sa LEP na indibidwal na nangangailangan ng tulong. Tumutukoy ang makabuluhang access na walang mas mahigpit na restriksyon, pagkaantala, o mas mababang access kumpara sa mga programa o aktibidad na ibinibigay sa mga indibidwal na mahusay sa Ingles.
- Online Translation Software, kilala rin bilang Machine Translation: software o mga online application na awtomatikong nagsasalin ng nakasulat na materyal patungo sa isang wika nang hindi gumagamit ng taong tagasalin o tagasuri.<sup>6</sup> Kasama sa mga halimbawa ang Google Translate, Microsoft Translator in Office, at Bing Toolbar.
- Pangunahing Wika: ang wika na pinakamabisang ginagamit ng isang indibidwal kapag nakikipag-ugnayan sa Kagawaran. Maaaring isang diyalekto ang

---

<sup>5</sup> Ang mga LEP na indibidwal na mayroon ding mga kapansanan ay dapat bigyan ng mga makatwirang tulong, epektibong komunikasyon, at mga teknolohiyang naa-access alinsunod sa Seksyon 501, 504, at 508 ng Batas sa Rehabilitasyon.

<sup>6</sup> Tingnan ang Pagtiyak ng Makabuluhang Access para sa mga Indibidwal na may Limitadong Kahusayan sa Ingles gamit ang Machine Translation. Tingnan ang gabay sa dokumentong ito sa machine translation, na nagpapaalala na huwag lubusang umasa sa mga naturang tool nang walang pagsusuri: [Pagtiyak ng Makabuluhang Access para sa mga Indibidwal na may Limitadong Kahusayan sa Ingles](#).

pangunahing wika ng isang indibidwal, na maaaring magkakaiba sa bawat rehiyon, lipunan, o konteksto sa mga paraan ng paggamit sa partikular na wika.

- Nakikitang Pagsasalin: pasalita o pasenyas na pagsasalin ng isang interpreter sa nakasulat na teksto patungo sa sinasalita o pasenyas na wika nang hindi binabago ang kahulugan batay sa visual na pagsusuri ng orihinal na teksto o dokumento.
- Pagsasalin: ang pagpapalit ng nakasulat na teksto mula sa isang wika (pinagmumulang wika) patungo sa katumbas na nakasulat na teksto sa ibang wika (target na wika).
- Mahalagang Dokumento: papel o elektronikong nakasulat na materyal na may mahalagang impormasyon sa access sa mga programa o aktibidad ng isang ahensya o hinihingi ng batas.
- Mahalagang Impormasyon: impormasyon, ito man ay nakasulat, pasalita o elektroniko, na kinakailangan para maunawaan ng indibidwal kung paano makakakuha ng anumang tulong, benepisyo, serbisyo, at/o pagsasanay; kinakailangan para makakuha ang isang indibidwal ng anumang tulong, benepisyo, serbisyo, at/o pagsasanay; o hinihingi ng batas. Kasama sa mga halimbawa ng mga dokumentong naglalaman ng mahahalagang impormasyon ang, ngunit hindi limitado sa mga aplikasyon, form ng pahintulot at reklamo; mga abiso ng mga karapatan at responsibilidad; mga abiso na nagpapayo sa mga LEP na indibidwal sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng bahaging ito, kabilang ang pagiging available ng libreng tulong sa wika; mga aklat ng panuntunan; mga nakasulat na test na hindi nagsusuri sa kakayahan sa wikang Ingles, sa halip ay nagtatasa sa kakayahan para sa isang partikular na lisensya, trabaho, o kasanayan kung saan hindi kinakailangan ang kahusayan sa Ingles; at mga liham o abiso na nangangailangan ng tugon mula sa benepisyaryo o aplikante, kalahok, empleyado o iba pang tatanggap.



## Data ng Pambansang Demograpiko

Upang matulungan ang DOL na mas maunawaan at matugunan ang mga pangangailangan ng mga LEP na komunidad at stakeholder nito, sinuri ng Sentro ng mga Karapatang Sibil (Civil Rights Center, CRC) ng DOL ang mga kalakaran sa wika sa pambansa, pangrehiyon, at pang-estado/pangteritoryo na antas gayundin ang kasalukuyang istado ng mga pagsisikap sa pag-access ng wika ng Kagawaran sa pamamagitan ng ahensya ng DOL. Nagsama ang pag-aaral ng panloob na tugon sa survey mula sa mga ahensya ng DOL; open-source data mula sa 2020 Census ng Kawanihan ng Census at 2021 Survey sa Komunidad ng Amerikano (American Community Survey, ACS); at Mga Pagtanggap at Pagdating sa Sentro ng Pagpoproseso ng Refugee ng Kagawaran ng Estado ng U.S. Bukod pa rito, sa pakikipagtulungan sa kontraktor ng suporta sa tulong sa wika ng DOL,<sup>7</sup> bumuo ang CRC ng pambansang ulat ng demograpiko upang matulungan ang mga ahensya na higit na matukoy ang mga LEP na populasyong maaaring binubuo ng mga populasyong kwalipikado sa serbisyo at/o mga madalas na nakakaugnayang mga grupo ng wika.<sup>8</sup>

Kasama sa pag-aaral na ito ng mga kalakaran sa wikang pambansa ang mga panrehiyon at pang-estado/pangteritoryo na antas ng mga pananaw sa mga sambahayan na hindi nagsasalita ng Ingles,<sup>9</sup> mga porsyento ng limitadong mga sambahayan na nagsasalita ng Ingles,<sup>10</sup> pinakakaraniwan na wikang nakakaugnayan, mga nagsasalita ng katutubong wika, at populasyon ng mga refugee. Ipinakita ng pag-aaral na mas marami ang mga sambahayang hindi nagsasalita ng Ingles sa mga rehiyon sa Southeast, Southwest, at New

---

<sup>7</sup> Iginawad ang Enterprise-wide IDIQ para sa Serbisyo ng Propesyonal na Tulong sa Wika (tingnan ang seksyon sa ibaba)

<sup>8</sup> Magiging available kapag hiniling.

<sup>9</sup> Ang sambahayang hindi nagsasalita ng Ingles ay isang sambahayan na nagsasalita ng ibang wika maliban sa Ingles.

<sup>10</sup> Ang sambahayang may limitadong kasanayan sa Ingles ay isang sambahayan kung saan walang miyembro sa pagitan ng 14 taong gulang pataas (1) ang nagsasalita lamang ng Ingles o (2) nagsasalita ng ibang wika at "napakahusay" magsasalita ng Ingles.

York/New Jersey. Maliban sa Ingles, ang mga wika na pinakakaraniwang sinasalita sa mga sambahayan ay Spanish, Mandarin, Vietnamese, Arabic, at Tagalog. Ibinubuod ng tsart sa ibaba ang mga natuklasan sa rehiyon.

<b>Rehiyon</b>	<b>LEP %</b>	<b>Nagsasalita ng Ibang Wika%</b>	<b>Refugee</b>
New York/New Jersey/ Puerto Rico / U.S. Virgin Islands	20.91%	28.76%	1,625
Southeast <sup>11</sup>	20.15%	21.18%	5,119
West <sup>12</sup> /Alaska/Hawaii/Guam	19.71%	36.50%	5,521
Southwest <sup>13</sup>	19.01%	30.46%	2,423
Northeast <sup>14</sup>	18.90%	21.43%	1,024
Mid-Atlantic <sup>15</sup>	16.72%	14.89%	2,347
Midwest <sup>16</sup>	15.85%	14.22%	6,208
Bundok/Kapatagan <sup>17</sup>	15.27%	12.40%	2,045

---

<sup>11</sup> Mga estadong kasama sa rehiyong ito: Alabama, Florida, Georgia, Kentucky, Mississippi, North Carolina, South Carolina, at Tennessee.

<sup>12</sup> Mga estadong kasama sa rehiyong ito: Arizona, California, Idaho, Nevada, Oregon, at Washington.

<sup>13</sup> Mga estadong kasama sa rehiyong ito: Arkansas, Louisiana, New Mexico, Oklahoma, at Texas.

<sup>14</sup> Mga estadong kasama sa rehiyong ito: Connecticut, Maine, Massachusetts, New Hampshire, Rhode Island, at Vermont.

<sup>15</sup> Estado/ teritoryong kasama sa rehiyong ito: Delaware, Washington DC, Maryland, Pennsylvania, Virginia, at West Virginia.

<sup>16</sup> Mga estadong kasama sa rehiyong ito: Illinois, Indiana, Iowa, Michigan, Minnesota, Nebraska, North Dakota, Ohio, South Dakota, at Wisconsin.

<sup>17</sup> Mga estadong kasama sa rehiyong ito: Colorado, Kansas, Missouri, Montana, Utah, at Wyoming.

Ang pag-aaral ng kasalukuyang estado ng pagiging naa-access sa wika ng DOL ay nagbigay ng karagdagang insight sa mga LEP na komunidad at stakeholder ng DOL. Batay sa pagsusuri, natuklasan ng mga ahensya ng DOL ang 80 unique na wika at karaniwang nakakaugnayan ang 11 wika. Marami ding ahensya ang nakakaugnayan ang mga LEP na stakeholder araw-araw.

<b>Wika</b>	<b>Bilang ng mga Ahensyang May Nakaka-ugnayang Wika</b>	<b>Ahensya</b>	<b>Bilang ng mga Nakakaugnayang Wika</b>
Spanish	23	ILAB	38
Mandarin	11	WHD	34
Korean	10	ETA	28
Tagalog	9	OSHA	27
Arabic	9	EBSA	24
Polish	8	OFCCP	23
Russian	8	OASAM	23
Portuguese	8	SOL	20
French	8	OWCP	9
Japanese	8	OALJ	8
35 Iba pa	< 2	Iba pang ahensya	< 8

Gumamit ang Kagawaran ng data ng pambansang demograpiko upang ipaalam at tulungan ang mga ahensya ng DOL sa pagtukoy ng mga pagkukulang sa access ng wika at mga solusyon sa kanilang mga programa na nakakaugnayan ang mga LEP na indibidwal. Maaaring gumamit ang mga ahensya ng iba pang mapagkukunan ng data/mapping upang bumuo ng mas detalyadong pag-unawa sa mga wikang sinasalita ng mga populasyon na kwalipikado sa serbisyo.<sup>18</sup> Susubaybayan ng mga ahensya ng DOL ang mga pagbabago sa demograpiko at mag-a-adjust kung kinakailangan. Gaya ng inilarawan sa ibaba, gumagamit ang Pangasiwaan ng Seguridad sa mga Benepisyo ng Empleyado (Employee Benefits Security Administration, EBSA) at Pangasiwaan ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Administration, OSHA) ng DOL ng mga epektibong kasanayan upang matukoy ang mga pangkat ng wika na karapat-dapat na paglingkuran. Napansin din na, sa mga natukoy na pangkat ng wika, ilang katutubong wika ang natukoy na malalaki. Ibinatay ng ilang ahensya ng DOL ang pagpapasiya na ito sa tumaas na posibilidad na ang mga LEP na indibidwal na nagsasalita ng mga katutubong wika ay may nakitang ng mga programa o hakbangin na partikular na nauugnay sa mga komunidad ng katutubong wika. Bukod pa rito, tinasa ng mga ahensya ang mga heograpikong lugar ng serbisyo at data ng industriya/trabaho at natukoy nito ang mga nakaugnayan nang wika o malamang na makaugnayan.

## **Saklaw ng Plano sa Access sa Wika**

Pinangungunahan ng CRC, sa loob ng Tanggapan ng Katulong na Kalihim para sa Pangangasiwa at Pamamahala (Office of the Assistant Secretary for Administration and Management, OASAM), ang mga pagsisikap ng Kagawaran na isulong ang mga layunin sa pag-access sa wika sa mga EO 13985, 14091, 13166 at 14031. Noong FY 2023, naglunsad

---

<sup>18</sup> hal., [lep.gov/maps](http://lep.gov/maps).

ang CRC ng isang komprehensibong survey upang masuri ang mga kasalukuyang kasanayan sa access sa wika ng bawat ahensya ng DOL at tukuyin ang mga lugar upang mapabuti ang access ng mga manggagawa at iba pang stakeholder sa labas ng kagawaran. Tinugunan ng survey ang mga pangangailangan ng customer, lalo na ang mga hindi pa natutugunan, at ang mga mapagkukunang kailangan upang matiyak ang makabuluhang access at pakikilahok sa mga programa ng DOL.

Lalong-lalo nang idinisenyo ang survey para himukin ang mga ahensya na magsagawa ng komprehensibong pagtatasa upang matukoy ang mga karaniwang pamamaraan sa pagpapatakbo, protocol, at plano upang mapabuti ang access sa wika na partikular sa ahensya. Upang matagumpay na makumpleto ang survey, sinuri ng bawat ahensya ang mga pangangailangan sa wika ng kanilang (mga) populasyon na kwalipikado sa serbisyo; binalangkas kung paano nakikipag-ugnayan ang ahensya sa mga LEP na indibidwal; tinukoy kung anong mga mapagkukunan, kabilang ang mga mapagkukunan ng kawani, ang ginagamit ng ahensya upang paglingkuran ang mga LEP na indibidwal; tinukoy ang mga pagkukulang upang matiyak ang makabuluhang access; tinukoy kung aling dokumento/impormasyon ang mahalaga sa mga operasyon;<sup>19</sup> tinukoy kung mayroong mga ugnayan sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad at iba pa na nakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal; tinasa ang lahat ng heograpikong lugar at populasyon na kwalipikadong paglingkuran; kumuha ng impormasyon kung paano ibinibigay ang mga serbisyo/impormasyon;<sup>20</sup> at tinutukoy ang mga mapagkukunang kailangan para sa pasalita at nakasulat na interpretasyon at pagsasalin.

---

<sup>19</sup> At ilan sa mga iyon ang naisalin na sa ibang wika maliban sa Ingles.

<sup>20</sup> hal., nang personal, gamit ang liham, gamit ang website ng ahensya.

Pagkatapos makumpleto ang survey, nakipagtulungan ang bawat ahensya sa CRC upang i-draft ang kanilang seksyon ng Planong ito na partikular sa ahensya upang pagtuonan ang pagpapabuti sa mga kasalukuyang serbisyo sa wika at mga lugar upang maibigay ang mga serbisyo sa wika sa mga LEP na manggagawang walang kalaban-laban. Nakipagtulungan ang CRC sa mga ahensya upang itaguyod ang mga komprehensibong pagsusuri na naghihikayat ng mga pag-unlad sa paglipas ng panahon upang makagawa ang Kagawaran ng patuloy at pangmatagalang pag-unlad para maibigay ang makabuluhang access para sa mga LEP na customer. Ang LAP ay inorganisa ng mga ahensya batay sa dalas (o posibleng dalas) ng pakikipag-ugnayan sa mga LEP na customer. Iniatas ng Kagawaran na magsagawa ng aksyon ang bawat ahensya upang mapabuti ang pagsaklaw, pakikipag-ugnayan, at serbisyo sa mga taong LEP. Dapat magpakita ang mga ahensya ng mga tiyak na aksyon sa loob ng mahirap abutin na timeframe para matugunan ang mga obligasyong ito.

Sa FY 2024, hihilingin sa mga ahensya na bumuo ng sarili nilang LAP na partikular sa ahensya, na magbibigay ng mas nakatuon at matibay na pagtatasa ng mga kasalukuyang serbisyo at magbabalankas kung gaano kalaking pagbabago ang dapat gawin ng ahensya sa mga serbisyo sa wika nito habang nagpapatuloy. Babalangkasin ng mga LAP na partikular sa ahensya ang mga responsibilidad at obligasyon ng bawat empleyado ng ahensya sa pagbibigay ng makabuluhang access sa mga serbisyo at aktibidad sa mga LEP na indibidwal LEP (tingnan din ang seksyong Plano sa Access sa Wika na Partikular sa Ahensya sa ibaba).

## **Pamamahala at Pangangasiwa/Sentralisadong Tanggapan ng Tulong sa Wika**

Para higit pang isulong ang mga layunin ng Kagawaran alinsunod sa mga Executive Order 13985, 14091, 13166, at 14031, at pagbutihin ang access sa mga programa at aktibidad na

isinasagawa ng DOL para sa mga LEP na indibidwal, noong FY 2023, nagtatag ang Kagawaran ng isang Sentralisadong Tanggapan ng Tulong sa Wika (Centralized Office of Language Assistance, COLA), na pamamahalaan ng CRC. Responsibilidad ng CRC / COLA ang pagbuo at pagpapatupad ng LAP ng Kagawaran. Magbibigay ang COLA ng mga mapagkukunan at kasangkapan sa mga ahensya ng DOL upang isulong ang mga pagsisikap sa access sa wika. Sisikapin din ng COLA na matiyak na may mas mataas na kamalayan ang mga ahensya sa pagbabago ng mga demograpiko at mapagkukunan upang umunlad ang mga planong partikular sa ahensya at matugunan ang mga pangangailangan ng mga LEP na indibidwal. Bago itinatag ang COLA, responsibilidad ng iba't ibang ahensya ang mga pagsisikap sa access sa wika ng DOL, kung saan sila ang tutukoy sa mga pangangailangan para sa access sa wika ng mga populasyong pinaglilingkuran nila, gayundin ang pagpopondo dito. Bilang resulta, hindi magkakatulad ang pagsunod ng ahensya at kung minsan ay ito hindi sapat para isakatuparan ang mga interes at responsibilidad ng Kagawaran.

Sa pagkakatatag ng COLA, mas masusuportahan na rin ng CRC ang kakayahan ng mga ahensya ng DOL na makipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal na nangangailangan ng pagsasalin at interpretasyon habang itinataguyod ang mga pinagsasaluhang pamamaraan sa pagbili at sinusukat na ekonomiya para sa Kagawaran. Isasama rin ng CRC ang pangkalahatang Plano sa Access sa Wika ng Kagawaran sa mga patakaran at pamamaraan upang matiyak na ipinagpapatuloy ang mga nabanggit na pagsisikap.

Noong FY 2023, kumuha at nag-hire ang CRC ngtatlong kawani para sa COLA para pamunuan ang mga pagsisikap sa access sa wika ng Kagawaran.<sup>21</sup> Tinukoy din ng Kagawaran ang pagpopondo para suportahan ang mga ahensya na tapusin ang kanilang

---

<sup>21</sup> Italaga ang pamamahala ng mga Kabuuang Kasunduan sa Pagbili ng Kagawaran para sa mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon at pagtatasa ng wika/tulong teknikal.

mga aktibidad sa access sa wika.<sup>22</sup> Susuportahan din ng pagpopondo ang mga serbisyo ng suporta sa kontrata sa pagsasalin/interpretasyon at tulong sa wika upang:

- Magbigay suporta sa pagsasalin ng mahalagang impormasyon na natukoy ng ahensya<sup>23</sup> sa website ng DOL sa mga mahahalagang wika sa buong bansa (tutukuyin sa tulong ng Tanggapan ng Katulong na Kalihim para sa Patakaran (Office of the Assistant Secretary for Policy, OASP) at ng Nagsisikap na Grupo sa Pag-access sa Wika). Para sa FY 2023, susuportahan ng pagpopondo ang pagsasalin ng tatlong pinakamahalagang dokumento ng bawat DOL subagency;<sup>24</sup>
- Suportahan ang paggawa at pagpapatupad ng mga Babel notice sa maraming wika<sup>25</sup> na maaaring tumulong sa mga ahensya ng DOL sa pag-uugnay at pagbibigay ng mga serbisyo sa mga LEP na indibidwal;
- Tumulong sa pagbalangkas ng bagong patakaran sa access sa wika ng Kagawaran na mayroong mga pamantayan at alituntunin upang itaguyod ang mga napapanatiling kasanayan sa access sa wika sa buong Kagawaran;<sup>26</sup>
- Magbigay ng teknikal na tulong sa mga kawani ng ahensya ng DOL na responsable sa pag-ambag sa pagbuo at pagpapatupad ng kanilang mga plano sa LEP na partikular sa ahensya;

---

<sup>22</sup> hal., pagbuo ng mga estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan.

<sup>23</sup> Tinukoy ng mga ahensya sa kanilang mga tugon sa Survey sa Access sa Wika, na pinangangasiwaan noong 11/2022, at sa pamamagitan din ng pagsuri sa mga pagkukulang at pagbuo ng mga planong partikular sa ahensya na pinangasiwaan ng CRC at ng kontraktor ng tulong sa wika.

<sup>24</sup> Maaaring mag-iba ang bilang ng mga dokumentong isinalin batay sa kung aling mahahalagang dokumento na ang isinalin ng ahensya.

<sup>25</sup> Madalas o posibleng makaugnayan ng mga populasyon na kwalipikado sa serbisyo.

<sup>26</sup> Tingnan ang seksyong Mga Serye ng Manwal ng Kagawaran ng Paggawa.



- Tulungan ang mga ahensya sa pagbuo at pagpapatupad ng kanilang mga estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan;<sup>27</sup>
  - Babalangkasin ng mga estratehiya ng mga ahensya ang iba't ibang paraan pakikipag-ugnayan at paglilingkod ng ahensya ng DOL sa mga LEP na manggagawa<sup>28</sup>.
  - Ilalarawan ng mga ahensya kung paano nila aabutin at makikipag-ugnayan sa mga indibidwal at organisasyong nakabatay sa komunidad at iba pang organisasyon upang bumuo ng karagdagang kakayahang maglingkod sa mga LEP na manggagawang walang kalaban-laban.
  - Ilalarawan ng mga ahensya kung paano nila sasanayin at susuportahan ang kanilang mga kawani para mabigyan ng makabuluhang access ang mga LEP na indibidwal<sup>29</sup> sa mga programa at aktibidad ng DOL, na may partikular na kahalagahan pagkatapos basahin ng mga indibidwal ang naka-post na mga Babel notice at makipag-ugnayan sa ahensya.

Batay sa kasalukuyang pagsisikap, itatalaga ang COLA upang higit pang suportahan ang pangangailangan ng pagsasalin ng mga ahensya<sup>30</sup> simula sa pagsasalin ng mga website ng Kagawaran.<sup>31</sup> Partikular nang bibigyan ang COLA ng:

---

<sup>27</sup> FY 2023 AMP milestone (para sa mga ahensya).

<sup>28</sup> Hal., sa telepono, nang personal, habang nagsasagawa ng imbestigasyon, pagsaklaw at edukasyon, mga tanong sa telepono/hotline, kapag nag-ulat ng paglabag ang mga manggagawa, mga meeting sa pagpasok, at panayam o iba pang meeting.

<sup>29</sup> Hal., pagtiyak na alam nila ang mga partikular na proseso ng ahensya para sa pagbibigay ng mga serbisyo sa interpretasyon sa telepono sa mga tumatawag.

<sup>30</sup> Saklaw sa Pondo ng Puhunan sa Pagtatrabaho ng Kagawaran.

<sup>31</sup> Gagawin sa ilalim ng isang utos ng gawain na itinatatag kapag iginawad noong Hulyo 2023 sa ilalim ng isang bagong iginawad na BPA para sa mga serbisyo ng pagsasalin at interpretasyon.

- Pagsusulong ng pare-parehong pamantayan<sup>32</sup> sa pagbibigay ng mga serbisyo sa access sa wika sa mga ahensya at rehiyon ng DOL;
- Pagbuo at pagtatatag ng mga pamantayan sa buong Kagawaran para sa naaangkop na paggamit ng mga bilingual na empleyado, may kinalaman sa pagkuha, pagtatasa, pagsasanay at pagpapanatili ng mga bilingual na empleyado;
- Pagbuo ng mga SOP ng Kagawaran para sa mga serbisyo sa pagsasalin/interpretasyon;
- Pagbibigay ng teknikal na tulong sa mga ahensyang responsable sa pagsasalin ng digital content<sup>33</sup>;
- Pagtatatag ng mga patakaran sa pag-access sa baseline na wika<sup>34</sup> na tutulong sa paggabay sa mga ahensya sa pagbuo at pagpapatupad ng mga plano sa access sa wika na partikular sa ahensya;
- Pagbibigay ng teknikal na tulong sa kawani ng ahensya ng DOL na responsable sa pagpapatupad ng kanilang plano sa access sa wika na partikular sa ahensya;
- Pamamahala ng mga kontrata ng Kagawaran upang matiyak na available ang mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon;<sup>35</sup>

---

<sup>32</sup> Tingnan ang talakayan ng DLMS.

<sup>33</sup> Makikipagtulungan ang COLA sa mga ahensya upang isulong ang pinakamahuhusay na kasanayan sa pagsasalin ng digital content. Kabilang dito ang paglipat mula sa mga tool ng machine translation at paggamit ng mga kwalipikadong linguist sa pagsasalin sa mga website at iba pang content. Kung kinakailangan ang machine translation, makikipagtulungan ang COLA sa mga ahensya upang matiyak na susuriin ng kwalipikadong linguist ang content.

<sup>34</sup> Hal., mga alituntunin sa access sa wika sa buong Kagawaran para sa naaangkop na paggamit ng machine translation.

<sup>35</sup> Bagama't susuportahan ng COLA ang access sa mga serbisyo sa interpretasyon, dapat ipagpatuloy ng mga ahensya ang pagtatasa ng kanilang mga tauhan at iba pang pangangailangan upang matiyak na ibinibigay ang direkta at napapanahong tulong upang maisakatuparan ng mga ahensya ang kanilang mga tunguhin. Maaaring pansamantalang magdagdag o magbigay ang COLA para sa pangangailangan sa interpretasyon, na isinasaisip na sa pangkalahatan ay kailangang magkaroon ng kamalayan sa ahensya, terminolohiya, atbp ang mga epektibong tagasalin upang mapadali ang komunikasyon.

- Pagbuo at pagbibigay ng pagsasanay sa mga empleyado ng DOL sa etika ng interpretasyon at iba pang piling patakaran at pamamaraan sa access sa wika, kabilang ang pinakamahuhusay na kasanayan kapag nagtatrabaho sa mga wika ng LEP na customer at iba pang interes na maaaring makaimpluwensya sa pakikilahok;<sup>36</sup>
- Pagbuo at pagbibigay ng pagsasanay sa mga empleyado ng DOL sa iba pang paksa tulad ng pagtukoy sa mga pangangailangan sa wika ng isang LEP na indibidwal; pakikipagtulungan sa isang interpreter nang personal o sa telepono; paghiling ng mga dokumentong isasalin; pag-access at pagbibigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika gamit ang mga multilingual na empleyado, mga in-house na interpreter at tagasalin, o mga nakakontratang tauhan; mga tungkulin ng propesyonal na responsibilidad may kinalaman sa mga LEP na indibidwal; etika ng interpreter; pagsubaybay sa paggamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika; at mga tip sa pagbibigay ng epektibong tulong sa mga LEP na indibidwal.
- Pakikipagtulungan sa Tanggapan ng mga Pampublikong Usapin (Office of Public Affairs, OPA) upang regular na suriin at subaybayan ang isinalin na digital content upang mapabuti ang makabuluhang access para sa mga taong may LEP, na kinabibilangan ng regular na pagtukoy ng mga ahensya kung aling mahahalagang dokumento ang isasalin at sa kung aling wika isasalin ang website ng DOL;
- Pakikipagtulungan sa mga ahensya upang masuri at matiyak na ang isinaling materyal sa kanilang mga webpage na partikular sa ahensya ay iniangkop sa mga komunidad na walang kalaban-laban na nakikipag-ugnayan sa kani-kanilang ahensya;

---

<sup>36</sup> Hal., katayuan sa imigrasyon, awtorisasyon sa trabaho, mga pamantayan sa kultura, at mga salik sa socioeconomic.

- Kung kinakailangan/maaari, susuportahan ng COLA ang pagbuo at pagpapanatili ng mga ahensya ng naa-access (dynamic) na mga sistema ng ahensya, kapag gumagamit ng mga sistema ang mga ahensya ng DOL para tanggapin ang mga aplikasyon o kung hindi man ay nangangailangan ng pakikilahok.
- Pakikipagtulungan sa Tanggapan ng Punong Opisyal ng Impormasyon (Office of the Chief Information Officer, OCIO) para ipatupad ang mga pagbabago sa mga webpage ng ahensya at tiyaking sinusunod nito ang naaangkop na pamantayan ng Karanasan ng User;
- Pagtatasa ng pagiging epektibo ng mga pagsisikap (hal., pagsubaybay sa mga demograpiko, lalo na ang paglago/paglitaw ng mga bagong pangkat ng wika na nakikipag-ugnayan sa mga programa ng DOL; mga pattern ng heograpiko/rehiyonal na paglipat; at mga pagbabago sa teknolohiya/mga sistema ng paghahatid na nakakaapekto sa komunikasyon at epektibong access);
- Pagbuo ng mga tool o plano para masuri ang pagiging epektibo ng mga serbisyo sa mga LEP na indibidwal at ang mga resulta ng mga programa ng DOL sa mga komunidad na walang kalaban-laban;
- Pangangasiwa/pag-uugnay ng mga aktibidad sa pagsaklaw sa mga LEP na indibidwal at mga organisasyong nakabatay sa komunidad, na kinabibilangan ng abiso at pagtuturo kung paano makakuha ng mga serbisyo ng tulong sa wika mula sa Kagawaran at impormasyon sa mga available na programa at serbisyo. Maaaring ibigay ang mga komunikasyon sa pamamagitan ng mga personal na event tulad ng mga town hall o sa pamamagitan ng print o on-line na mapagkukunan, o sa pamamagitan ng naaangkop na media tulad ng radyo;

- Pakikipag-ugnayan sa Sentro ng Pambansang Pakikipag-ugnayan ng DOL upang matiyak na sapat ang mga serbisyo ng interpretasyon at maipalaganap ang impormasyon kung paano i-access ang mga serbisyonang ito sa mga empleyado ng DOL at mga miyembro ng publiko;<sup>37</sup>
- Pagbibigay ng suporta sa paggawa ng mga tool, tulad ng mga glossary at Babel notice, na maaaring tumulong sa ahensya sa pagbibigay ng mga serbisyo sa mga LEP na indibidwal; at ,
- Pagtanggap ng mga reklamo at pagpapadali sa paglutas ng mga alalahanin.

Sa darating na mga taon, kakailanganin ng CRC na patuloy na humingi ng karagdagang pondo para sa COLA upang ganap na suportahan ang mga pangangailangan sa access/tulong sa wika ng Kagawaran dahil nauunawaan nito na nangangailangan ng mga yugto ng pagpapalano, pagsasagawa at pagpapatupad ang mga komprehensibong pagsisikap sa pagsasalin.

## **Mga Pagkilos ng Ahensya at Access sa Wika**

Upang isulong ang mga kasalukuyang pagsisikap ng mga ahensya na pahasayin ang access sa wika para sa mga LEP na manggagawang walang kalaban-laban, inatasan ng pamunuan ng DOL ang mga ahensya na gumawa ng ilang pagkilos sa FY 2023 (tingnan ang listahan sa ibaba). Mahalaga ang mga pagkilos na ito sa pagtugon sa mga kinakaharap na hadlang ng mga manggagawang walang kalaban-laban; pagbuo ng mga pakikipagsosyo; at pagdodokumento ng epekto ng trabaho ng mga ahensya. Mahalagang paraan ang pag-unawa sa mga pangangailangan ng wika at pagpapabuti ng access sa wika para sa mga

---

<sup>37</sup> Patuloy na popondohan ng Sentro ng Pambansang Pakikipag-ugnayan ang mga pangangailangan nito sa interpretasyon.

manggagawang walang kalaban-laban at binabalewala para mapagtuonan ng mga ahensya ang mga limitadong mapagkukunan. Nagbigay ang CRC ng teknikal na tulong sa mga ahensya ng DOL upang tulungan ang mga itong makamit ang mga kinakailangang pagkilos sa pamamagitan ng isang bagong nabuong Nagsisikap na Grupo sa Pag-access sa Wika ng DOL.<sup>38</sup>

Pinapadali ang pagpapatupad ng mga plano sa access sa wika sa pamamagitan ng mga Plano sa Pamamahala ng Ahensya (Agency Management Plan, AMP). Ang mga AMP ay mga dokumento sa pagpapalano ng pagganap kung saan itinatakda ng mga ahensya ang mga hakbang at milestone upang matugunan ang mga function na mahalaga sa tunguhin at iba pang responsibilidad na tinukoy ng pamunuan ng Kagawaran. Kasama ang Tanggapan ng Punong Opisyal ng Katarungan at Opisyal ng Pagkakaiba-iba, tinukoy ng Tanggapan ng Kalihim (Office of the Secretary, OSEC) ang ilang hakbang at milestone, upang matiyak na isinusulong ng lahat ng ahensya ang mga karaniwang layunin. Ito ang kalagayan para sa mga sumusunod na aktibidad sa access sa wika, na nalalapat sa lahat ng ahensya ng DOL, bukod sa iba pang nauugnay sa katarungan. May pananagutan ang mga ahensya sa mga resulta at napapanahong pagkumpleto ng mga aktibidad at dapat iulat ang kanilang pagsunod sa Tanggapan ng Kalihim (Office of the Secretary, OSEC). Nauugnay din ang mga hakbang at milestone ng AMP sa mga desisyon sa badyet at sa mga indibidwal na plano sa pagganap. Higit na sinusubaybayan ng Sentro ng Pamamahala sa Pagganap ng Kagawaran ang mga ahensya sa kanilang mga pagsisikap.

Sa mga FY 2023 na mga AMP, inatas sa mga ahensya ang mga sumusunod:

- Pagtukoy sa mga Pangkat ng Wika ng mga Komunidad na Kulang sa Serbisyo.

---

<sup>38</sup> Pakitingnan ang seksyong Nagsisikap na Grupo sa Pag-access sa Wika sa ibaba.

- Gamit ang data at ebidensiya, tutukuyin ng mga ahensya ng DOL ang malalaking pangkat ng wika na kwalipikadong na paglingkuran ng mga kaugnay na tanggapan (pambansa, panrehiyon, pangdistrito) may kaugnayan sa saklaw/tunguhin ng ahensya, kabilang ang pagtuon sa mga manggagawang pinaka walang kalaban-laban.
- Dapat kasama sa pagtukoy sa mga kwalipikadong pangkat ng wika na paglilingkuran ng mga ahensya (mga LEP na manggagawa, lalo na ang mga pinaka walang kalaban-laban) ang pagtatasa ng mga lokal na lugar sa buong bansa at/o mga kalakaran at pagbabago sa mga kalagayan ng demograpiko/ekonomiya.
- Pagtukoy sa Mahahalagang Dokumento at Impormasyon para sa mga Manggagawa.
  - Tutukuyin ng mga ahensya ng DOL ang mahahalagang dokumento/impormasyon, kabilang ang mga nasa web, sa loob ng kanilang (mga) programa na dapat na available sa ibang wika maliban sa Ingles at kailangan itong isalin sa (mga) nauugnay na wika, maliban kung naisalin na. Dapat isama ng bawat ahensya ang sumusunod na impormasyon tungkol sa multilingual na digital content bilang mahalagang elemento ng LAP ng ahensya.
    - Gagawa ang mga ahensya ng mga makatwirang hakbang upang mabigyan ang mga LEP na indibidwal ng makabuluhang access sa mahahalagang digital content ng ahensya. Maaaring kabilang dito ang, halimbawa:
      - Ang hurisdiksyon at tunguhin ng isang ahensya.

- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan, kabilang ang kung paano makipag-ugnayan sa bahagi.
  - Kung paano maghahain ng reklamo (kabilang ang mga form at tagubilin kung paano punan ang mga form na iyon).
  - Mga press release at mahahalagang anunsyo na nakakaapekto sa mga komunidad na may LEP.
- Higit pa rito, maaaring kabilang sa mahahalagang dokumento na inilaan para sa pangkalahatang publiko, o sa malawak na madla ang, pero hindi limitado sa:
    - Pampublikong pagsaklaw o mga materyal na pang-edukasyon;
    - Mga form ng claim o aplikasyon (kabilang ang anumang kinakailangang tagubilin);
    - Mga form o nakasulat na materyal na may kaugnayan sa mga indibidwal na karapatan;
    - Mga abiso ng pagsaklaw o mga meeting sa komunidad o pagsasanay; at
    - Mga abiso tungkol sa pagkakaroon ng mga serbisyo ng tulong sa wika na libreng ibinigay ng ahensya sa mga LEP na indibidwal, kung naaangkop.
  - Dapat ituon ng mga ahensya ang mga pagsisikap batay sa pananaw ng mga manggagawang walang kalaban-laban na kanilang pinaglilingkuran.
  - Dapat isalin ang mahahalagang dokumento o impormasyon kapag ang malaking bilang o porsyento ng populasyon na kwalipikadong paglingkuran,



o direktang apektado ng programa/aktibidad, ay nangangailangan ng mga serbisyo o impormasyon sa ibang wika maliban sa Ingles upang mabisang makipag-usap. Tunay ang obligasyon na ito, ibig sabihin ay dapat itong planuhin, sa halip na maghintay na lumitaw ang pangangailangan ng isang indibidwal.

- Simulan ang Pagsasalin ng Mahahalagang Dokumento at Impormasyon.
  - Sisimulan ng mga ahensya ng DOL ang pagsasalin ng mahahalagang dokumento at impormasyon sa mga wika batay sa mga pangangailangan ng mga manggagawang walang kalaban-laban.
- Estratehiya sa Pagsaklaw at Pakikipag-ugnayan.
  - Bubuo ang mga ahensya ng DOL ng mga estratehiya na bumabalangkas sa iba't ibang paraan ng pagsaklaw at paglilingkod ng bawat ahensya sa mga LEP na manggagawa<sup>39</sup>. Ang pinakamaliit na epekto ng mga estratehiya sa Pagsaklaw at Pakikipag-ugnayan ay:
    - Tukuyin ang mga pangangailangan sa wika ng mga LEP na indibidwal na nakakaugnayan ng ahensya;
    - Isama/Ibalangkas ang mga Karaniwang Pamamaraan ng Pagpapatakbo (Standard Operating Procedure, SOP) at Mga Pamamaraan ng Kawani
      - hal., para sa mga kawani kapag humihiling / kumukuha ng mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon; para sa mga

---

<sup>39</sup> Kabilang dito ang iba't ibang punto kung saan nakikipag-ugnayan o naglilingkod ang isang ahensya sa mga manggagawa (hal., sa telepono, nang personal, habang nagsasagawa ng imbestigasyon, pagsaklaw at edukasyon, mga tanong sa telepono/hotline, kapag nag-ulat ng paglabag ang mga manggagawa, mga meeting sa pagpasok, at panayam o iba pang meeting).

bilingual/multilingual na empleyado na responsable sa pagbibigay ng mga serbisyo sa wika; para sa mga kawani kapag nakikipag-usap sa mga LEP na indibidwal<sup>40</sup>;

- Idetalye kung paano susubaybayan ng ahensya ang mga pakikipag-ugnayan at ang mga serbisyong ibinibigay sa mga LEP na indibidwal;
  - Ibalangkas ang pagsasanay na ibibigay sa mga empleyado sa mga SOP ng access sa wika at mga pakikipag-ugnayan ng customer; at
  - Tukuyin/Magtalaga ng mga POC ng ahensya na responsable sa pagtiyak na ipinapatupad, sinusubaybayan, at napapanatili ang mga estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan.
- Ilalarawan din ng bawat ahensya kung paano ito magsasagawa ng pagsaklaw at makikipag-ugnayan sa mga indibidwal at organisasyong nakabatay sa komunidad at iba pang organisasyon na nag-aalok ng mga libreng serbisyo sa access sa wika bilang paraan upang bumuo ng karagdagang kakayahang maglingkod sa mga LEP na manggagawang walang kalaban-laban.
  - Mga Mapagkukunan.
    - Pagkatapos matukoy ang mahahalagang pangkat ng wika na nakatuon sa mga manggagawang walang kalaban-laban, tutukuyin ng mga ahensya ng DOL ang mga mapagkukunan at pangangailangan ng mga bilingual /

---

<sup>40</sup> sa pamamagitan ng real-time na komunikasyon o liham.

multilingual na kawani at susuriin kung paano tinasa ang mga kawani para sa kakayahan sa wika.

- Tutukuyin din ng mga ahensya kung at paano maaaring magbigay ng suporta ang mga bilingual/multilingual na kawani sa buong ahensya habang tinitiyak ang pantay na pamamahagi ng trabaho. Kasama sa prosesong ito ang:
  - Isang pagsusuri ng mga paglalarawan ng posisyon.
  - Patukoy sa suporta tulad ng gagamiting telepono o mga linya ng wikang nakabatay sa web o mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon ng kontrata.
- Pagsusuri ng mga Paglalarawan ng Posisyon
  - Sa patnubay ng Tanggapan ng Human Resources (Office of Human Resources, OHR), patuloy na susuriin ng mga ahensya ang mga Paglalarawan ng Posisyon (Position Description, PD) upang matukoy kung kailan dapat kumuha para sa mga bakanteng posisyon ng mga kandidatong may bilingual na kasanayan.

Upang higit pang ipakita ang pangako ng Kagawaran sa access sa wika, ginawa rin ng CRC ang mga sumusunod na pagkilos noong FY 2023:

- Plano sa Access sa Wika
  - Nirebisa ng CRC ang Plano sa Access sa Wika ng DOL (upang palakasin ang mga pamantayan sa buong Kagawaran upang matiyak ang pantay na access para sa mga manggagawang limitado ang kahusayan sa Ingles). Bilang bahagi ng rebisyon, nagbigay ang CRC ng teknikal na tulong at pagsasanay sa mga

ahensya ng DOL na maaaring maglingkod o makipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal sa pagbuo ng mga seksyon ng Plano na partikular sa ahensya.

- Survey sa Access sa Wika (mahahanap ang higit pang impormasyon sa **Saklaw ng Plano sa Access sa Wika**)
  - Binuo at inilunsad ng CRC ang Survey sa Access sa Wika at ibinigay ang mga resulta ng Survey sa Access sa Wika sa mga ahensya upang tulungan sila sa pagbuo ng kanilang mga Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya. Nagbigay ang survey ng batayan na kailangan para mas maunawaan ang mga pangangailangan ng wika sa loob ng Kagawaran.
- Mga Serbisyo sa Pagsasalin at Interpretasyon
  - Sa pakikipagtulungan sa Nagsisikap na Grupo sa Pag-access sa Wika, nagtatag ang CRC ng mga limitasyon/hakbang ng kontrol sa kalidad para sa mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon.
- Patakaran ng DOL sa Access sa Wika
  - Bumuo ang CRC ng patakaran at mga alituntunin sa access sa wika. Kasama sa patakaran ang mga baseline na pamantayan at alituntunin para sa access sa wika ng buong Kagawaran, upang matiyak na natutugunan ang mga obligasyon sa access sa wika ng mga ahensya.

Sa FY 2024, dapat isama ng mga ahensya ang mga sumusunod na aktibidad sa kanilang mga AMP para higit pang maipakita ang kanilang mga pagsisikap sa pagtugon sa mga pinakamalaking hadlang na kinakaharap ng mga manggagawang walang kalaban-laban.

- Patuloy na suriin at i-update ang mga kasalukuyang paglalarawan ng posisyon upang matukoy ang pangangailangang palawakin ang mga kinakailangan sa

bilingual para sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan sa mga komunidad na kulang sa serbisyo. Habang tinutukoy ang mga karagdagang bilingual na posisyon upang mapadali ang pagpapatupad ng mga ahensya ng kanilang mga plano sa access sa wika, makikipagtulungan ang mga ahensya sa Office of Human Resources para i-update ang mga paglalarawan ng posisyon na kailangan upang kumuha ng mga bilingual na empleyado at tukuyin ang mga pool ng aplikante na kukunin para sa mga posisyon.

- Susuriin ng isang ikatlong partido ang mga kandidato at empleyado<sup>41</sup> para sa kakayahan sa wika ng mga ito upang matiyak na angkop at kwalipikado silang maglingkod bilang mga tagasalin at/o interpreter.
- Para sa mga naturang ahensya na naglingkod o maaaring maglingkod o makipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal sa kanilang (mga) populasyon na kwalipikado sa serbisyo: bumuo ng mga Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya (at ang kinakailangang framework upang maisakatuparan ang mga Plano) na may mga kinakailangang karaniwang pamamaraan ng pagpapatakbo (standard operating procedure, SOP), kabilang ang pagsubaybay, mga kinakailangan sa pagsasanay at pagpapatupad, at mga milestone para sa mga pangunahing aktibidad (tingnan din sa ibaba ang seksyong Plano sa Access sa Wika na Partikular sa Ahensya).
  - Gumawa ng karaniwang pamamaraan ng pagpapatakbo upang regular na masuri ang mga demograpiko ng mga populasyon na kwalipikado sa serbisyo at mga potensyal pagbabago ng populasyon sa paglipas ng panahon.

---

<sup>41</sup> Paggamit ng standardized assessment test at pamamaraan para matukoy kung may mga kinakailangang kasanayan ang mga kandidato at empleyado para tungkulin sa trabaho na pormal na pagsasalin at/o interpretasyon.

- Magtatag ng isang sistema para masubaybayan ang bilang ng mga indibidwal na naghahanap ng mga serbisyo sa wika at ang mga uri ng ibinigay na serbisyo.
- Tapusin ang pagsasalin ng mga natukoy na mahahalagang dokumento. Maliban sa pagtiyak na isalin ang mahahalagang dokumento/impormasyon sa malalaking grupo ng wika, responsibilidad ng mga ahensya ang pagtiyak sa pagsusuri sa kalidad at paglalathala/pagpapalaganap na maaaring magkasabay ang kahit isang bahagi sa estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan.
  - Gumawa ng karaniwang pamamaraan ng pagpapatakbo sa pagsulong ang pinapanatili at patuloy na pangangailangang tukuyin ang mga bagong mahahalagang dokumento/impormasyon at magbigay ng napapanahong pagsasalin ng mahahalagang dokumento/impormasyon sa mga wikang sinasalita ng malalaking grupo ng wika.
- Magpatupad ng estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan, kabilang ang pagsasagawa ng pagtatasa sa kalagitnaan ng taon, na nagbabalangkas sa iba't ibang paraan ng pakikipag-ugnayan at paglilingkod ng ahensya sa mga LEP na manggagawa at mga pagkilos na ginawa upang maiparating/maipalaganap ang pagkakaroon ng mga serbisyo sa mga naaangkop na wika maliban sa Ingles.

Mangangako rin ang CRC/COLA na tatapusin ang mga sumusunod na pagkilos sa FY 2024:

- Gumawa ng framework o template na kinabibilangan ng mga patakaran sa access sa baseline na wika upang tulungan ang mga ahensya sa pagbuo ng kanilang mga Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya para sa FY 2024.

- Bumuo ng proseso para sa mga ahensya sa paghiling ng mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon gamit ang mga task order na itinatag sa ilalim ng Kabuuang Kasunduan sa Pagbili.
- Bumuo at magbigay ng pagsasanay sa quarterly na teknikal na tulong sa mga Liaison sa Access sa Wika. Maaaring kabilang sa mga pagsasanay ang mga paksang nauugnay sa: Pagpapatupad ng Babel notice; pinakamahusay na kasanayan sa paggamit ng mga kawaning may kakayahan sa wika; at pinakamahuhusay na kasanayan kapag gumagawa ng mga SOP para sa mga kawani upang magbigay ng mga serbisyo sa wika.
- Bumuo ng mga bagong sukatan ng pagganap upang masukat ang pagganap ng programa na nauugnay sa access sa wika.

## Mga Plano sa Access sa Wika na Partikular sa Ahensya

Sa FY 2024, hinihiling sa mga ahensya ng DOL<sup>42</sup> na bumuo ng mga LAP na partikular sa ahensya (at ang kinakailangang framework upang maisakatuparan ang mga LAP). Ang mga LAP na partikular sa ahensya ay bubuo ng impormasyon, pagsusuri at layunin na ipinakilala sa mga seksyong partikular sa ahensya ng LAP ng Kagawaran at magbibigay ng higit pang detalye at kinakailangang SOP kabilang ang mga kinakailangan sa pagsubaybay, pagsasanay at pagpapatupad, pati na rin ang mga milestone at nauugnay na mga itinakdang petsa para sa mga pangunahing aktibidad . Upang matiyak na maibibigay ang makabuluhang access sa mga LEP na indibidwal , malinaw ding ibabalangkas sa LAP ang mga estratehiya/nagagawang mga hakbang na ginagawa o gagawin ng mga ahensya upang

---

<sup>42</sup> Na dati nang naglingkod o maaaring maglingkod o makipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal sa kanilang (mga) populasyon na kwalipikado sa serbisyo.

matugunan ang mga natukoy na pagkukulang at matugunan ang mga aktibidad na natukoy sa LAP ng Kagawaran at ibalangkas ang mga plano sa pagpapatupad para sa pagsaklaw na partikular sa ahensya at mga estratehiya sa pakikipag-ugnayan. Ibabalangkas din ng mga ahensya ang mga responsibilidad ng kanilang mga kawani, lalo na ang may pinakamalalaking posibilidad na makipag-ugnayan sa publiko at tutukuyin kung sino sa kanilang ahensya ang magkakaroon ng responsibilidad sa pamamahala, pagpapatupad, at pagrerebisa ng LAP.

Upang tulungan ang mga ahensya sa pagbuo ng kanilang mga LAP na partikular sa ahensya, bubuo ang CRC/COLA ng framework<sup>43</sup> na nagbabalangkas ng mga minimum na kinakailangan<sup>44</sup> kung anong mga plano ang dapat isama, tulad ng mga prosesong partikular sa ahensya para sa pagkuha ng mga serbisyo ng pagsasalin at interpretasyon; ang pagtukoy sa kukuning data at kung paano pamamahalaan ang naturang data; at ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga kawani ng ahensya na may mga kakayahan at liaison sa wika.

## **Mga Serye ng Manwal ng Kagawaran ng Paggawa (Department of Labor Manual Series, DLMS) Kabanata sa Access sa Wika**

Noong FY 2023, bumuo ang CRC ng patakaran at alituntunin sa access sa wika para sa isang bagong kabanata ng DLMS sa Access sa Wika. Kasama sa kabanata ang mga pamantayan at alituntunin ng mga baseline para sa access sa wika sa buong Kagawaran, upang matiyak na natutugunan ang mga obligasyon ng mga ahensya sa access sa wika. Kapag natapos na ang

---

<sup>43</sup> Magbibigay-daan ito sa mga ahensya na pagtibayin ang mga bahagi ayon sa kinakailangan upang pinaka matugunan ang mga natatanging pangangailangan at demograpiko ng bawat ahensya.

<sup>44</sup> Maaaring gamitin ng mga ahensya ang tool na ito: [Tool sa Pagtatasa at Pagpapalano ng Access sa Wika para sa mga Programang Pederal na Isinasagawa at Tinutulungan \(lep.gov\)](#).



kabanata, isasama sa update sa hinaharap ang link sa kabanata ng Pangkagawaran na Plano sa Access sa Wika na ito. Magiging available din ang kabanata sa page ng Intranet ng Kagawaran<sup>45</sup> at malawakan itong ipapalaganap sa mga kawani kapag naibigay na.

## **Nagsisikap na Grupo sa Pag-access sa Wika**

Iniuugnay at pinamumunuan din ng CRC ang Nagsisikap na Grupo ng DOL sa Access sa Wika. Kasalukuyang mayroong 41 na miyembro ang nagsisikap na grupong ito mula sa 26 na iba't ibang ahensya sa loob ng DOL. Buwanang nagme-meeting ang grupo upang subaybayan ang mga aktibidad ng LEP sa pagsaklaw at pagpapatupad at nagsisikap itong bumuo ng mga patakaran at pamamaraan sa buong kagawaran upang mapahusay ang mga pagsisikap sa LEP ng DOL. Sa mga buwanang meeting, nag-uulat ang mga kinatawan ng ahensya tungkol sa pag-unlad ng mga ahensya sa mga layunin ng LEP, at ang bisa ng mga patakaran at pamamaraang inilarawan sa Planong ito. Ang buwanang meeting ay pagkakataon ng mga liaison sa access sa wika na magtanong at tumanggap ng mga sagot sa mga tanong tungkol sa mga kinakailangan sa access sa wika. Ginagamit din ng CRC ang mga buwanang meeting upang magbigay ng pagsasanay sa mga paksa at pamamaraan sa access sa wika. Kung may bumangong mga tanong sa labas ng mga meeting ng Nagsisikap na Grupo sa Pag-access sa Wika, inaatasan ang mga liaison na direktang makipag-ugnayan sa CRC/COLA para sa tulong.

---

<sup>45</sup> LaborNet.

## **Mga Enterprise-Wide na Pamamaraan ng DOL para sa mga Serbisyo sa Access sa Wika at Pagsasalin, Interpretasyon at Transkripsyon**

Alinsunod sa inisyatiba sa pamamahala ng kategorya ng Pederal na Pamahalaan, higit na ginagamit ng DOL ang mga nakakontratang enterprise-wide na pamamaraan. Ang mga enterprise-wide na pamamaraan, gaya ng mga kontratang Kasunduan sa Enterprise-wide na Pag-order (Enterprise-wide Ordering Agreement, EOA), Kabuuang Kasunduan sa Pagbili (Blanket Purchase Agreement, BPA), at Hindi Tiyak na Paghahatid/Hindi Tiyak na Dami (Indefinite Delivery/Indefinite Quantity, IDIQ), ay ginawang available para sa pag-o-order ng mga Nangungunatang Opisyal ng DOL. Dalawa sa mga nakakontratang enterprise-wide na pamamaraan ng Kagawaran ang:<sup>46</sup> i) Mga Serbisyo ng Propesyonal na Tulong sa Wika; at ii) Direktang sinusuportahan ng mga Serbisyo sa Pagsasalin, Interpretasyon at Transkripsyon ang mga pagsisikap ng Departamento na mapabuti ang access sa mga programa at aktibidad na isinasagawa ng DOL para sa mga LEP na indibidwal.

### **Enterprise-wide IDIQ para sa Mga Serbisyo ng Propesyonal na Tulong sa Wika<sup>47</sup>**

Maaaring mag-order ang mga ahensya ng DOL sa IDIQ para sa mga sumusunod na serbisyo:

- Teknikal na tulong sa kawani ng ahensya na responsable sa:

---

<sup>46</sup> Na maaaring mag-order ang mga ahensya laban dito.

<sup>47</sup> Available ang mga pamamaraan ng pag-order sa page ng Intranet ng DOL.

- pagtapos ng kanilang pagtatasa / survey sa LEP na partikular sa ahensya, kabilang ang demograpikong pananaliksik
- pagbuo ng kanilang mga Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya
- pagpapatupad ng kanilang mga plano sa LEP na partikular sa ahensya
- Pagbibigay ng suporta sa paggawa ng mga tool na maaaring makatulong sa ahensya sa pagbibigay ng mga serbisyo sa mga LEP na indibidwal;
- Pagbuo ng mga plano at pagpapadali ng pagsaklaw at pakikipag-ugnayan sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad at mga LEP na customer;
- Pagbuo at pagbibigay ng pagsasanay sa mga empleyado ng DOL sa mga patakaran at pamamaraan sa access sa wika;
- Mga karagdagang pagtatasa at suporta ng DEIA/Katarungan na nagmumula sa pagpapatupad ng mga nauugnay na Executive Order;
- Tumutulong sa:
  - pagbuo ng mga webpage
  - pagbalangkas ng mga patakaran tungkol sa access sa wika
  - pagsusuri ng mga reklamo o iba pang feedback sa access sa wika
  - pagbuo ng mga tanong sa survey (para sa mga regular na pagtatasa)
- Pagbuo ng mga SOP, one-pager, desk-aid, glossary, abiso, "I speak card," poster, atbp. sa mga patakaran at pamamaraan sa access sa wika.

## **Pagsasalin, Interpretasyon at Transkripsyon sa Enterprise-Wide na Kabuuang Kasunduan sa Pagbili<sup>48</sup>**

Mahalaga ang pagkakaroon ng napapanatiling kakayahang makipag-usap sa mga manggagawa sa gusto nilang wika sa pagtupad sa tunguhin ng Kagawaran na protektahan ang mga manggagawa at ipatupad ang batas. Upang matiyak na kaya ng Kagawaran na tulungan ang mga LEP na indibidwal na nakikipag-ugnayan sa ahensya at na ibinibigay ang mga materyal sa pagsaklaw at pagsasanay sa mga naaangkop na wika maliban sa Ingles, nagtayo ang Kagawaran ng isang BPA para sa mga serbisyo sa pagsasalin/interpretasyon ng wika, audio messaging, at 24 na oras na mga serbisyo sa pagsasalin/interpretasyon ng wika. Bilang bahagi ng Plano nito, dapat ding tiyakin ng DOL na isinalin ang mga mahahalagang dokumento at impormasyon sa bawat wika na regular na nakakaugnayan na grupo ng LEP na kwalipikadong paglingkuran o malamang na apektado ng mga programa, serbisyo, o aktibidad ng DOL. Ibinibigay ang mga serbisyo kung kinakailangan sa buong limampung Estados Unidos, Distrito ng Columbia, at mga teritoryo ng US kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, Commonwealth ng Puerto Rico, Virgin Islands, at Guam. Available ang enterprise-wide na BPA na ito sa lahat ng bahagi ng ahensya ng DOL.

### **Kalidad ng Pagsasalin at Interpretasyon**

Kasama sa BPA ng DOL para sa mga serbisyo ng pagsasalin at interpretasyon ang mga hakbang sa pagkontrol sa kalidad. Bumuo at nagpatupad ang kontraktor ng Plano ng Pagkontrol sa Kalidad (Quality Control Plan, QCP), na isang pamamaraan upang matukoy, maiwasan, at matiyak na hindi na mauulit ang mga maling serbisyo. Ang programa ng

---

<sup>48</sup> Available ang mga pamamaraan ng pag-order sa page ng Intranet ng DOL.

pagkontrol sa kalidad ng kontraktor ay isang kasangkapan para matiyak ng kontraktor na sumusunod sa mga kinakailangan ng BPA ang mga gawaing isinagawa. Pinakamababang tinutugunan ng QCP ang:

- inaasahang oras ng pagsumite para sa mga dapat isumite batay sa bilang ng salita at bilang ng mga hakbang sa pagsasalin batay sa paksa (hal., pagsasalin, pagwawasto, at pagkontrol sa kalidad);
- plano ng kontraktor sa pagtukoy at pagwawasto ng kakulangan sa kalidad ng serbisyo bago mangyari ang mga gawain at/o makita ng Pamahalaan ang mga pagkukulang;
- kung paano tutugunan ang mga kakulangan sa mga serbisyo, kabilang ang pagkilala sa mga tauhan na magrerebisa, at isang balangkas ng pangkalahatang proseso ng pagwawasto ng mga mali upang matiyak na hindi na ito mangyayari sa mga proyekto sa hinaharap;
- mga pamamaraan para sa pagdodokumento at pagtugon sa mga order; at
- kung paano tutugunan ng kontraktor ang pagganap ng tauhan.

Bukod pa rito, isinama ng DOL ang mga layunin sa pagganap sa loob ng BPA na nakatuon sa pagtiyak ng kalidad ng mga serbisyo ng pagsasalin/interpretasyon na ibinibigay ng kontraktor:

<b>Layunin ng Pagganap</b>	<b>Pamantayan</b>	<b>Limitasyon ng Pagganap (Ito ang maximum na rate ng pagkakamali)</b>	<b>Paraan ng Pagsubaybay</b>
Kalidad ng Salin	Titiyakin ng Kontraktor na walang pagkakamali sa salin at isinulat ito gamit ang mga patnubay ng Pederal na payak na wika.	98% ng kabuuang mga gawain ang natapos	Itatala ang hindi maayos na pagganap sa Sistema ng Pag-uulat sa Pagtatasa ng Pagganap ng Kontraktor (Contractor Performance Assessment Reporting System, CPARS)
Kwalipikasyon ng Tagasalin	Sisiguraduhin ng Kontraktor na kwalipikado ang mga tagasalin at may mga kinakailangang sertipikasyon upang makumpleto ang mga gawain. Maaaring humiling ang DOL ng pagpapatunay ng mga kredensyal ng tagasalin anumang oras.	100% ng kabuuang mga gawain	Irerekord sa CPARS ang mga hindi maayos na pagganap

<b>Layunin ng Pagganap</b>	<b>Pamantayan</b>	<b>Limitasyon ng Pagganap (Ito ang maximum na rate ng pagkakamali)</b>	<b>Paraan ng Pagsubaybay</b>
Mga Rebisyon sa mga Salin	Kung matukoy ng DOL na mayroong anumang pagkakamali sa mga salin, libreng rerebisahin ng Kontraktor ang salin sa loob ng 24 oras pagkatapos ng abiso ng DOL.	100% para sa bawat gawain na may mga pagkakamali	Irerekord sa CPARS ang mga hindi maayos na pagganap
Kwalipikasyon ng Interpreter	Titiyakin ng Kontraktor na kwalipikado ang mga interpreter at may mga kinakailangang sertipikasyon upang makumpleto ang mga gawain. Maaaring humiling ang DOL ng pagpapatunay ng mga kredensyal ng interpreter anumang oras.	100% ng kabuuang mga gawain	Irerekord sa CPARS ang mga hindi maayos na pagganap
Kodigo ng Etika at mga Propesyonal na	Susundin ng mga interpreter ang Kodigo ng Etika at mga	100% ng kabuuang mga gawain	Irerekord sa CPARS ang mga hindi maayos na pagganap

Layunin ng Pagganap	Pamantayan	Limitasyon ng Pagganap (Ito ang maximum na rate ng pagkakamali)	Paraan ng Pagsubaybay
Responsibilidad ng Interpretasyon	Responsibilidad <sup>49</sup> na kinakailangan ng DOL para sa lahat ng hinihiling na interpretasyon.		

Maaaring magsagawa ang DOL ng random sampling o pana-panahong pagsubaybay sa anumang mga dapat isumite na ibinigay ng kontraktor upang matiyak ang katumpakan ng wika. Maaari itong isagawa ng mga ahensya ng DOL kung kinakailangan sa pamamagitan ng mga katanggap-tanggap na paraan na maaaring kabilang ang pag-asa sa bilingual/multilingual na kawani na may mga kakayahan sa target na wika.

## Estratehiya sa Pagbuo ng Plano sa Access sa Wika

Sa mga seksyon sa ibaba, tinukoy ng mga ahensya ng DOL ang mga pagkukulang sa kasalukuyang mga serbisyo sa wika at binalangkas ang mga pamamaraan sa pagtugon sa bawat pagkukulang. Susuportahan ng CRC ang mga pagsisikap ng bawat ahensya na pahasayin ang access sa wika at susubaybayan ang pag-unlad ng bawat ahensya upang matiyak na mabisang naipapatupad ang mga nakabalangkas na layunin.<sup>50</sup> Bukod pa rito,

---

<sup>49</sup> Itatag ng Kontraktor ang mga alituntunin na sa pinakamababa ay titiyak sa katumpakan, kawalang-kinikilingan, at pagiging kumpidensyal, mga limitasyon ng pagsasanay, at protocol at pagkilos.

<sup>50</sup> Sa pamamagitan ng COLA.



nagpangalan ang bawat ahensya ng (mga) liaison sa access sa wika sa Nagsisikap na Grupo sa Pag-access sa Wika ng DOL na magiging responsable sa pag-uugnay ng mga pagsisikap ng ahensya upang mapabuti ang access sa wika.

## **Pagsubaybay at Pagsusuri/Rebisyon ng Plano sa Access sa Wika ng DOL**

Susuriin ng CRC ang kasalukuyang Plano sa Access sa Wika ng DOL tuwing tatlong taon mula sa petsa ng paglathala. Kung kailangan ng mga rebisyon, rerebisahin ng CRC ang LAP. Bukod pa rito, susubaybayan ng CRC ang mga layunin at dapat isumite na binalangkas ng bawat ahensya upang matiyak na na-update at ipinapatupad ang mga plano/patakaran/pamamaraan sa isang napapanahon at tumpak na paraan.

## **Paglathala ng Plano sa Access sa Wika**

Magiging available sa publiko ang Plano sa Access sa Wika ng Kagawaran ng Paggawa sa pamamagitan ng mga Quick Link na nasa homepage ng DOL.<sup>51</sup> Magiging available din ito sa homepage ng CRC,<sup>52</sup> at ia-archive ng CRC ang Plano para sa Pagpapabuti ng Access sa mga Serbisyo para sa mga Taong Limitado ang kahusayan sa Ingles.<sup>53</sup>

---

<sup>51</sup> [www.dol.gov](http://www.dol.gov).

<sup>52</sup> [Page ng Sentro ng mga Karapatang Sibil ng OASAM](#).

<sup>53</sup> Ipinatupad noong Hulyo 2011.

## Pamamaraan ng Pagreklamo/Feedback

Ang mga LEP na customer na gustong magbigay ng feedback tungkol sa Plano sa Access sa Wika ng DOL ay maaaring magsumite ng feedback sa CRC sa sumusunod na e-mail address: [LanguageAssistance@dol.gov](mailto:LanguageAssistance@dol.gov) o tumawag sa 202-693-6500. Ang mga customer na bingi, mahina ang pandinig, o may kapansanan sa pagsasalita ay maaaring mag-dial sa 7-1-1 upang ma-access ang mga serbisyo ng telecommunications relay. Ang mga LEP na customer na mayroon ding kapansanan ay bibigyan ng mga makatwirang tulong, epektibong komunikasyon, at mga teknolohiyang naa-access alinsunod sa Seksyon 501, 504, at 508 ng Batas sa Rehabilitasyon. (Maaari ding makipag-ugnayan ang mga customer sa Sentro ng Pambansang Pakikipag-ugnayan, na ipapasa ang anumang tanong, ideya o alalahanin sa CRC/COLA). Susuriin ng CRC ang feedback ng customer at makikipag-ugnayan sa binanggit na ahensya sa loob ng pitong araw sa kalendaryo. Maaaring mag-post ang DOL ng mga kontak na partikular sa ahensya sa isang website na binuo para sa COLA sa hinaharap at magpapalaganap ng naturang impormasyon. Pagkatapos ay makikipagtulungan ang ahensya sa CRC para magbigay ng mga sapat at napapanahong serbisyo sa wika para sa LEP na customer. Bukod pa rito, bubuo ang CRC/COLA ng paraan upang suriin ang mga aral na natutunan mula sa mga estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan na partikular sa ahensya at kung hindi man ay makikipag-ugnayan sa mga panlabas na stakeholder habang pana-panahong ina-update ang LAP na ito. Kung dapat isaalang-alang ang mga rebisyon sa Plano sa Access sa Wika pagkatapos makatanggap ng feedback, rerebisahin ng DOL ang Plano at/o mga panloob na proseso nang naaayon.

## **Mga Planong LEP na Partikular sa Ahensya**

### **Mga Ahensyang may Limitadong Pakikipag-ugnayan sa LEP**

#### **Lupon ng Administratibong Pagsusuri (Administrative Review Board, ARB) / Lupon ng Pagsusuri ng mga Benepisyo / Lupon ng mga Apela ng Kabayaran sa mga Empleyado**

Ang mga Lupon ng Hukom ay binubuo ng Lupon ng Administratibong Pagsusuri (Administrative Review Board, ARB), Lupon ng Pagsusuri ng mga Benepisyo (Benefits Review Board, BRB), at ng Lupon ng mga Apela ng Kabayaran sa mga Empleyado (Employees' Compensation Appeals Board, ECAB). Sinusuri at tinutukoy ng mga Lupon ang mga apela sa ilalim ng mga batas sa kabayaran sa mga manggagawa at proteksyon ng empleyado.

ARB: Nagbigay ng awtoridad ang Kalihim ng Paggawa at nagtalaga ng responsibilidad sa ARB na mag-isyu ng mga desisyon ng ahensya pagkatapos ng pagsusuri o sa pag-apela sa mga bagay na nagmumula sa malawak na hanay ng mga batas sa proteksyon ng empleyado. Kasama sa hurisdiksyon ng Lupon ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na larangan ng batas: proteksyon ng whistleblower sa kapaligiran, transportasyon, at mga seguridad; pansamantalang programa sa imigrasyon; pagpapatrabaho sa bata; diskriminasyon sa trabaho; pagsasanay sa trabaho; at mga pederal na kontrata sa konstruksyon at serbisyo. Sa pangkalahatan, ang mga kaso ng Lupon ay nagmumula sa apela sa mga desisyon ng mga Hukom ng Batas Administratibo ng Kagawaran ng Paggawa o mga pagpapasya ng Administrador ng Dibisyon ng Sahod at Oras ng Kagawaran. Tunguhin ng Lupon na magbigay ng katarungan sa ilalim ng batas sa pamamagitan ng pagbibigay ng

tama at mga makatwirang legal na desisyon sa paghahabol sa napapanahon at mahusay na paraan, na patas na tinatrato ang lahat ng lumalapit sa Lupon at walang kinikilingan.

BRB: Nilikha ng Kongreso ang BRB noong 1972 upang suriin ang mga apela sa mga desisyon ng mga hukom ng batas na pang-administratibo na lumabas sa ilalim ng Batas sa mga Benepisyo ng Black Lung, Title IV ng Batas sa Kalusugan at Kaligtasan ng Minahan ng Coal, 30 USC §901 et seq., at ang Batas sa Kabayaran sa mga Manggagawa ng Longshore at Harbor, 33 USC §901 et seq., at mga extension nito, kasama ang Batas sa Outer Continental Shelf Lands, 43 USC §1331 et seq., Batas sa Defense Base, 42 USC §1651 et seq., at ang Batas sa Non-Appropriated Fund Instrumentalities, 5 USC §8171 et seq. Nakikipag-ugnayan ang BRB sa mga partidong kasangkot sa mga apela sa mga desisyon mula sa Tanggapan ng mga Hukom ng Batas Administratibo (Office of Administrative Law Judges, OALJ) at Tanggapan ng mga Programa ng Kabayaran sa mga Manggagawa (Office of Workers' Compensation Programs, OWCP). May awtoridad ang Lupon na lutasin ang mga apela na inihain ng sinumang partido na may interes sa ilalim ng mga nabanggit na batas. Ang mga apelang ito ay kumukwestyon sa batas o katotohanan, at sinusuri nito ang mga desisyon ng mga hukom ng batas administratibo upang matukoy kung sinusupportahan ng matibay na ebidensya at naaayon sa batas ang mga pasya.

ECAB: Tunguhin ng ECAB na pakinggan at pagpasiyahan ang mga kaso sa apela mula sa mga desisyon ng Tanggapan ng mga Programa ng Kabayaran sa mga Manggagawa (Office of Workers' Compensation Programs, OWCP)<sup>54</sup> sa walang kinikilingan at mabilis na paraan. Ginawa ang mga desisyon ng Lupon alinsunod sa mga legal na mandato nito, batay sa masusing pagsusuri sa rekord ng kaso, ayon sa pinagsama-sama ng OWCP. May

---

<sup>54</sup> Batas sa Kabayaran sa mga Pederal na Empleyado (Federal Employees' Compensation Act, FECA).

pagkakataon ang mga na-injured na manggagawang pederal para sa isang pagdinig na inilalabas ang buong ebidensiya sa Sangay ng Pagdinig at Pagsusuri ng OWCP bago suriin ng Lupon ang rekord.

Dahil sa saklaw ng pagsusuri ng apela ng Lupon, mayroon silang limitadong pakikipag-ugnayan sa pangkalahatang publiko. Karaniwang ang mga naghain ng apela ang tanging potensyal na hindi nagsasalita ng Ingles na mga partido. Lahat ng apela na ipinadala sa mga Lupon ay nagmula sa mas mabababang hudisyal na entidad. Gayunpaman, maaaring magpatuloy ang mga pangangailangan sa pagsasalin o interpretasyon habang nakikibahagi ang mga indibidwal sa mga proseso ng mga Lupon. Halimbawa, maaaring patuloy na mangailangan ng tulong ang indibidwal upang epektibong ituloy ang kanilang mga apela.

Noong FY 2022, nakapagsara ang ARB, BRB, at ECAB ng 2,111 kaso at nakapag-docket ng 2,011 bagong apela. Nakatanggap ang mga Lupon ng higit sa 375 liham at tanong sa telepono para sa mga update sa istado, at higit sa 25 kahilingan sa FOIA. Hindi nagsagawa ng mga Pagdinig sa Pasalitang Argumento ang ARB at ECAB. Hindi nangangailangan ang mga event at pagkilos na ito ng mga serbisyo/suporta sa pagsasalin/interpretasyon o nagresulta sa mga kahilingan para sa mga serbisyo o suporta sa pagsasalin/interpretasyon. Walang sistema ang mga Lupon para sa pagsusubaybay sa bilang ng mga LEP na indibidwal na nangangailangan ng mga serbisyo sa wika, o sa uri ng mga serbisyo sa wika na kanilang hinihiling. Bagama't maaaring hindi madalas ang pangangailangan, sa FY 2024, bubuo ang mga Lupon ng isang sistema upang subaybayan ang dalas at uri ng mga serbisyo ng LEP na kanilang ibinibigay at sasanayin ang mga kawani kung paano gamitin ang sistema ng pagsubaybay.

Sa pambihirang pagkakataon na may mahawakang dokumento na nasa ibang wika ang mga Lupon sa isa sa nakabinbing nilang kaso,<sup>55, 56</sup> hahanap ang mga Lupon ng mga serbisyo ng ibang bilingual na empleyado ng DOL upang isalin ang mga dokumento sa Ingles. Gagamit din ang mga Lupon ng Google Translate kung kinakailangan; kinikilala ng mga Lupon na hindi pinakamahusay na kasanayan ang paggamit ng online na software sa pagsasalin. Sa FY 2024, tatasahin ng mga Lupon kung kailangan nilang pagbutihin ang access sa wika para sa mga sistemang ito upang matiyak ang naa-access ito ng mga LEP na indibidwal. Bukod pa rito, sa FY 2024, titiyakin ng mga Lupon na susuriin ang anumang content na isinalin ng Google Translate ng isang linguist na pormal na tinasa para sa kanilang mga kakayahan sa wika. Mayroong isang bilingual na nagsasalita ng Spanish na empleyado sa BRB na nagbibigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika sa lahat ng tatlong Lupon.<sup>57</sup> Gayunpaman, hindi pormal na tinasa ang mga bilingual na kawani para sa kanilang mga kakayahan sa wika. Dahil bihira silang makaugnayan ng mga LEP na indibidwal, hindi kumukuha ang mga Lupon ng mga empleyadong may kakayahan sa wika at naniniwala itong mayroon silang sapat na mapagkukunan kung sakaling mangailangan ng tulong sa wika ang isang LEP na indibidwal. Hindi nagbibigay ng impormasyon ang mga Lupon sa mga website nito sa anumang wika maliban sa Ingles. Sa FY 2023, isasama ng mga Lupon ang Babel notice<sup>58</sup> upang matiyak na makakakuha ng mga serbisyo sa wika ang mga LEP na indibidwal, kung kinakailangan.

Sa FY 2024, bubuo ang mga Lupon ng Plano sa Access sa Wika upang matiyak na mabigyan ang mga LEP na indibidwal ng makabuluhan at napapanahong access sa wika upang maisagawa kaagad ang mga tunguhin ng mga Lupon. Sa panahon ng pagbuo ng Plano sa

---

<sup>55</sup> Ang Spanish ang pinakamadalas na nakakaugnayang wika.

<sup>56</sup> Karaniwang sinuri at sinalin ang mga dokumento ng kaso ng mga organisasyon sa trial-level bago isumite ang mga ito sa mga Lupon.

<sup>57</sup> ARB, BRB at ECAB.

<sup>58</sup> Ipapakita ang Babel notice, sa pinakamababa, sa Spanish.

Access sa Wika, tatasahin ng mga Lupon kung dapat isalin ang mahahalagang dokumento ng mga ito, kahit sa Spanish man lang, ang wikang malamang na makaugnayan sa panahon ng agarang pagsasagawa ng tunguhin nito. Babalangkasin din ng mga Lupon ang mga pamamaraan sa pagbibigay ng kawani ng mga serbisyo ng tulong sa wika,<sup>59</sup> kapag kailangan.

## **Tanggapan ng mga Usapin sa Kongreso at mga Pamahalaan**

Naglilingkod ang Tanggapan ng mga Usapin sa Kongreso at mga Pamahalaan (Office of Congressional and Intergovernmental Affairs, OCIA) upang isulong ang tunguhin ng Kalihim sa pamamagitan ng pagtuturo tungkol sa mga priyoridad ng DOL sa mga gumagawa ng patakaran sa Washington, DC, sa buong estado at lokal na pamahalaan, at sa Tribal Nations. Tinutulungan ng OCIA ang Kalihim, Pangalawang Kalihim, mga pinuno ng ahensya, at mga kawani ng kagawaran na bumuo ng mga epektibong programa at estratehiya upang makamit ang mga layunin at layunin ng pambatasan ng Kagawaran. Nakikipag-ugnayan din ang OCIA sa pamunuan ng Kagawaran upang turuan ang mga gumagawa ng patakaran tungkol sa mga programa ng Kagawaran at mga isyu sa pederal na paggawa.

Ang OCIA ay ang liaison ng Kagawaran sa Kongreso at iba pang entidad ng pamahalaan. Bilang resulta, may napakalimitadong pakikipag-ugnayan sa publiko ang ahensya at nagulat ito ng kaunting pakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal. Tinukoy ng ahensya na Spanish lang ang wikang nakaugnayan nila maliban sa Ingles sa mga sesyon ng pakikinig, mga talakayan sa roundtable, at mga tawag sa telepono.<sup>60</sup> Hindi sinusubaybayan ng OCIA ang bilang ng mga LEP na indibidwal na pinaglilingkuran nito, ang kalagayan, o ang uri ng mga serbisyo sa wika na ibinibigay nito.

---

<sup>59</sup> hal., serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon.

<sup>60</sup> Hanggang sa puntong ito, nakikipag-ugnayan lamang ang OCIA sa mga stakeholder na gumagamit ng Ingles.

Walang pormal na proseso ang ahensya sa pagtukoy sa mahahalagang impormasyon na lumalabas sa website nito (na available sa publiko) o sa mga materyal sa pagsaklaw na maaaring kailangang isalin. Sa FY 2023, tutukuyin ng OCIA ang mahahalagang impormasyon/dokumento nito at bubuo ng plano na, sa pinakamababa ay magsasaalang-alang sa pagsasalin sa Spanish ng mga piling dokumento. Bukod pa rito, sa FY 2023, tatasahin ng OCIA kung dapat bang isalin sa iba pang wika ang mahahalagang impormasyon/dokumento na maaaring makaugnayan sa panahon ng agarang pagsasagawa ng tunguhin nito. Kahit na available lamang sa Ingles ang website ng OCIA,<sup>61</sup> sa FY 2023, magsasama ang OCIA ng Babel notice<sup>62</sup> sa website nito upang matiyak na alam ng mga LEP na customer kung paano sila mabibigyan ng mga serbisyo sa wika, kung kinakailangan.

Ang ahensya ay pangunahing binubuo ng mga taong politikal na itinalaga. Dahil sa maliit na bilang ng mga LEP na customer na pinaglilingkuran nito, hindi partikular na kumukuha ang OCIA ng mga kawani na may kakayahan sa wika. Gayunpaman, kasalukuyang may mga tauhan ang OCIA may kakayahan sa Japanese, Navajo, at Spanish. Bagama't hindi tinasa ang mga empleyadong ito para sa kanilang kahusayan o kwalipikasyon, ginagamit ng OCIA ang mga kakayahan nila sa wika upang magsalin ng mga dokumento o magbigay ng interpretasyon, kung kinakailangan. Sa FY 2024, gagawa ng Plano sa Access sa Wika ang OCIA na partikular sa ahensya na magtatatag ng mga patakaran/pamamaraan para sa: pagbibigay ng mga serbisyo sa wika sa mga LEP na customer; pagsasanay sa mga empleyado kung paano magbigay ng mga serbisyo sa wika (hal., kung paano i-access ang mga serbisyo ng tulong sa

---

<sup>61</sup> Dahil sa limitadong pakikipag-ugnayan nito sa mga LEP na indibidwal.

<sup>62</sup> Sa Spanish. Sa FY 2024, tatasahin ng OCIA kung dapat itong magsama ng mga Babel notice sa iba pang wika (hal., mga Native American na wika).



wika sa telepono); pagsubaybay sa bilang ng mga LEP na customer na nakatanggap ng mga serbisyo sa wika; at ang uri ng mga serbisyo sa wika na ibinigay.

Sa FY 2024, bubuo ang OCIA ng estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan upang matiyak na nagsasagawa ang OCIA ng mga makabuluhang hakbang upang magbigay ng access sa wika para sa populasyon na kwalipikado sa serbisyo. Kasama sa estratehiyang ito ang pagtukoy sa mga materyal sa pagsaklaw at pagtatasa kung dapat ba itong isalin sa Spanish o iba pang wika. Para sa anumang materyal sa pagsaklaw na itinuturing na mahalaga, sisikapin ng ahensya na isalin ang mga ito bago matapos ang FY 2024, na gagawa ng panloob na imbakan ng mga isinaling materyal.

## **Tanggapan ng Patakaran sa Pagtatrabaho ng May Kapansanan**

Tunguhin ng Tanggapan ng Patakaran sa Pagtatrabaho ng May Kapansanan (Office of Disability Employment Policy, ODEP) na bumuo at impluwensyahan ang mga patakaran at kasanayan na nagpapataas ng dami at kalidad ng mga pagkakataon sa trabaho ng mga may kapansanan. Upang maisakatuparan ang tunguhing ito, itinataguyod ng ODEP ang pagpapatupad ng mga patakaran, estratehiya at epektibong kasanayan<sup>63</sup> na nakakaapekto sa pagtatrabaho ng mga may kapansanan. Hinihimok ng estratehiya ng ODEP ang mga sistema at magsagawa ng mga pagbabago sa pamamagitan ng pagpapakalat ng mga patakaran, estratehiya at epektibong kasanayan, pagbabahagi ng impormasyon, at pagbibigay ng teknikal na tulong sa mga ahensya ng pamahalaan, tagapagbigay ng serbisyo at non-government na entidad, gayundin sa mga pampubliko at pribadong employer. Ang mga LEP na indibidwal ay posibleng mayroon ding mga kapansanan at binibigyang-diin ng ODEP na dapat bigyan ng epektibong tulong sa wika ang mga indibidwal na ito na maaaring

---

<sup>63</sup> Ang mga binuo at/o napatunayan ng ODEP.

nagsasaalang-alang sa dalawang wika maliban sa Ingles kabilang ang paggamit ng sign language maliban sa American Sign Language (ASL). Maaaring kabilang sa access ang kakayahang gumamit ng naa-access na teknolohiya alinsunod sa Seksyon 508 o suportahan ng mga makatwirang tulong alinsunod sa Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon.

Nakikipagtulungan ang ODEP sa mga stakeholder kabilang ang mga ahensya ng pamahalaan, organisasyong nakabatay sa komunidad, institusyong pang-edukasyon, asosasyong propesyonal, mga negosyo, at unyon ng manggagawa. Kadalasang nakakaugnayan ng mga kawani ng ODEP ng mga LEP na indibidwal sa pamamagitan ng email, tawag sa telepono, at sa feature na 'makipag-ugnayan sa amin' ng website, humigit-kumulang 1-3 beses sa isang taon. Tinitiyak ng ODEP na epektibo ang lahat ng komunikasyon para sa stakeholder o constituent na nagtatanong. Ibinibigay ang mga tool at mapagkukunang nauugnay sa patakaran sa mga naa-access na format.

Paminsan-minsan, nakikipag-ugnayan ang mga employer sa ODEP para sa isinalin na mga poster ng Pambansang Buwan ng Kamalayan sa Pagtatrabaho ng May Kapansanan (National Disability Employment Awareness Month, NDEAM) (o i-download mula sa website nito) upang bigyan ng mga mapagkukunan ang mga empleyado nila. Para sa FY 2022, mayroong 777 na na-download na Spanish poster at 4,998 Spanish poster ang na-order.

Isinasaalang-alang ng ODEP ang mga brochure, polyeto, website ng ahensya ng grantee, at mga anunsyo ng serbisyo publiko bilang mahahalagang dokumento. Sinusuri ng ODEP ang mga isinaling dokumento taun-taon at pinananatili sa isang imbakan sa pambansang antas. Hindi gumagamit ng online na software sa pagsasalin ang ODEP.

Spanish ang karaniwang nakakaugnayan ng ODEP para sa mga kahilingan sa pagsasalin. Kapag nakatanggap ng kahilingan para sa pagsasalin ang ODEP, gumagamit ang opisina ng

mga nakakontratang serbisyo, isang empleyado sa Kagawaran na nagsasalita ng Spanish,<sup>64</sup> o isang grantee sa pagsasalin ng mga dokumento<sup>65</sup> at / o pagbibigay ng suporta sa tulong sa wika. Kinikilala ng ODEP na may kinakaharap itong ilang hamon kaugnay sa pakikipag-usap sa mga LEP na indibidwal, tulad ng kapag kinokontak ng LEP na indibidwal ang ahensya at hindi matukoy ng mga kawani ang wikang ginamit nito, o kapag nakikipag-ugnayan ang mga LEP na indibidwal sa ahensya at hindi makahanap ang mga kawani ng taong nagsasalita ng gustong wika. Sa FY 2024, bubuo ang ODEP ng mga pamamaraan at pagsasanay para sa mga kawani na nagbabalangkas kung paano ibibigay ng mga kawani ang tulong sa wika sa mga LEP na customer. Sa FY 2024, tatasahin ng ODEP kung dapat itong kumuha ng mga empleyadong may kakayahan sa Spanish at iba pang wika upang mas mapaglingkuran ang mga LEP na indibidwal na may mga kapansanan.

Sa FY 2023, sisikapin ng ODEP na magbigay ng Spanish na Babel Notice sa website nito at ipapayo sa lahat ng grantee na magkaroon ng mga Babel notice sa kanilang mga website, kahit sa Spanish man lang. Sa FY 2024, bubuo ang ODEP ng Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya upang matiyak na matutugunan ang mga natukoy na pagkukulang sa pagbibigay ng mga serbisyo sa access sa wika. Itatatag ng Plano sa Access sa Wika na ito ang plano ng ODEP upang regular na masuri ang mga demograpiko ng mga populasyon na kwalipikado sa serbisyo, habang nagbabago ang mga populasyon (at ang mga nauugnay nitong pangangailangan sa access sa wika) at/o nagbabago ang mga grantee. Maaaring kabilang sa pagtatasang ito ang pagtukoy sa karagdagang dokumento na dapat isalin, kasalukuyang mga dokumento na dapat

---

<sup>64</sup> Walang bilingual na kawani ang opisina at gumagamit ito ng mga bilingual na indibidwal mula sa ibang ahensya ng DOL upang magbigay ng suporta kung kinakailangan.

<sup>65</sup> Noong FY 2021, \$10,000 ang ginastos sa mga serbisyo ng pagsasalin.

isalin sa ibang wika, at ang pagbuo ng pormal na proseso sa pagtukoy at/o pagtugon sa mga pangangailangan sa wika ng mga LEP na indibidwal.

Sa FY 2023, bubuo ang ODEP ng estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan para sa mga LEP na indibidwal. Sa FY 2024, babalangkasin ng ODEP ang mga plano sa pagsubaybay sa mga pakikipag-ugnayan (kasama ang mga stakeholder / grantee) at ang uri ng mga serbisyo ng tulong sa wika na ibinigay sa mga LEP na indibidwal. Sisimulan din ng ODEP ang pagtatanong sa mga grantee nito kung ilang beses silang nakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal at/o nagbigay ng direktang suporta at bumuo ng mga prosesong nagbabalangkasin ng pamamaraan sa pagsasalin, suriin ang bisa ng mga kasalukuyang pagsasalin, at bumuo ng mas wastong paraan sa pagsubaybay sa mga ibinigay na serbisyo sa wika.

### **Tanggapan ng Inspector General**

Ang Tanggapan ng Inspector General (Office of Inspector General, OIG) sa Kagawaran ng Paggawa (Department of Labor, DOL) ng U.S. ay magsasagawa ng mga pag-audit upang suriin ang bisa, kahusayan, ekonomiya, at integridad ng lahat ng programa at operasyon ng DOL, kabilang ang mga isinagawa ng mga kontraktor at grantee nito. Isinasagawa ang gawaing ito upang matukoy kung sumusunod ba ang mga programa at operasyon sa naaangkop na batas at regulasyon; kung mahusay at matipid bang ginagamit ang mga mapagkukunan ng DOL; at kung nakakamit ba ng mga programa ng DOL ang nilalayong mga resulta nito. Nagsasagawa rin ang OIG ng mga kriminal, sibil, at administratibong imbestigasyon sa mga paglabag umano sa mga pederal na batas na nauugnay sa mga programa, operasyon, at tauhan ng DOL. Bukod pa rito, nagsasagawa ang OIG ng mga kriminal na imbestigasyon upang labanan ang impluwensya ng labor racketeering at organisadong krimen sa mga unyon ng manggagawa sa bansa sa tatlong bahagi: mga plano sa benepisyo ng empleyado, relasyon sa pamamahala sa paggawa, at mga panloob na

usapin ng unyon. Nakikipagtulungan din ang OIG sa iba pang kasosyo sa pagpapatupad ng batas sa mga usapin ng human trafficking.

Tinukoy ng OIG ang humigit-kumulang apat na populasyon ng wika na madalas nitong nakakaugnayan<sup>66</sup> sa pagsasagawa ng mga tungkulin nito: Spanish, French, Russian at Hindi. Available lang sa wikang Ingles ang website ng OIG. Sa FY 2023, sa tulong ng CRC, maglalagay ang OIG ng mga Babel notice sa website nito sa Spanish, French, Russian, Hindi, Simplified Chinese, at Arabic para matiyak na alam ng mga LEP na indibidwal na makakakuha sila ng mga serbisyo sa wika, kung kinakailangan. Sa FY 2024, tatasahin ng OIG kung aling materyal (hal., Form ng Reklamo sa Hotline) ang dapat ding isalin sa website nito sa mga madalas na nakakaugnayan na wika at sisikaping maglagay ng isinaling materyal sa website nito.<sup>67</sup>

Hindi kumukuha ang OIG ng mga indibidwal batay sa kasanayan ng mga ito sa wika, gayunpaman, gumagamit ito ng bilingual / multilingual na kawani na tutulong sa pagbibigay ng mga serbisyo sa wika, kapag kinakailangan. Gayunpaman, hindi tinasa ang mga kawaning ito para sa kakayahan nila sa wika at hindi rin sila sinanay. Hindi rin binibigyan ng OIG ang mga kawani nito ng pagsasanay kung paano tutukuyin at makikipag-ugnayan sa mga LEP na customer o kung paano magbigay ng mga serbisyo sa wika sa mga LEP na customer. Sa FY 2024, makikipagtulungan ang OIG sa CRC upang bumuo ng pagsasanay upang matiyak na alam ng mga kawani kung paano bibigyan ang mga LEP na customer ng access sa mga serbisyo sa wika.

Sa FY 2024, gagawa ang OIG ng isang Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya. Babalangkasin ng plano ang pamamaraan kung paano makukuha / matitiyak ng kawani ang

---

<sup>66</sup> Ilang beses sa isang linggo.

<sup>67</sup> Upang matiyak na hindi kailangang mag-navigate sa Ingles ang mga LEP na customer para ma-access ang mga salin.

mga serbisyo ng tulong sa wika (hal., interpretasyon at pagsasalin) para sa mga LEP na indibidwal, kapag kinakailangan; tutukuyin ang mahahalagang dokumento at ang timeline para isalin ang mga ito; babalangkasin ang proseso sa pagtatasa kung mahalaga ba ang mga dokumento kapag ginawa ito; idedetalye kung paano masusubaybayan ang bilang ng mga indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo sa wika at ang uri ng mga serbisyong ibinigay; at tutukuyin ang mga pangangailangan sa wika ng mga LEP na indibidwal. Sa FY 2024, tatasahin din ng OIG kung kailangang kumuha ng mga kawani na may kakayahan sa wika at tatasahin kung paano ipapatupad ng OIG ang isang estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan upang epektibong makipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal na maaaring mangailangan ng mga serbisyo ng OIG.

## **Tanggapan ng Ombudsman**

Ang Tanggapang ng Ombudsman (OMBUDS) para sa Batas sa Programa ng Kabayaran sa Pagkakasakit sa Trabaho ng mga Empleyado ng Enerhiya ay nagbibigay ng impormasyon, gabay, at tulong sa mga claimant, potensyal na claimant, at iba pang interesadong partido sa mga benepisyong makukuha sa ilalim ng Batas sa Programa ng Kabayaran sa Pagkakasakit sa Trabaho ng mga Empleyado ng Enerhiya, at ang mga kinakailangan at mga pamamaraan na naaangkop sa pagbibigay ng mga benepisyong ito. Bukod pa rito, gumagawa ang OMBUDS ng mga rekomendasyon sa Kalihim tungkol sa lokasyon ng mga sentro ng mapagkukunan para sa pagtanggap at pagpapaunlad ng mga claim at nagsusumite ng taunang ulat sa Kongreso na binabalangkas ang bilang at uri ng reklamo, hinaing, at mga kahilingan para sa tulong na natanggap, at nagbibigay ng pagtatasa sa pinakakaraniwan na mga paghihirap na nararanasan ng mga claimant at potensyal na claimant noong nakaraang taon.

Sa kabila ng madalas na pakikipag-ugnayan sa publiko, limitado at madalang ang pakikipag-ugnayan ng OMBUDS sa mga LEP na indibidwal. Ang mga indibidwal na ito ay karaniwang mga miyembro ng mga Native American na bansa at tribo kung saan nakikipag-ugnayan ang OMBUDS sa mga hall-style outreach na meeting na ginanap sa mga reserbasyon ng Native American. Madalang lang ang mga meeting na ito, at karamihan dito ay itinataguyod ng Kabayaran sa Pagkakasakit sa Trabaho ng mga Empleyado ng Dibisyon ng Enerhiya (Division of Energy Employees Occupational Illness Compensation, DEEOIC) ng Kagawaran ng Paggawa at/o Programang Batas sa Kabayaran sa Pagkakalantad sa Radiation (Radiation Exposure Compensation Act, RECA) ng Kagawaran ng Katarungan (Department of Justice, DOJ). Nagbibigay ang DEEOIC at DOJ ng mga serbisyo ng interpreter para sa mga meeting na ito. Kapag itinataguyod ng OMBUDS ang mga meeting kung saan maaaring dumalo ang mga LEP na indibidwal na Native American, magsasaayos ang OMBUDS ng mga serbisyo ng interpreter gamit ang enterprise-wide BPA.

Sa FY 2023, bubuo ang OMBUDS ng estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan upang matiyak na nagsasagawa ang OMBUDS ng mga makabuluhang hakbang upang magbigay ng access sa wika para sa populasyon na kwalipikado sa serbisyo. Kasama sa estratehiyang ito ang pagtukoy sa mga materyal sa pagsaklaw at pagtatasa kung dapat ba itong isalin sa Navajo o iba pang wika. Para sa anumang materyal sa pagsaklaw na itinuturing na mahalaga, sisikapin ng ahensya na isalin ang mga ito bago matapos ang FY 2024, na gagawa ng panloob na imbakan ng mga isinaling materyal. Bukod pa rito, tatasahin ng OMBUDS kung dapat bang isalin ang anumang mahahalagang dokumentong natukoy o kung hindi man ay gawing available sa ibang wika na malamang na makaugnayan sa panahon ng agarang pagsasagawa ng tunguhin nito (hal., iba pang wikang Native American at Spanish). Batay sa pagpapasiya/pagtukoy ng mahahalagang dokumento sa website nito at/o mga materyal sa pagsaklaw, magbibigay din ang OMBUDS ng mga Babel notice sa Navajo at

Spanish sa website nito upang matiyak na maa-access ng mga LEP na customer ang mga serbisyo sa wika mula sa ahensya, kapag kinakailangan.

Sa FY 2023, bubuo din ang OMBUDS ng mga pamamaraan para masuri ng mga kawani ang mga kahilingan para sa mga serbisyo sa wika mula sa mga LEP na indibidwal. Dahil sa maliit na bilang ng mga LEP na customer na pinaglilingkuran nito, hindi partikular na kumukuha ang OMBUDS ng mga kawani na may kakayahan sa wika. Kung kinakailangan, ire-refer ng OMBUDS ang sinumang LEP na indibidwal sa nauugnay na mga nakasulat na materyal ng DEEOIC, online na video clip, at/o kawani ng Sentro ng Mapagkukunan ng DEEOIC para sa naaangkop na impormasyon at mga serbisyong nauugnay sa EEOICPA. Makikipag-ugnayan din ang OMBUDS sa Nagsisikap na Grupo sa Pag-access sa Wika ng DOL upang ma-access ang mga mapagkukunan ng LEP kung mayroong pangangailangan sa wika na lampas sa saklaw ng mga itinatag na pamamaraan ng OMBUDS. Sisikapin ng OMBUDS na bumuo ng pamamaraan sa FY 2023 para sa mga kawani kapag nakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal sa larangan at sa telepono, upang matiyak na napapanahong ibinibigay ang mga serbisyo. Higit pa rito, makikipag-ugnayan din ang OMBUDS sa workgroup at/o CRC upang matukoy kung kailangan ang mga karagdagang serbisyo, at, kung gayon, upang matiyak na napapanahong ibinibigay ang mga serbisyo.

Sa FY 2024, batay sa mga resulta ng pagtatasa ng OMBUDS sa mga kahilingan para sa mga serbisyo ng mga LEP na indibidwal noong FY 2023, at bilang paghahanda sa posibleng pagdami ng LEP na indibidwal na nakikipag-ugnayan sa ahensya, gagawa ang OMBUDS ng naaangkop na Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya na magtatatag ng mga patakaran / pamamaraan para sa pagbibigay ng mga serbisyo sa wika sa mga LEP na customer; pagsasanay sa mga empleyado kung paano magbigay ng naaangkop na mga serbisyo sa wika; pagsubaybay



sa bilang ng mga LEP na customer na nakatanggap ng mga serbisyo sa wika at ang uri ng ibinigay na mga serbisyo sa wika; at mga pamamaraan sa pagsasalin.

## **Tanggapan ng mga Pamublikong Usapin / Tanggapan ng Pamublikong Pakikipag-ugnayan**

Nakikipag-ugnayan ang Tanggapan ng mga Pamublikong Usapin (Office of Public Affairs, OPA) sa media at sa publiko sa pamamagitan ng Dibisyon sa Media at mga Editoryal na Serbisyo nito (Press Office) at Tanggapan ng Digital na Estratehiya at Serbisyo (Digital Team). Pinamamahalaan ng digital ang lahat ng social media account para sa DOL.

Direkta ding nakikipag-ugnayan ang OPA sa publiko sa pamamagitan ng Sentro ng Pambansang Pakikipag-ugnayan ng Kagawaran ng Paggawa (Department of Labor National Contact Center, DOL-NCC), isang libreng serbisyo sa tawag at pagtugon sa e-mail.

Binibigyan ng DOL-NCC ang publikong Amerikano ng mga serbisyo sa pangkalahatang impormasyon at referral para sa lahat ng ahensya ng DOL sa pamamagitan ng telepono, email, text, at koreo sa U.S. Araw-araw na nakikipag-ugnayan ang OPA sa publiko at panlabas na mga stakeholder, kabilang ang mga LEP na indibidwal, sa pamamagitan ng sulat sa koreo, e-mail, mga tawag sa telepono, newsletter/pamplet, website ('makipag-ugnayan sa amin' o mga feature na chat) at social media.

Libreng nagbibigay ang DOL-NCC ng serbisyo sa interpretasyon ng wika para sa lahat ng linya ng telepono na pinamamahalaan ng OPA. Hindi inaanunsyo ang DOL-NCC sa ibang wika maliban sa Ingles at hindi nito ipinapaalam sa publiko na mayroong ibinigay na libre at napapanahong mga serbisyo sa wika. Kung makipag-ugnayan ang isang LEP na customer sa DOL-NCC, gagabayan sila ng interactive voice response (IVR) na makipag-usap sa isang bilingual na Customer Service Representative (CSR) at magkakaroon na kaagad ng

interpretasyon. Para sa iba pang customer na Hindi Nagsasalita ng Ingles, kumokonekta ang CSR sa Linya ng Wika<sup>68</sup> sa pamamagitan ng pagsasagawa ng conference call bridge sa serbisyo sa Linya ng Wika upang isalin ang pag-uusap. Mula Disyembre 2020 hanggang Hulyo 2022, pinangasiwaan ng DOL-NCC ang 1,142 LEP na tawag sa telepono, kung saan 985 tawag ang isinagawa sa Spanish. Sa panahong iyon, pinangasiwaan din ng DOL-NCC ang mga tawag sa telepono sa maraming iba pang wika,<sup>69</sup> gayunpaman medyo madalang ang mga ito.

Kasalukuyang walang kapasidad ang OPA na isalin ang lahat ng materyal sa mga wika maliban sa Ingles. Karaniwang isinasalin ang ilang partikular na materyal ng OPA, kabilang ang mga inilalabas na balita, sa Spanish o iba pang wika kung kinakailangan. Kapag kailangang isalin ang isang dokumento sa ibang wika maliban sa Ingles, hinihiling ang isang bilingual o multilingual na empleyado<sup>70</sup> na isalin ang dokumento. Maaaring ito ay isang empleyado ng OPA, o kasamahan sa DOL mula sa ibang ahensya na mahusay sa kinakailangang wika. Sa pangkalahatan, isinasalin ang mga release at iba pang materyal kapag maliwanag na malawakang sinasalita sa isang partikular na lugar na saklaw ng media ang isang wika maliban sa Ingles. Kasama rin sa homepage ng DOL.gov ang isang link na "Español," na nagdadala sa mga user sa iba't ibang mapagkukunan ng DOL sa Spanish. Pinapanatili din ng OPA ang DOL Español Twitter account.

Gumagamit din ang tanggapan ng Google Translate<sup>71</sup> at ang linya ng NCC para sa mga pagsasalin sa Spanish. Kapag gumagamit ng Google Translate, nagsasagawa ang OPA ng mga hakbang upang matiyak ang kalidad ng mga salin nito sa pamamagitan ng pagpapasuri sa

---

<sup>68</sup> Malayang pinapatakbo ang mga serbisyo sa Linya ng Wika, hindi nila alam ang mga proseso o programa ng Kagawaran.

<sup>69</sup> Mandarin, Russian, Korean, Haitian Creole, Vietnamese, Arabic, Polish, Somali, French, Cantonese, Uzbek, Farsi, Turkish, Portuguese, Burmese, Bengali, Tagalog, Sylheti, Hindi, Nepali, Swahili, Georgian, Urdu, Krio, Sudanese Arabic, Ilokano, at Bosnian.

<sup>70</sup> Tinatayang anim na empleyado ang nagbibigay ng mga serbisyo sa wikang Spanish pero hindi tinanggap ang mga ito para sa kanilang kakayahan sa wika.

<sup>71</sup> Kinikilala ng OPA na hindi pinakamahusay na kasanayan ang paggamit ng mga online tool sa pagsasalin (hal., Google Translate).

lahat ng materyal na isinalin sa mga kawani na bilingual o multilingual. Sa FY 2023, tutukuyin ng OPA ang mahahalagang dokumento at impormasyon at bubuo ng timeline para sa pagsasalin nito sa ibang wika.<sup>72</sup> Sa FY 2024, bubuo ang OPA ng panloob na pamamaraan ng pagsusuri upang matiyak na ang nilalaman na isinalin gamit ang online na software sa pagsasalin<sup>73</sup> ay sinuri ng isang linguist.<sup>74</sup> Sa FY 2023, isasama ng OPA ang kahit Spanish man lang na Babel notice sa website nito upang matiyak na maabisuhan ang mga LEP na customer tungkol sa mga serbisyo sa wika. Kung hindi man mas maaga, isasama ng OPA sa FY 2024 ang mga karagdagang Babel notice sa website nito sa mga wikang madalas na nakakaugnayan.

Bagama't mayroong ilang multilingual na web content ang DOL, hindi ito halata o madaling ma-access mula sa pangunahing webpage ng DOL. Nasa ibaba ng pangunahing page ng webpage ang access sa salin sa Spanish pero maaaring mahirapan ang mga user na mahanap ito kaagad. Noong Nobyembre 14, 2022, ang U.S. Web Design System ay nagbigay ng gabay sa pagpapakita ng isang language selector. Ito ang "iisang lokasyon, interface, at gawi ng component ng language selector [na] nagbibigay-daan sa mga user na madaling mahanap at ma-access ang content sa wikang pinakakomportable para sa user." Susuriin ng OPA ang gabay na ito at isasaalang-alang ang mga pagbabago sa diwa ng inisyatiba na ito.<sup>75</sup> Makikipagtulungan din ang CRC/COLA at OPA sa mga ahensya ng DOL upang suriin at isama ang mga kasanayan upang matiyak na naa-access ng mga may LEP ang multilingual content ng DOL.<sup>76</sup> Kabilang dito ang pagsusuri ng digital content, at kung paano maaaring gawing mas madaling ma-access ang mga materyal na ito.

---

<sup>72</sup> Ang mga naturang wika ay maaaring Russian, Polish, o Vietnamese.

<sup>73</sup> Google Translate.

<sup>74</sup> Ito ay dapat na isang linguist na pormal na tinasa para sa mga kakayahan sa wika.

<sup>75</sup> Tingnan ang <https://designsystem.digital.gov/components/language-selector/>.

<sup>76</sup> Tingnan ang [Pagpapahusay ng Access sa mga Pampublikong Website at mga Digital Service para sa mga Taong LEP PDF](#)

Sinabi ng OPA na kasalukuyang naghahanap ang ahensya ng mga empleyadong may kakayahan sa ibang wika maliban sa Ingles, at gumagamit ang DOL-NCC ng mga 30 Spanish na bilingual na kawani. Kasalukuyang gumagamit ang OPA ng tinatayang 5 bilingual na kawani na hiwalay sa DOL-NCC. Pinapanatili ng Tanggapan ang isang listahan ng mga empleyado na may kakayahan sa wika na ibinibigay nito sa mga kawani kapag kailangan nila ng tulong sa mga tanong sa telepono at e-mail. Sa FY 2024, bubuo ang OPA ng mga pamamaraan at pagsasanay sa mga kawani tungkol sa pagtukoy sa mga LEP na indibidwal at pagbibigay ng tulong sa wika sa mga LEP na customer.

Sa FY 2024, bubuo ang OPA ng Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya upang matiyak na matutugunan ang mga natukoy na pagkukulang sa pagbibigay ng mga serbisyo sa access sa wika. Itatatag nito ang plano ng OPA na regular na masuri ang mga demograpiko ng mga populasyon na kwalipikado sa serbisyo at kaugnay nilang pangangailangan sa access sa wika. Sa FY 2024, magbabalangkas ang Tanggapan ng mga plano sa pagsusubaybay sa mga pakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal at ang uri ng mga serbisyo ng tulong sa wika na ibinigay. Ang pinakamahalaga ay kasama rito ang isang estratehiya para sa pakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal sa pamamagitan ng mga digital channel.

Regular na nakikipagtulungan ang OPA sa Tanggapan ng Pamublikong Pakikipag-ugnayan (Office of Public Engagement, OPE) sa mga event at inisyatiba sa buong kagawaran. Bagama't hindi magkapareho ang audience ng dalawang ahensya, madalas na nagsasapawan ang mga ito sa pag-aayos ng mga event na dinadaluhan ng media at publiko. Nagtutulungan din ang dalawang tanggapan sa pagtukoy sa mga manggagawa, employer at iba pang stakeholder na itatampok sa mga panloob na produkto ng media ng DOL (ibig sabihin, mga video). Nakikibahagi ang dalawang ahensya sa mga proyekto at nakikipagtulungan sa mga grupo na sumasaklaw sa isang hanay ng mga inisyatiba ng kagawaran.

Tunguhin ng Tanggapan ng Pamublikong Pakikipag-ugnayan (Office of Public Engagement, OPE) na bumuo at magpanatili ng pakikipagtulungan sa mga stakeholder sa ngalan ng Kalihim at ng DOL, na nagbibigay-alam at nagpapabuti sa ating sama-samang gawain sa proseso. Bukod pa rito, sinusupportahan ng OPE ang direktang pakikipag-ugnayan ng Kalihim sa mga stakeholder na ito upang pasiglahin ang pakikipagtulungan at mabuting kalooban sa kagawaran at administrasyon. Sa pagtupad sa tunguhing ito, nakikipag-ugnayan ang OPE sa mga LEP na grupo ng stakeholder at manggagawa. Paminsan-minsan, kailangan ang impormal na pagsasalin at ang mga bilingual na kawani ng OPE ang nagsasalin at nangangasiwa ng isang meeting o nagmo-moderate ng isang roundtable. Hindi na kasama sa trabaho ng kawani ang pagsasaling ito. Bukod pa rito, ang OPE ay paminsan-minsang (mga 2-4 na beses bawat taon) kailangang tumulong sa pagsasalin ng mga materyal upang ma-access ito ng ito mga target na stakeholder ng OPE.

Sa FY 2024, gusto ng OPE na mas palalimin pa ang pakikipag-ugnayan sa mga grupo ng LEP na manggagawa – tulad ng mga manggagawa sa umaga, taga-pack ng karne, manggagawa sa sakahan, atbp. Maghahanap ang OPE ng pondo upang suportahan ang mga serbisyo sa pagsasalin para sa mga sesyon sa roundtable at pakikinig, gayundin ang mga materyal sa pagsaklaw, kung naaangkop.

Sa FY 2024, bubuo ang OPA ng Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya upang matiyak na matutugunan ang mga natukoy na pagkukulang sa pagbibigay ng mga serbisyo sa access sa wika. Itatag nito ang plano ng OPA na regular na masuri ang mga demograpiko ng mga populasyon na kwalipikado sa serbisyo. Magbabalangkas ang Tanggapan ng mga plano sa pagsusubaybay sa mga pakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal at ang uri ng mga serbisyo ng tulong sa wika na ibinigay.

## Serbisyo sa Pagtatrabaho at Pagsasanay ng mga Beterano

Tunguhin ng Serbisyo sa Pagtatrabaho at Pagsasanay ng mga Beterano (Veterans' Employment and Training Service, VETS) na ihanda ang mga beterano, miyembro ng serbisyo, at asawa ng mga sundalo ng America para sa makabuluhang career; bigyan sila ng mga mapagkukunan ng trabaho at kadalubhasaan; protektahan ang kanilang mga karapatan sa trabaho; at itaguyod ang kanilang mga oportunidad sa trabaho. Kabilang sa mga priyoridad tamang paglilipat trabaho mula sa militar tungo sa sibilyan; paggamit ng mga pakikipagsosyo upang mapakinabangan ang mga resulta ng trabaho; at pagtataguyod at pagsusulong ng katarungan, walang diskriminasyon at access para sa mga komunidad na kulang sa serbisyo.

Regular na nakikipag-ugnayan ang VETS sa publiko at panlabas na mga stakeholder sa iba't ibang paraan kabilang ang sa pamamagitan ng mga sesyon sa pakikinig, mga talakayan sa roundtable, sulat sa koreo, imbestigasyon, kumperensya, at pagsasanay. Dahil ang pangunahing target na populasyon nito ay binubuo ng mga kwalipikadong beterano at miyembro ng serbisyo na mahusay sa Ingles,<sup>77</sup> napakadalang ng pakikipag-ugnayan ng VETS<sup>78</sup> sa mga LEP na indibidwal. Kapag nakaugnayan ng VETS ang LEP na indibidwal, karaniwang Spanish ito.

Natukoy ng VETS ang mahahalagang impormasyon na ibinibigay sa website nito. Bukod pa rito, nagpapatakbo ang mga grantee ng VETS ng mga programa na nagbibigay ng mahahalagang impormasyon sa mga LEP na indibidwal, kapag kinakailangan. Gayunpaman, nasa wikang Ingles lang ang ibinibigay na content ng website ng VETS. Sa mga bihirang pagkakataon kung saan hinihiling ang Spanish na content, nagbibigay ng salin ang VETS

---

<sup>77</sup> Kinakailangan sa pagpasok sa mga nakaunipormeng serbisyo.

<sup>78</sup> Tinatayang 1-3 ng naturang mga indibidwal ang naglilingkod taun-taon.

nang naaayon. Nagsagawa ang VETS ng pagsusuri sa mga dokumento at nadiskobre nito na walang karagdagang dokumento ang naglalaman ng mahahalagang impormasyon. Sa FY 2023, magpapakita ang VETS ng Babel notice sa Spanish sa website nito upang matiyak na maa-access ng mga LEP na customer ang mga serbisyo sa wika mula sa ahensya kapag kinakailangan. Isasaalang-alang din ng VETS kung dapat bang gumawa ng mga Babel notice sa ibang wika. Sa FY 2024, sa pagsisikap na mapabuti ang access sa wika, isasalin ng VETS ang mahahalagang impormasyon na ibinibigay sa website nito sa Spanish.<sup>79</sup>

Hindi tahasang kumukuha ng empleyado ang VETS para sa mga bilingual na posisyon. Gayunpaman, mayroong mga kawani ang VETS na may kakayahan sa wika na naglilingkod sa LEP na populasyon nito na nagsasalita ng Spanish sa pambansa at rehiyonal na antas. Bilingual ang mga kawani sa field ng Puerto Rico (mula sa rehiyon ng Boston), gayundin ang ilang kawani sa mga estado ng border sa timog (mula sa rehiyon ng Dallas). Kung hindi panloob na matugunan ng VETS ang mga pangangailangan a wika, hihingi ito ng tulong mula sa mga bilingual na kawani sa ibang ahensya sa Kagawaran at/o makikipag-ugnayan sa mga kontraktor. Sa Puerto Rico, tinatantya ng VETS na mga dalawang posisyon ang mayroong kakayahan sa wikang Spanish. Nagsasagawa ang mga posisyong ito ng Imbestigasyon sa Batas sa Pagpapatrabaho sa mga Serbisyon Nakauniporme at mga Karapatan sa Muling Pagpapatrabaho (Uniformed Services Employment and Reemployment Rights Act, USERRA), sumusubaybay sa mga grant, at nagsasagawa ng pagsaklaw.

Sa FY 2023, bubuo ang VETS ng estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan upang matiyak na nagsasagawa ito ng mga makabuluhang hakbang upang magbigay ng access sa wika para sa populasyon na kwalipikado sa serbisyo. Sa FY 2024, gagawa ang VETS ng isang

---

<sup>79</sup> Sa pinakamababa.

Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya na higit pang magtatasa sa mga serbisyo sa wika na kasalukuyang ibinibigay ng VETS, gayundin ang pagbabalangkas ng anumang karagdagang hakbang na kinakailangan upang matiyak ang makabuluhang access sa wika sa mga LEP na customer. Sa pagtatasa nito, tatalakayin ng VETS kung paano nila titiyakin ang makabuluhang access sa mga asawa ng sundalo, isang bahagi ng pinaglilingkurang populasyon ng VETS na walang kinakailangang kahusayan sa Ingles, at iba pang customer.

### **Kawanihan ng Estadistika ng Paggawa**

Ang Kawanihan ng Estadistika ng Paggawa (Bureau of Labor Statistics, BLS) ay ang pangunahing ahensya sa paghahanap ng katotohanan sa malawak na larangan ng ekonomiya at estadistika ng paggawa at nagsisilbing bahagi ng Sistema ng Pederal na Estadistika ng U.S. Partikular na kinukuha, kinakalkula, sinusuri, at inilalathala ng BLS ang data na mahalaga sa publiko, employer, mananaliksik, at mga organisasyon ng pamahalaan. Sinusukat ng BLS ang aktibidad sa labor market, mga kondisyon sa pagtatrabaho, pagbabago sa presyo, at pagiging produktibo sa ekonomiya ng US upang suportahan ang pampubliko at pribadong pagdedesisyon. Bukod pa rito, gumagamit ang BLS ng mga makabagong pamamaraan upang kumuha, magsuri, at magpakalat ng tumpak, patas, at nauugnay na impormasyon habang pinoprotektahan ang pagiging kumpidensyal ng mga provider ng data.

Sa nakaraan, nagkapagtala ang BLS ng mga limitadong pakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal sa panahon ng trabaho nito, na kinasasangkutan ng personal na pakikipag-ugnayan sa mga employer at sambahayan upang kumuha ng data ng ekonomiya, mga talakayan sa mga kasosyo sa ahensya ng pederal at estado tungkol sa mga programang pang-ekonomiya, at mga tugon sa mga pampublikong katanungan. Kapag nakikipag-ugnayan ang BLS sa mga LEP na indibidwal, ito ay sa pamamagitan ng sulat sa koreo, tawag sa telepono, kumperensya, pagsasanay, at personal o pagkuha ng data sa telepono.



Tinatantya ng BLS ang mga 10 pakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal bawat taon, karamihan ay kinasasangkutan ng personal na pagkuha ng data. Ang pinakamadalas na wika ay Spanish, na sinusundan ng Chinese (Mandarin at Cantonese). Mayroong bihirang pagkikipag-ugnayan ang BLS sa pagkuha ng data (mas mababa sa 1 bawat taon) sa mga indibidwal na nagsasalita ng Korean, Japanese, at Polish. Tulad ng maikling inilarawan sa ibaba, pag-aaralan ng BLS kung maaaring madagdagan ang mga pagsaklaw at pakikipag-ugnayan nito sa mga LEP na employer at sambahayan at sa mabisang pagbibigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika.

Noong FY 2023, nag-compile ang BLS ng listahan ng mga natukoy nitong mahahalagang dokumento,<sup>80</sup> Bubuo ang BLS ng timeline para isalin ang mga natukoy na mahahalagang dokumento sa mga wikang pinakamadalas makaugnayan<sup>81</sup> sa pagsasagawa ng tunguhin ng ahensya. Walang mga Babel notice ang website ng BLS at hindi ito nagbibigay ng impormasyon sa ibang wika maliban sa Ingles. Sa FY 2023, magbibigay ang BLS ng Babel notice sa Spanish at iba pang naaangkop na wika sa website nito upang matiyak na ma-access ng mga LEP na customer ang mga serbisyo sa wika mula sa ahensya, kapag kinakailangan. Nakatuon ang BLS sa pagsasalin ng mga bahagi ng Handbook para sa Pananaw sa Trabaho sa Spanish. Ang mga bahaging pinili ng BLS para sa pagsasalin ay ang mga trabaho kung saan mababa ang mga hadlang sa pagpasok (kinakailangan ang kaunti hanggang walang sa edukasyon); hindi bababa sa \$40,000 bawat taon ang sahod; at maaaring tumatag o tumaas ang pananaw sa trabaho. Sa FY 2023, isasalin din ng BLS sa Spanish ang isang artikulo sa pagsusulat ng resume, mga aplikasyon sa trabaho, at cover letter<sup>82</sup> na makakatulong sa pagpapaunlad ng mga kasanayan sa paghahanap ng trabaho. Isinasagawa na ang pagsasalin

---

<sup>80</sup> Karamihan sa mga natukoy na mahahalagang dokumento ay mula sa mga page ng website.

<sup>81</sup> Sa pagtatapos ng FY 2024.

<sup>82</sup> [Mga Resume, Aplikasyon, at Cover Letter ng BLS PDF.](#)

sa artikulo sa pagsusulat ng resume at makukumpleto ito sa katapusan ng FY 2023. Isasalin sa Spanish ang natukoy na mga profile ng Handbook ng Pananaw sa Trabaho sa pagtatapos ng FY 2024. Magpapatuloy hanggang sa FY 2024 ang pagsasalin sa mga ito at iba pang kapaki-pakinabang na impormasyon at tool sa mga wika maliban sa Spanish.

Sa napakalimitadong pagkakataon, kumukuha ang BLS ng mga empleyado/kontraktor na nagsasalita ng Spanish para sa mga layunin ng pagkuha ng data. Karaniwang kinukuha ng BLS ang mga posisyong ito sa rehiyon ng Boston (na kinabibilangan ng New York at nangangasiwa sa pagkuha ng data sa Puerto Rico) at rehiyon ng San Francisco (California). Sa kasalukuyan, gumagamit ang BLS sa kabuuan ng walong bilingual na kawani na kinuha dahil sa kanilang mga kasanayan sa wika. May maraming hiwalay na bilingual na kawani ang BLS na pana-panahong tinatawagan para tumulong sa mga may LEP. Hindi gumagamit ang ahensya ng anumang serbisyo ng tulong sa wika upang magbigay ng access sa wika at umaasa sa mga kawaning ito na may mga kakayahan sa wika<sup>83</sup> sa buong bansa, upang magsalin at mag-interpret para sa LEP na indibidwal. Kapag kailangan ng BLS na magsalin ng mga dokumento, mayroon itong higit sa isang indibidwal na susuri sa kalidad ng salin. Gumagamit din ang mga kawani ng BLS ng application sa pagsasalin sa telepono<sup>84</sup> upang makipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal, lalo na kapag kumukuha ng data. Dahil karaniwang may mga limitasyon ang naturang mga aplikasyon at hindi itinuturing na pinakamahasay na kasanayan, sisikapin ng BLS sa FY 2024 na humanap ng mga bagong pamamaraan sa pakikipag-ugnayan ng mga kawani para sa pagkuha ng data mula sa mga LEP na indibidwal, upang matiyak na napapanahong ibinibigay ang mga serbisyo at pinakamahasay na natutugunan ang mga pangangailangan ng mga LEP na indibidwal na

---

<sup>83</sup> May kawani ang BLS na nagsasalita ng Vietnamese, Cantonese, at Spanish.

<sup>84</sup> Ang iPhone Translate application na available sa mga cellular device na ibinigay ng pamahalaan.

nangangailangan ng mga serbisyo. Bukod pa rito, pag-aaralan ng BLS sa FY 2024 ang paggamit ng voicemail prompt sa Spanish para matiyak na maa-access ng mga LEP caller ang makabuluhang mga serbisyo sa wika. Mag-aalok ng mga pagsasanay sa mga kawani kung paano matukoy ang mga LEP na customer at kung paano magbigay ng mga serbisyo sa wika, kapag kinakailangan. Bukod pa rito, tatasahin ng BLS sa FY 2024 kung dapat bang partikular na kumuha ng kawani na may mga kakayahan sa wika upang matiyak ang wastong pagkuha ng data at mga representative sample.

Sa FY 2024, gagawa ang BLS ng isang Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya. Habang patuloy na ginagawa at ibinibigay ng BLS ang ilan sa mga nabanggit na impormasyon at/o mga tool (mga artikulo sa pagsulat ng resume, atbp.), dapat ilarawan ang naturang mga serbisyo at gawing available sa ibang wika maliban sa Ingles. Kasama sa planong ito ang mga patakaran / pamamaraan sa pagbibigay ng mga serbisyo sa wika sa mga LEP na customer; isang balangkas ng pagsasanay para sa mga empleyado kung paano magbibigay ng mga serbisyo sa wika; ang pagiging posible na subaybayan ng BLS ang bilang ng mga LEP na customer na nakatanggap ng mga serbisyo sa wika at ang uri ng mga serbisyo ng wika na ibinigay; at mga pamamaraan ng pagsasalin / interpretasyon.

Sa FY 2023, bubuo ang BLS ng estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan. Kasama sa diskarteng ito ang pagtukoy ng mahahalagang materyal sa pagsaklaw at pagtatasa ng mga wikang malamang na makaugnayan upang matukoy ang mga pangangailangan sa pagsasalin. Para sa anumang materyal sa pagsaklaw na itinuturing na mahalaga, sisikapin ng ahensya na isalin ang mga ito bago matapos ang FY 2024, na gagawa ng panloob na imbakan ng mga isinaling mahahalagang dokumento. Susubaybayan ng BLS ang pinahusay na pagsaklaw at access nito, na maaaring magresulta sa pakikipag-ugnayan ng mga LEP na indibidwal na

nagsasalita ng ibang wika. Maaaring partikular na totoo ito kung hindi lubusang kilala, na-advertise, at/o ibinigay sa limitadong paraan ang mga serbisyo ng tulong sa wika.

## **Tanggapan ng Katulong na Kalihim para sa Patakaran**

Ang Tanggapan ng Katulong na Kalihim para sa Patakaran (Office of Assistant Secretary for Policy, OASP) ay ang punong tanggapan ng patakaran, regulasyon, pamamahala ng data at pagsusuri ng Kagawaran ng Paggawa. Mahalaga ang tungkulin ng OASP sa pagbuo at pagsusulong ng mga priyoridad ng kagawaran, pagbibigay ng payo sa Kalihim ng Paggawa, Pangalawang Kalihim ng Paggawa, at pamunuan ng kagawaran sa mga aksyon upang mapabuti ang buhay ng mga manggagawa, retirado, at mga pamilya nito.

Limitado ang pakikipag-ugnayan ng OASP sa publiko at panlabas na mga stakeholder at nagulat ng kaunting pakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal. Karaniwang ilang beses sa ilang taon lang nakakaugnayan ng OASP ang mga LEP na indibidwal, na ang karamihan ay nagsasalita ng Spanish, sa sesyon ng pakikinig, mga talakayan sa roundtable, mga tawag sa telepono, at sa pagbisita sa website, madalas sa pakikipagtulungan sa ibang ahensya. Nag-aalok ang OASP ng mga serbisyo sa wika para sa mga sesyon ng pakikinig at mga talakayan sa roundtable sa pamamagitan ng pag-abiso sa publiko na available ang mga ito nang libre, kung kinakailangan. Halimbawa, noong Disyembre 2022, nag-host ang OASP ng sesyon ng pakikinig tungkol sa hustisyang pangkalikasan. Nai-post ang isang abiso ng sesyon ng pakikinig sa Pederal na Rehistro at nakalista din ang mga opsyon sa pagsasalin at access.<sup>85</sup> Isang kalahok ang humiling ng pagsasalin sa Spanish at ibinigay ang serbisyo sa pamamagitan ng BPA ng Kagawaran. Bukod pa rito, noong Hunyo 2022, nag-host ang OASP

---

<sup>85</sup> Hiniling nito sa mga kalahok na magbigay ng limang araw na abiso sa mga hinihiling na serbisyo.

ng malaking summit na may higit sa 300 kalahok, at inalok ang lahat ng mga serbisyo sa pagsasalin/interpretasyon, kung kailangan nila ang mga ito.<sup>86</sup>

Dahil sa kaunting bilang ng mga LEP na indibidwal na pinaglilingkuran / nakakaugnayan nito, hindi kumukuha ang ahensya ng mga kawani na may kakayahan sa wika. Sa halip, ginagamit ng OASP ang enterprise-wide BPA ng Kagawaran upang matugunan ang mga pangangailangan nito sa pagsasalin at interpretasyon. Hindi sinusubaybayan ng OASP ang bilang ng mga LEP na indibidwal na nakaugnayan nito, o ang uri ng mga serbisyo sa wika na ibinigay. Kapag kailangan ng mga empleyado ng interpreter para makipag-usap sa mga LEP na indibidwal, hihilingin minsan ng OASP sa LEP na indibidwal na maghanap ng sarili nitong interpreter.<sup>87</sup> Kinikilala ng OASP na hindi ito ang pinakamahusay na kasanayan at gagawa ito ng mga panloob na pamamaraan sa FY 2024 na plano sa access sa wika nito upang matigil ang kasanayang ito.

Sa FY 2023, tutukuyin ng OASP ang mahahalagang dokumento nito at bubuo ng plano para isalin ang mga ito kahit sa Spanish man lang. Sa FY 2023, magbibigay din ang OASP ng Babel notice sa Spanish sa website nito upang matiyak na maa-access ng mga LEP na customer ang mga serbisyo sa wika mula sa ahensya kapag kinakailangan. Sa kasalukuyan, walang anumang impormasyon ang website ng OASP sa ibang wika maliban sa Ingles.<sup>88</sup>

Pinamamahalaan ng OASP ang Worker.gov at Employer.gov; ganap na isinalin ang dalawang site sa Spanish. Ang Worker.gov ay isang one-stop na sentro ng mapagkukunan upang tulungan ang mga manggagawa na maunawaan ang kanilang mga karapatan at ma-access ang mga mapagkukunan sa Kagawaran ng Paggawa. Ang Employer.gov ay isang site na nagbibigay kasagutan sa mga tanong ng mga employer tungkol sa iba't ibang isyu

---

<sup>86</sup> Walang natanggap na mga kahilingan.

<sup>87</sup> Kapamilya o kaibigan.

<sup>88</sup> Kailangang mag-navigate sa Ingles na content ang mga LEP na indibidwal upang makarating sa content sa ibang wika.

kabilang ang, pero hindi limitado sa bayad at benepisyong, kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho at iba pang pederal na kinakailangan. Kasalukuyang isinasalin ng OASP ang bagong idinisenyong Worker.gov sa mga sumusunod na wika – Spanish, Simplified Chinese, Traditional Chinese, Arabic, Korean, at Vietnamese. Kamakailan, isinalin ng OASP ang Flyer na Alamin ang Iyong mga Karapatan sa 19 na wika,<sup>89</sup> at available ngayon ang lahat ng isinaling flyer sa Worker.gov. Isinasaalang-alang ng OASP ang mga pagkakataong isalin ang hindi pa muling naidisenyong Employer.gov sa mga sumusunod na limang wika – Spanish, Simplified Chinese, Traditional Chinese, Korean, Vietnamese, at Hindi. Sa FY 2024, tatasahin ng OASP kung anong impormasyon ang dapat na nasa Spanish sa website nito at magpapakita ng impormasyon sa Spanish para hindi na kailangang mag-navigate sa Ingles na webpage ang mga LEP na indibidwal para mahanap ang available na impormasyon. Bubuo din ang OASP ng Spanish na voicemail recording upang matiyak na maipapadala ang mga LEP na tumatawag sa mga serbisyo sa wika na pangtelepono.

Sa FY 2023, bubuo ang OASP ng estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan upang matiyak na nagsasagawa ito ng mga makabuluhang hakbang upang magbigay ng access sa wika sa mga sesyon ng pakikinig at talakayan sa roundtable. Bubuo ang OASP ng mga pamamaraan sa pagtiyak na available ang mga serbisyo sa wika kapag nakikipag-usap sa mga LEP na indibidwal, kabilang ang paggamit ng linya ng wika, kung kinakailangan.

Sa FY 2024, gagawa ang OASP ng isang Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya na magtatatag ng mga patakaran / pamamaraan sa pagbibigay ng mga serbisyo sa wika sa mga LEP na customer; magbalangkas ng pagsasanay para sa mga empleyado kung paano tutukuyin ang mga LEP na indibidwal at magbigay ng mga serbisyo sa wika; magbalangkas

---

<sup>89</sup> Arabic, Chinese (Simplified), Chinese (Traditional), Filipino, Haitian Creole, Hindi, Hmong, Japanese, Korean, Nepali, Polish, Portuguese, Punjabi, Russian, Somali, Spanish, Thai, Urdu, at Vietnamese.

ng mga pamamaraan para sa mga kawani kapag nakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal; tukuyin ang pinaka-epektibong paraan upang masubaybayan ang bilang ng mga LEP na customer na nakatanggap ng mga serbisyo sa wika at ang uri ng mga serbisyo sa wika na ibinigay; at mga pamamaraan ng pagsasalin / interpretasyon.

## **Mga Ahensyang may Madalas na Ugnayan sa LEP**

### **Pangasiwaan ng Seguridad sa mga Benepisyo ng Empleyado**

Nakatuon ang Pangasiwaan ng Seguridad sa mga Benepisyo ng Empleyado (Employee Benefits Security Administration, EBSA) sa pagtuturo at pagtulong sa halos 152 milyong manggagawa, retirado at mga pamilya nito na sakop ng humigit-kumulang 747,000 pribadong retirement plan, 2.5 milyong health plan, at 673,000 iba pang welfare benefit plan na nangangasiwa sa humigit-kumulang \$11.7 trilyon sa asset, pati na rin ang mga sponsor ng plano at mga miyembro ng komunidad ng mga benepisyo ng empleyado. Binabalanse ng EBSA ang maagap na pagpapatupad sa tulong sa pagsunod at masigasig na nagsisikap upang magbigay ng dekalidad na tulong sa mga kalahok at benepisyaryo ng plano. Patakaran ng EBSA na ibigay ang pinakamataas na kalidad ng serbisyo sa mga customer nito.

Gumagana ang EBSA sa rehiyonal na istruktura na may 10 rehiyonal na tanggapan at 3 tanggapan ng distrito na heograpikal na matatagpuan sa Atlanta, Boston, Chicago, Cincinnati, Dallas, Kansas City, Los Angeles, New York, Miami, Philadelphia, San Francisco, Seattle at Washington, DC Sinusuportahan ng mga rehiyonal na tanggapanang ito ang mga serbisyo sa lahat ng 50 estado at teritoryo.

Araw-araw na nakikipag-ugnayan ang EBSA sa mga LEP na indibidwal. Nangako ang EBSA at gumawa ito ng mahahalagang hakbang upang magbigay ng access sa impormasyon nito,

programa, at serbisyo para sa mga taong LEP. Partikular na tinutukoy ng bawat rehiyon ng EBSA ang malalaking pangkat ng wika nito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagtatasa ng mga populasyon sa loob ng kanilang heograpikong lugar upang matukoy ang mga pangangailangan sa pagkuha ng mga tauhan na makikipag-ugnayan sa mga taong LEP. Isinagawa ng mga rehiyon ang demograpikong pagsusuri na ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga database ng istatistika<sup>90</sup> at hindi umasa sa pagsusuri ng mga indibidwal na nakipag-ugnayan sa EBSA sa nakaraan. Sa paggawa nito, natukoy ng EBSA ang 24 na wika na nakauugnayan nito habang isinasagawa ang mga tunguhin nito; 12 sa mga wikang iyon ang madalas na nakakaugnayan sa mga rehiyonal na tanggapan at tanggapan ng distrito, na may mga indibidwal na nagsasalita ng Spanish, Cantonese, at Mandarin na madalas na nakakaugnayan sa lahat ng rehiyon kung saan gumagana ang EBSA. Binabalangkas ng talahanayan sa ibaba ang karagdagang 9 na wika na madalas na nakakaugnayan, ng tanggapan.

<b>Tanggapan ng EBSA</b>	<b>Wikang Madalas Nakakaugnayan<sup>91</sup></b>
Mga Rehiyonal na Tanggapan ng Atlanta / Tanggapan ng Distrito ng Miami	Haitian Creole at Korean
Rehiyonal na Tanggapan ng Boston	French, Polish, at Portuguese
Rehiyonal na Tanggapan ng Cincinnati	Arabic
Rehiyonal na Tanggapan ng Chicago	Arabic, Polish, at Tagalog
Rehiyonal na Tanggapan ng Dallas	French and Vietnamese

<sup>90</sup> hal., [Statistical Atlas, Pangkalahatang-ideya ng page ng United States.](#)

<sup>91</sup> Madalas na nakakaugnayan ang mga indibidwal na nagsasalita ng Spanish, Cantonese, at Mandarin sa lahat ng rehiyon kung saan gumagana ang EBSA.



<b>Tanggapan ng EBSA</b>	<b>Wikang Madalas Nakakaugnayan<sup>91</sup></b>
Rehiyonal na Tanggapan ng Kansas City	Vietnamese
Rehiyonal na Tanggapan ng Los Angeles	Korean, Tagalog, at Vietnamese
Rehiyonal na Tanggapan ng New York	Russian
Rehiyonal ng Philadelphia / Washington DC Mga Tanggapan ng Distrito	Arabic, French, Korean, Russian, Tagalog, at Vietnamese
Mga Rehiyonal na Tanggapan ng San Francisco / Mga Tanggapan ng Distrito ng Seattle	Tagalog

Sa kasalukuyan, available ang website ng EBSA sa Ingles at may landing page na nagbibigay ng impormasyon sa Spanish. Sa pagtatapos ng FY 2023, babaguhin ng EBSA ang website upang magbigay ng mga Babel notice sa 12 wikang tinukoy nito nitong malalaki.<sup>92</sup> May plano din ang EBSA na magdagdag ng mga webpage sa iba pang madalas na nakakaugnayang mga wika sa pagtatapos ng FY 2023. Noong FY 2022, nagsimulang mag-aalok ang EBSA ng access sa mga live na Tagapayo sa Benepisyo sa 12 iba't ibang wika.<sup>93</sup> Bukod pa rito, available ang mga serbisyo sa pagsasalin sa 105 wika. Kasalukuyang nakikibahagi ang EBSA sa pagsusuri sa pagiging nagagamit ng website na kinabibilangan ng mga LEP na komunidad. Makikita ang mga resulta ng pagsusuring ito sa pag-unlad ng website sa hinaharap. Sa FY 2024, magtatatag ang ahensya ng timeline para sa mga pagsasalin ng website na ito at tutukuyin kung kailangan pa ang karagdagang pagsasalin

<sup>92</sup> Spanish, Arabic, Simplified Chinese, Traditional Chinese, French, Haitian Creole, Korean, Polish, Portuguese, Russian, Tagalog, at Vietnamese.

<sup>93</sup> Spanish, Arabic, Cantonese, Mandarin, French, Haitian Creole, Korean, Polish, Portuguese, Russian, Tagalog, at Vietnamese.

(pati na rin ang pagsasalin ng bago o binagong impormasyon at mga dokumento habang ginagawa ang mga ito).

Pangunahing nakikipag-ugnayan ang EBSA sa mga LEP na indibidwal sa pamamagitan ng kontraktor ng interpretasyon sa telepono na may kakayahang magbigay ng tulong sa interpretasyon sa 105 wika. Noong FY 2022,<sup>94</sup> sa pamamagitan ng kontrata ng interpretasyon sa telepono na ito, humigit-kumulang 1,600 pakikipag-ugnayan ang ginawa sa Spanish; wala pang 21 pakikipag-ugnayan ang ginawa sa mga taong nagsasalita ng ibang wika, kabilang ang Cantonese, Mandarin, Haitian Creole, Vietnamese, Portuguese, Korean, Polish, French, at Tagalog. Nag-iiba ang dalas ng mga tawag ayon sa mga pangkat ng wika. Nag-aalala ang EBSA na baka hindi alam ng naturang kaunting bilang ng mga kontak na hindi nagsasalita ng Ingles ang mga serbisyo ng EBSA. Alinsunod dito, sa FY 2024, bibigyang-pansin ng EBSA ang mga pagsisikap na maabot ang malalaking grupo ng wika upang matiyak ang sapat na access.

Mayroon ding libreng hotline ang EBSA para sa mga LEP na indibidwal. Upang matiyak na "user friendly" ito, nakipagtulungan ang ahensya sa isang kontraktor upang isalin ang mga mensahe ng audio system sa 12 wika.<sup>95</sup> Humigit-kumulang 7,500 - 9,000 libreng tawag sa hotline ang ginagawa sa Spanish taun-taon. Sa FY 2024, higit pang ia-advertise ng EBSA ang mga LEP na serbisyong ito sa mga komunidad na walang kalaban-laban.

Ang Opisina ng Pagsaklaw, Edukasyon, at Tulong ng EBSA ay nagsasalin ng mga publikasyon, script ng video, at iba pang medium sa ibang wika sa loob ng maraming taon gamit ang mga propesyonal na serbisyo sa pagsasalin. Para sa mas maiikling dokumento, sinusuri ng mga

---

<sup>94</sup> Tinatayang sa Oktubre 2021 hanggang Setyembre 2022.

<sup>95</sup> Spanish, Cantonese, Mandarin, Vietnamese, Korean, Haitian Creole, Polish, Tagalog, French, Arabic, Russian, at Portuguese.

kawani na may kakayahan sa wika ang mga pagsasaling ito upang i-verify na tumpak ang mga ito. Pinapanatili din ng EBSA ang isang kasunduan sa Pambansang Pangkat ng Serbisyo sa Wika ng Kagawaran ng Depensa upang magbigay ng katiyakan sa pagsasalin para sa mga publikasyon, presentasyon, at iba pang materyal. Hindi gumagamit ang EBSA ng mga online na tool sa pagsasalin o software sa kanilang pagsusuri sa mga salin. Para sa mas mahahabang dokumento, gumagamit ang EBSA ng mga kinontratang tagasalin at proofreader. Maraming rehiyonal na tanggapan ang may mga kawani na nagsasalita ng iba't ibang wika at hihingi ng tulong ang mga imbestigador sa naturang mga indibidwal kung ang kaso ay may kinalaman sa mga LEP na manggagawa. Mayroong listahan ang bawat rehiyonal na tanggapan ng mga kawani na may kakayahan sa wika para sa layuning ito. Pinapanatili din ng EBSA ang isang imbakan ng mga isinaling dokumento sa rehiyonal at pambansang antas at gumagamit ng isang interagency network upang iimbak ang lahat ng isinaling dokumento para magamit/sanggunian ng mga kawani. Gumagamit din ang EBSA ng Spanish glossary para tulungan ang kawani sa mga function ng pagsasalin at interpretasyon. Bago ang FY 2022, isinalin ng EBSA sa Spanish ang 10 sa pinaka hinihiling at ginagamit nitong publikasyon na tulong sa kalahok.<sup>96</sup> Noong FY 2022, sinimulang isalin ng EBSA ang mga pangunahing publikasyong ito sa 11 pang wika.<sup>97</sup> Nagsimula ang EBSA sa mga publikasyong ito dahil direkta itong nakakaapekto sa mga manggagawang Amerikano. Inaasahang matatapos ang pagsasalin sa mga publikasyong ito sa pagtatapos ng FY 2023. Bilang bahagi ng mga inisyatiba ng LEP ng EBSA para sa FY 2024, patuloy na tutukuyin ng

---

<sup>96</sup> Nangungunang 10 Paraan Maging Epektibo para sa Iyo mga Benepisyo Mo sa Kalusugan; Nangungunang 10 Paraan para Maghanda sa Pagreretiro; Iyong mga Karapatan Pagkatapos ng Mastectomy; Kung Ano ang Dapat Mong Malaman Tungkol sa Iyong Plano sa Pagreretiro; Gabay ng Empleyado sa mga Benepisyong Pangkalusugan sa ilalim ng COBRA; Savings Fitness; Pag-alis ng Misteryo sa Pagpapalano ng Pagreretiro; Nangangailangan ng mga Pagpipilian sa Kalusugan ang mga Pagbabago sa Buhay; Nangangailangan ng mga Pagpipilian sa Kalusugan ang mga Pagbabago sa Trabaho; at Paghahain ng Claim para sa Iyong mga Benepisyong Pangkalusugan.

<sup>97</sup> Arabic, Simplified Chinese, Traditional Chinese, French, Haitian Creole, Korean, Polish, Portuguese, Russian, Tagalog, at Vietnamese.

ahensya kung aling mga materyal ang isasalin, kabilang ang mga publikasyon at materyal sa presentasyon ng pagsaklaw.

Sinasagot ng mga Tagapayo sa Benepisyo ng EBSA ang mga tanong sa pamamagitan ng telepono at sulat, at pagsasagawa ng pagsaklaw. Natuklasan at sinasangguni din nila ang mga potensyal na paglabag na hindi impormal na malulutas. Kasalukuyang gumagamit ang mga Tagapayo sa Benepisyo ng mga mapagkukunan ng kontrata upang magbigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika. Epektibo ang paggamit sa mga mapagkukunang ito kapag: 1) madaling matukoy ang mga pangangailangan sa wika; 2) alam ng mga kawani kung paano makipag-ugnayan sa mga serbisyo sa pagsasalin at mga tagapagsalin at mga LEP na indibidwal habang naghihintay ng tulong ang mga ito; at 3) maaaring gawing napapanahon ang mabisang komunikasyon/pakikipag-ugnayan. Bukod pa rito, magsisikap ang ahensya sa FY 2024 upang matiyak tinatasa ng mga Tagapayo sa Benepisyo na nagbibigay ng pagsaklaw ang mga pangangailangan sa wika bago ang mga event upang may kawani sa mga event na maaaring makipag-usap sa mga LEP na indibidwal sa mga naaangkop na wika. Gagawin ding available ang mga materyal (na may impormasyon sa pakikipag-ugnayan para libreng makakuha ng tulong) sa maraming wika.

Nakikipag-ugnayan ang mga imbestigador sa mga claimant at testigo, na kumukuha ng mga pahayag at sinusuri ang dokumentasyon, na maaaring nasa ibang wika maliban sa Ingles.<sup>98</sup> Gayunpaman, walang pormal na sistema ang EBSA upang tiyakin at/o magtalaga ng mga bilingual na empleyado sa mga imbestigasyon o iba pang kaso na maaaring nauugnay sa mga LEP na manggagawa. Sa halip, kapag may nakakaugnayang LEP na indibidwal, humihingi ng tulong ang EBSA mula sa mga kawani na may kakayahan sa wika, kung

---

<sup>98</sup> Karaniwang nasa Spanish ang naturang dokumentasyon, lalo na ang mga imbestigasyon na may kaugnayan sa mga planong matatagpuan sa Puerto Rico.

available. Upang matiyak patuloy na ibinibigay ang mga serbisyo sa wika, babalangkasin ng EBSA sa FY 2024 na Plano sa Access sa Wika nito na partikular sa ahensyang isang protocol kung paano dapat na lumahok o lumalahok ang mga imbestigador sa pagsasalin sa telepono at/o mga serbisyo sa interpretasyon, kapag kinakailangan. Gagawin at isasagawa din ang mga pagsasanay para sa mga kawani sa mga patakarang gagawin para sa pakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal.

Plano ng EBSA na tiyakin ang makabuluhang access ng mga LEP na indibidwal sa mga aktibidad ng imbestigasyon, halimbawa, kung paano maa-access ng EBSA ang tulong sa interpretasyon habang nagsasagawa ng mga imbestigasyon, kabilang ang mga nasa mismong lugar. Pagbubutihin ng EBSA ang pantay na access sa sarili nitong mga programa/serbisyo ngunit maaari ring maimpluwensyahan ang industriya na suportahan ang epektibong komunikasyon sa mga LEP na indibidwal kapag tinitiyak na hinahanap/isinasaalang-alang ang mga karanasan ng LEP.

Noong FY 2022, isinali sa mga anunsyo ng trabaho ng EBSA ang paghingi ng mga kasanayang bilingual para sa mga Tagapayo sa Benepisyo at Imbestigador. Sa ngayon, sampung indibidwal ang tinanggap na may kasanayang bilingual. Sa FY 2023, ipinagpatuloy ng EBSA ang pangako nito na kukuha ng mga bilingual na Tagapayo sa Benepisyo at imbestigador upang matugunan ang mga pangangailangan sa tunguhin nito. Hinihiling sa bawat rehiyon na ituon ang mga pagsisikap nito sa pagha-hire sa mga lugar na tinukoy sa nakumpletong pagtatasa ng wika. Ginawa ang mga paglalarawan ng posisyon at anunsyo ng trabaho para dito.

Nakipag-ugnayan ang EBSA sa isang marketing contractor para bumuo ng pagmemensahe at mga medium sa 12 wika maliban sa Ingles.<sup>99</sup> Dahil sa marketing plan na ito, malalaman na ng mga tao mayroong impormasyong makukuha sa website ng EBSA sa mga wikang iyon. Nakikipag-ugnayan din ang EBSA sa mga organisasyon ng komunidad upang magtatag ng mga relasyon na sumusuporta sa pakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal.

Tinutukoy ng mga rehiyonal na tanggapan ng EBSA ang mga LEP na komunidad sa kanilang mga nasasakupan at, sa pamamagitan ng pagsaklaw at networking, nag-set up ito ng mga presentasyon sa mga komunidad na iyon upang ituro sa mga kalahok at benepisyaryo ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng mga batas sa benepisyong ng empleyado. Isinasagawa ang mga presentasyong ito ng mga bilingual na Tagapayo sa Benepisyong ng EBSA at nagsasalita ng wika ng LEP na komunidad kung saan ang presentasyon. Sa panahon ng COVID-19, virtual na isinagawa ang marami sa mga presentasyong ito kahit na ginawa sa mga lokal na komunidad (hal., mga Konsulado ng Mexico) ang mga presentasyong ito sa nakaraan. Nilalayon ng EBSA na ipagpatuloy ang proseso ng pagsasagawa ng mga on-site na presentasyon sa FY 2024. Nakadepende sa rehiyon ang dalas ng mga event, ngunit isinasagawa ng ilang rehiyon ang mga presentasyong ito buwan-buwan. Noong FY 2022, itinatag ng EBSA ang mga Tagapayo sa Benepisyong ng Komite sa Pagsaklaw ng Komunidad na Kulang sa Serbisyo (ang Komite ng mga Kulang sa Serbisyo), na binubuo ng mga Tagapayo sa Benepisyong mula sa buong bansa at naglalayong pataasin ang presensya ng EBSA sa mga komunidad na kulang sa serbisyo, kabilang ang may malalaking bilang ng mga LEP na komunidad. Sa FY 2023, buwanang nagme-meeting ang Komite ng Kulang sa Serbisyo upang magbigay ng pinakamahuhusay na kasanayan sa mga rehiyonal na tanggapan kung paano epektibong makakagawa ng mga koneksyon sa mga LEP na komunidad. Patuloy na

---

<sup>99</sup> Spanish, Arabic, Simplified Chinese, Traditional Chinese, French, Haitian Creole, Korean, Polish, Portuguese, Russian, Tagalog, at Vietnamese.

isasagawa ng Komite ng mga Kulang sa Serbisyo ang mahalagang gawain nito sa FY 2024. Noong FY 2022, iniulat ng EBSA ang pagsasagawa ng 183 event sa pagsaklaw sa ibang wika maliban sa Ingles: 170 sa Spanish at ang iba pang 13 sa Arabic, Chinese, French, Haitian Creole, Polish, at Tagalog. Upang mapanatili ang pag-unlad nito at matiyak na magpapatuloy ang regular na pagsubaybay at mga kasunod na pagsisikap, patuloy na mag-aanunsyo ang EBSA sa FY 2023 tungkol sa pagkakaroon ng mga libreng serbisyo ng tulong sa wika, kung paano i-access ang mga serbisyong ito, at kung paano magtatanong o ipapaabot ang mga alalahanin.

Bukod pa rito, ibabalangkas ng ahensya sa FY 2024 na Plano sa Access sa Wika nito ang mga plano sa pagsuri sa mga demograpiko ng mga populasyon na kwalipikado sa serbisyo (mga indibidwal na maaaring makipag-ugnayan sa mga programa, serbisyo/impormasyon ng EBSA) at mga kaukulang mapagkukunan na kailangan upang matiyak ang patuloy na makabuluhang access habang nagbabago ang mga populasyon at programa.

### **Pangasiwaan ng Pagtatrabaho at Pagsasanay**

Ang Pangasiwaan ng Pagtatrabaho at Pagsasanay (Employment and Training Administration, ETA) ay tumutulong sa paggana ng U.S. labor market sa pamamagitan ng pagbibigay ng dekalidad na pagsasanay sa trabaho, trabaho, impormasyon sa labor market, at mga serbisyo sa pagpapanatili ng kita lalo na sa pamamagitan ng estado at lokal na mga sistema ng pagpapaunlad ng mga manggagawa.

Partikular na pinangangasiwaan ng ETA ang pagsasanay sa trabaho ng pederal na pamahalaan at mga programa ng dislokasyon ng manggagawa, mga grant sa estado para sa mga programa ng serbisyo sa pampublikong trabaho, pagproseso ng aplikasyon para sa sertipikasyon ng paggawa ng dayuhan, at mga programa ng insurance sa kawalan ng

trabaho. Pangunahing ibinibigay ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng estado at mga lokal na sistema ng pagpapaunlad ng mga manggagawa.

Pinopondohan ng mga tanggapan ng programa na nasa loob ng ETA ang mga kasosyo sa pamumuhunan ng mga manggagawa upang pangasiwaan ang mga programa sa pagpapaunlad ng mga manggagawa na nagbibigay serbisyo para sa mga LEP na indibidwal, at/o direktang naglilingkod sa mga LEP na indibidwal. Kahit na maraming tanggapan ng programa ang ETA maliban sa mga itinampok sa ibaba, hindi sila direktang nakikipag-ugnayan sa mga LEP na customer. Gayunpaman, sa FY 2024, tatasahin ng ETA ang lahat ng pakikipag-ugnayan ng mga tanggapan ng programa sa mga LEP na indibidwal upang matiyak na sapat ang pagtugon nito sa mga pangangailangan ng mga LEP na indibidwal upang magbigay ng makabuluhang access sa wika.

### **ETA (Pangkalahatan)**

Araw-araw na nakikipag-ugnayan at naglilingkod sa mga LEP na indibidwal ang mga grantee ng ETA, ngunit may limitadong direktang pakikipag-ugnayan ang ahensya sa customer. Nagbibigay ang ETA ng access sa publiko sa isang toll-free na helpline na naghahatid ng impormasyon tungkol sa mga serbisyong pinondohan ng ETA, na available hanggang sa 253 wika, at ang maraming wika na sinasalita ng mga LEP na indibidwal at ng mga grantee ng serbisyo nito,<sup>100</sup> kabilang ang ilang wikang Native American.

Ang Libreng Linya ng Tulong ng ahensya ay nagsisilbing “pangunahing pinto” ng isang database na maraming impormasyon ng mga serbisyo at mapagkukunan ng kagawaran,

---

<sup>100</sup> Kasama sa mga wikang nakaugnayan ang Spanish, French, Portuguese, Italian, Chinese (Mandarin), Chinese (Cantonese), Korean, Vietnamese, Tagalog (Pilipinas), Thai, Arabic, Hindi/Urdu, Gujarati, Russian, Polish, Farsi, French Creole, Swahili, Amharic/Somali, Native Hawaiian, Samoan, Fijian, Tongan, Marshallese, Cherokee/Tsalagi, Choctaw, at Muskogee.



tulad ng mga lokasyon ng American Job Center sa buong bansa, in-demand na mga pagkakataon sa pag-hire sa bansa, impormasyon sa pag-layoff, at tulong sa insurance sa kawalan ng trabaho.

Nag-aalok ang Libreng Linya ng Tulong ng on-call na mga serbisyo ng interpretasyon, kung kinakailangan. Sinasagot din ng linya ng tulong ang mga madalas itanong at magsisimula ng kahilingan sa pananaliksik kung kailangan ng karagdagang impormasyon. Kung gayon, mayroon at patuloy na makikipag-ugnayan ang ETA sa tumatawag gamit ang naaangkop na wika. Inililista ng ETA ang Libreng Linya ng Tulong sa ilang pampublikong website, tulad ng site [ng CareerOneStop](#) at page ng contact ng ahensya, at kadalasang kasama ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga hard copy na materyal na ipinamamahagi sa publiko.

Upang matiyak na alam ng mga LEP na indibidwal available ang libre at napapanahong mga serbisyo sa wika, magbibigay ang ETA ng mga Babel notice sa FY 2023<sup>101</sup> sa pangunahing website nito. Sa FY 2024, gagawa din ang ETA ng mga hiwalay na webpage ng suporta sa wika<sup>102</sup> na nag-aalok ng impormasyon at mga link/form para sa, hindi bababa sa, dalawang wikang hindi Ingles<sup>103</sup> na pinakamadalas na nakakaugnayan ng ETA, at aalisin ang Online Translation Software mula sa mga website nito.

Natukoy ng ETA ang isang listahan ng mga mahahalagang dokumento na isasalin. Sa FY 2023, bubuo ang ahensya ng plano para sa pagsasalin ng mga natukoy na mahahalagang dokumento sa malalaking grupo ng wika sa buong bansa at susuriin kung may anumang karagdagang mahahalagang dokumento ang mga tanggapan ng programa na kailangang

---

<sup>101</sup> Sa Spanish, Simplified /Traditional Chinese, Vietnamese, Korean, Tagalog, Cherokee/Tsalagi, Arabic, Hindi/Urdu, at Native Hawaiian.

<sup>102</sup> Na sumasalin sa mahalagang impormasyon na ibinigay sa Ingles na webpage.

<sup>103</sup> Kinakailangan ang Spanish na content.

isalin. Ihahayag din ng ahensya ang kanilang mga layunin sa pagsasalin ng mahahalagang dokumento sa iba pang wika, kabilang ang pagdedetalye ng mga target na wika, paglikha ng mga timeframe para matapos ang pagsasalin, at pagsisikap na isalin ang mahahalagang dokumento at impormasyon gamit ang mga available na nakakontratang serbisyo. Isasaalang-alang ang mga partikular na pangangailangan ng mga tanggapan kapag bumubuo ng timeline para isalin ang mahahalagang materyal. Sa pagtatapos ng FY 2024, isasalin ng ETA ang lahat ng dokumentong natukoy nitong mahalaga sa mga wikang pinakamadalas makaugnayan sa pagsasagawa ng tunguhin nito. Gagawa rin ang ETA ng SOP na nagbabalangkas kung paano matutukoy ang mahahalagang dokumento sa hinaharap.

Makikipagtulungan ang ilang tanggapan ng ETA sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad o mga grupo ng adbokasiya. Dahil sa lawak at pokus ng mga programang pinangangasiwaan sa pamamagitan ng tanggapan, ang mga programa ng Tanggapan ng Pamumuhunan sa mga Manggagawa (Office of Workforce Investment, OWI) ay may pinakamataas na antas ng pakikipag-ugnayan sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad, bagaman, kahit para sa OWI, karamihan sa mga komunikasyon nito ay sa mga grantee. Nagsusumikap ang ETA na pataasin ang direktang pakikipag-ugnayan nito sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad upang maabot ang mas maraming organisasyon. Bilang bahagi ng pagsisikap sa pagsaklaw na iyon, na kasalukuyang isinasagawa lamang sa Ingles, sinusuri ng ETA kung paano ito makakapagbigay ng impormasyon sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad sa ibang wika. Bubuuin ng ETA ang pagsaklaw nito sa mga wika maliban sa Ingles sa pamamagitan ng kinakailangang Estratehiya sa Pagsaklaw at Pakikipag-ugnayan na kukumpletuhin ng bawat ahensya ng DOL sa FY 2023. Halimbawa, nagdaraos ang OWI ng mga webinar para sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad upang ipaalam sa kanila ang tungkol sa mga anunsyo ng pagkakataon sa pagpopondo, madalas na nakikipag-meeting sa mga nagbibigay ng serbisyo sa kabataan upang magbigay

ng teknikal na tulong, at regular na nakikipag-ugnayan sa mga grantee ng organisasyong nakabatay sa komunidad. Bubuo ang ETA ng estratehiya sa pagsaklaw at Pakikipag-ugnayan sa FY 2023 na makikipag-ugnayan sa mga organisasyong naglilingkod sa mga LEP na indibidwal at maghahatid ng impormasyon tungkol sa mga programa at serbisyo ng ETA at kung paano ito magbibigay ng napapanahong tulong sa mga wika maliban sa Ingles.

Sa FY 2024, gagawa ang ETA ng Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya, na inayos ayon sa tungkulin, na magtatatag ng mga patakaran/pamamaraan para sa:

- Pagbibigay ng mga serbisyo sa wika sa mga LEP na customer.
- Pagsasanay sa mga empleyado kung paano magbigay ng mga serbisyo sa wika (hal., kung paano matukoy kung LEP ang isang indibidwal, kung paano tukuyin ang mga pangangailangan ng isang LEP na indibidwal, at kung paano magbibigay ng mga serbisyo sa wika sa mga customer).
- Pagsubaybay sa bilang ng mga LEP na customer na nakatanggap ng mga serbisyo sa wika at ang uri ng mga serbisyo sa wika na ibinigay; at mga pamamaraan sa pagsasalin.

Tatasahin ng bawat tanggapan ng programa na nakabalangkas sa ibaba ang posibleng antas ng pakikipag-ugnayan ng mga ito (paghahambing sa antas na ito sa mga dating pakikipag-ugnayan upang bahagyang matukoy kung kailangan bang paunlarin ang mga naunang pagsisikap) sa mga LEP na customer upang matiyak na ginagampanan ng mga tanggapan ang mga responsibilidad nito na magbigay ng mga serbisyo sa wika. Gagawa rin ang ETA ng panloob na listahan<sup>104</sup> ng mga empleyado na may kakayahan sa wika at handang magbigay ng mga serbisyo sa wika at tatasahin kung dapat nitong isama ang mga kakayahan/pagtatasa

---

<sup>104</sup> Ibabahagi sa mga kawani.

sa wika sa proseso ng pag-hire sa pambansa at rehiyonal na antas. Tatasahin ng ETA ang mga kakayahan sa wika ng mga kasalukuyang empleyado upang matiyak na mabisa nilang maisalin at/o matapos ang pagsasalin sa ibang wika maliban sa Ingles.

### **Tanggapan ng Apprenticeship**

Itinataguyod ng Tanggapan ng Apprenticeship (Office of Apprenticeship, OA) ang pagsasanay ng mga manggagawa sa America na kayang makipagsabayan sa daigdig sa pamamagitan ng mga rehistradong programa ng apprenticeship (registered apprenticeship program, RAP). Ang OA ay nagbibigay ng pagpopondo at iba pang mapagkukunan, pangangasiwa, patnubay, at teknikal na tulong sa mga negosyo, asosasyon sa industriya, paggawa, estado, organisasyong pang-edukasyon, sistema ng pampublikong manggagawa, at iba pang nauugnay na kasosyo at stakeholder upang simulan, palawakin, at isulong ang mga apprenticeship.

Sa loob ng Rehistradong Sistema ng Apprenticeship, karaniwang nangyayari ang dalawang pangunahing direktang pakikipag-ugnayan ng OA sa mga customer sa panahon ng proseso ng pagpaparehistro sa apprenticeship at proseso ng reklamo nito. Bilang suporta sa pagtaas ng access sa wika sa loob ng programa sa apprenticeship nito, tinukoy ng OA ang dalawang pangunahing form na isasalin sa Spanish bilang bahagi ng FY 2023 na mga layunin sa pagsasalin: 1) Form ng Pagtanggap sa Apprenticeship at 2) Form ng Reklamo sa Apprenticeship. Patuloy na susuriin ng OA ang pagtukoy nito sa mahahalagang dokumento at isasaalang-alang ang iba pang wika kung saan isasalin ang mga materyal sa FY 2024.

### **Tanggapan ng mga Pangkat ng Trabaho**

Ang Tanggapan ng mga Pangkat ng Trabaho (Office of Job Corps, OJC) ay ang pinakamalaking programa sa pagsasanay para sa residential na career sa buong bansa at 50

taon na itong gumagana. Tinutulungan ng OJC ang mga karapat-dapat na kabataang 16-24 taon na magsanay para sa makabuluhang mga career, makapagtapos ng edukasyon sa high school, at makakuha ng trabaho. Nag-aalok ang programa ng 81 high-demand na mga landas sa career at sinasanay ang mga mag-aaral sa loob ng 18 hanggang 24 na buwan. Mayroong 123 sentro sa U.S. at Puerto Rico ang OJC.

Alinsunod sa Handbook ng Patakaran at mga Kinakailangan (Policy and Requirements Handbook, PRH) ng Job Corps na nagbibigay ng mga direktiba sa patakaran at patnubay tungkol sa pagpapatakbo ng mga sentro sa buong bansa, dapat magkaroon ang mga kontraktor sa pagsaklaw at pagtanggap ng Plano sa Kahandaan sa LEP na nagbabalangkas sa mga hakbang na isasagawa upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga LEP na aplikante. Bilang resulta, inatasan ng OJC ang mga provider ng admission nito sa mga Pangkat ng Trabaho na panatilihin ang access sa mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon sa maraming wika upang tulungan ang mga LEP na indibidwal sa panahon ng admission. Kailangan ding tiyakin ng mga provider ng admission sa simula pa lang ng proseso ng aplikasyon kung nangangailangan ba ng tulong sa wika ang aplikante. Karaniwan para sa mga aplikante na makatanggap ng suporta sa anyo ng personal o telephonic na interpretasyon. Sa kasalukuyan, nagbibigay ang mga Pangkat ng Trabaho ng collateral ng pagsaklaw (mga materyales sa impormasyon, ang Tool sa Paghahayag ng Interes) sa Spanish. Available din ang ilang materyal na nagbibigay impormasyon (hal., mga brochure ng programa) sa karagdagan pang wika. Sa FY 2024, susuriin ng mga Pangkat ng Trabaho kung dapat bang gawing available sa iba't ibang wika ang iba pang impormasyon.

Maliban sa admission, inatasan din ng OJC ang mga sentro na bumuo ng mga estratehiya upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga LEP na mag-aaral sa lahat ng panahon ng Sistema ng mga Serbisyo sa Pagpapaunlad ng Career. Nagtatalaga ang mga

sentro ng Nag-aaral ng Wikang Ingles (English Language Learner, ELL)/LEP coordinator na mangangasiwa at susubaybay sa mga programa at serbisyo para sa mga LEP na mag-aaral kabilang ang pamamahala sa regular na pakikipagtulungan sa pagitan ng mga tagapagturo ng wikang Ingles at tagapagturo ng pagsasanay sa teknikal na career upang bumuo ng mga estratehiya para sa pakikipagtulungan sa mga LEP na estudyante. Sinusubaybayan ng OJC ang pagsunod sa kinakailangang ito bilang bahagi ng proseso ng Komprehensibong Pagtatasa ng Rehiyonal na Tanggapan at Nakatarget na Pagtatasa ng Rehiyonal na Tanggapan. Kung kinakailangan, susubaybayan ng mga Rehiyon ang pagwawasto ng sentro sa mga bahaging ito kung may nakitang hindi pagsunod.

Ginagamit din ng OJC ang PRH nito upang magbigay ng mandatoryong operasyon ng programa at mga kinakailangan sa pag-uulat para sa mga kontraktor na nagpapatakbo ng mga Sentro ng Trabaho at nagbibigay ng mga serbisyo sa pagpapatala at pagpapatrabaho. Umaayon ang PRH sa mga Pederal na batas at regulasyon, kabilang ang Seksyon 188 ng Batas sa Pagbabago at Pagkakataon ng mga Manggagawa (Workforce Innovation and Opportunity Act, WIOA), at mga probisyon sa walang diskriminasyon at pantay na pagkakataon. Simula sa Mayo 2023, mangongolekta ang OJC ng data ng sentro ng akademikong programa kabilang ang taunang pagkuha ng data para sa mga hadlang sa karunungan bumasa, sumulat at bumilang ng mga mag-aaral bilang bahagi ng proseso ng Taunang Pagsusuri sa Sentro ng Akademikong Programa at Pag-uulat ng Pagpapalano.

### [Tanggapan ng Insurance sa Walang Trabaho](#)

Responsibilidad ng Tanggapan ng Insurance sa Walang Trabaho (Office of Unemployment Insurance, OUI) ang pagbibigay ng pamumuno, direksyon, at tulong sa mga ahensya ng manggagawa ng estado sa pagpapatupad at pangangasiwa ng mga programa ng insurance sa walang trabaho sa estado (unemployment insurance, UI), mga programa ng kabayaran

sa Pederal na kawalang trabaho, at iba pang pagkawala ng sahod, dislokasyon ng manggagawa, at pagsasaayos. mga programa ng kabayaran sa tulong. Nagbibigay ang OUI ng pangangasiwa, patnubay, at teknikal na tulong para sa sistema ng kabayaran sa kawalan ng trabaho ng pederal na estado at suporta sa badyet at pambatasan sa mga ahensya ng mga manggagawa ng estado upang pangasiwaan ang mga programa ng UI nito.

Karaniwang nangyayari ang mga pakikipag-ugnayan ng OUI sa mga customer sa pamamagitan ng pangangasiwa, pagpopondo, at teknikal na tulong na ibinibigay ng mga ito sa mga ahensya ng UI ng estado. Direktang nakikipag-ugnayan ang mga ahensya ng UI ng estado sa mga customer, na may isang eksepsyon. Kapag tutol ang mga customer sa pagdedesisyon ng estado ng pagiging karapat-dapat sa ilalim ng programang Tulong sa Sakuna para sa Walang trabaho (Disaster Unemployment Assistance, DUA), responsibilidad mga Rehiyonal na Tanggapan ng ETA ang pagsasagawa ng patas na pagdinig. Gayunpaman, hindi kasama sa mga pagdinig na ito ang mga panayam sa mga claimant. Kung ibinigay ang impormasyon at/o mga desisyon, titiyakin ng ETA na magaganap ang mga komunikasyon sa mga naaangkop na wika.

Sa pangangasiwa ng mga programa ng UI, dapat sumunod ang mga ahensya ng manggagawa ng estado sa mga kinakailangan sa walang diskriminasyon na nakabalangkas sa Seksyon 188 ng WIOA at magbibigay ng makabuluhang access sa mga pangangailangan ng LEP na serbisyo. Karaniwang ginagamit ng mga ahensya ng estado ang kumbinasyon ng mga kwalipikadong kawani na binigyang merito ng estado at mga eksperto sa pagsasalin at interpretasyon na sinusupportahan ng vendor para sa tuluy-tuloy at on demand na paghahatid ng LEP na serbisyo. Karaniwang may ugnayan ang mga ahensya ng manggagawa ng estado at mga organisasyong nakabatay sa komunidad upang maunawaan ang mga nagbabagong pangangailangan ng LEP. Aktibong tinutulungan ng OUI ang mga ahensya ng

manggagawa ng estado upang pahasayin ang mga serbisyo sa mga grupong kulang sa serbisyo at dati nang binabalewala, kabilang ang mga LEP na indibidwal, sa pamamagitan ng mga grant at teknikal na tulong.

Nakikipagtulungan ang OUI sa Tanggapan ng Modernisasyon ng Insurance sa Walang Trabaho ng Kagawaran upang palawakin at isulong ang “simpleng wika” ng mga materyal at sistemang kinakaharap ng customer sa loob ng mga programa ng insurance sa kawalan ng trabaho ng manggagawa ng estado, pati na rin ang pangangasiwa ng mas mahusay na mekanismo ng estado para sa mga serbisyo sa pagsasalin sa mga customer na nagnavigate sa mga programang ito.

### **Tanggapan ng Pamumuhunan sa mga Manggagawa**

Responsibilidad ng Tanggapan ng Pamumuhunan sa mga Manggagawa (Office of Workforce Investment, OWI) ang pagbibigay ng pambansang pamumuno, pangangasiwa, gabay sa patakaran, at teknikal na tulong sa one-stop na sistema at ang mga kabataan at nasa hustong gulang na pagpapatrabaho at mga programa sa pagsasanay na pinondohan sa ilalim ng Batas sa Pagbabago at Pagkakataon ng mga Manggagawa. Pinangangasiwaan ng OWI ang karamihan sa mga programa nito sa pamamagitan ng mga grant, ngunit may ilang lugar kung saan namamahala ang mga kawani ng OWI ng mga produkto o programa na direktang nakikipag-ugnayan sa publiko.

Pinamamahalaan ng OWI ang website ng CareerOne Stop ng ahensya ([www.CareerOneStop.org](http://www.CareerOneStop.org)), ang tanging daanan para makakuha ng mga elektronikong tool at mapagkukunan na nauugnay sa paghahanap ng career, mga opsyon sa pagsasanay at edukasyon, at paghahanap ng trabaho. [Kasalukuyang available at isinalin ang website sa Spanish](#) at may kasamang hanay ng mga mapagkukunan para sa mga naghahanap ng



trabaho, upang makapagsaliksik sila ng mga career, makapaghanap ng impormasyon sa suweldo at benepisy, makapaghanap ng mga pagkakataon sa edukasyon at pagsasanay, makapagplano ng paghahanap ng trabaho, makapagsulat at mapabuti ang mga resume at cover letter, at makapaghanda para sa isang job interview. Sa FY 2024, sasabak ang ETA sa isang proseso ng pagsusuri upang matiyak na maaasahan ang salin ng site na ito. Bukod pa rito, isasaalang-alang nito kung dapat bang magsalin sa ibang wika maliban sa Ingles o Spanish at/o kung posible at epektibo ba ang ibang mga pagsisikap na dagdagan ang pagkakaroon ng impormasyon. Kung naaangkop, sisimulan ng ETA ang proseso ng pagpapalano para sa karagdagang pag-unlad sa bagay na ito.

Pinamamahalaan din ng OWI ang O\*NET, na nagsisilbing pangunahing pinagmumulan ng impormasyon sa trabaho ng bansa at nagbibigay ng data upang suportahan ang mga indibidwal sa paghahanap ng pagsasanay at mga trabahong kailangan nila, at suportahan ang mga employer sa paghahanap ng mga may kasanayang manggagawa na kailangan upang makipagsabayan sa marketplace. Nag-aalok ang O\*NET ng website sa paghahanap ng career sa wikang Spanish, ang MiProximoPaso ([www.miproximopaso.org](http://www.miproximopaso.org)), na nagbibigay-daan sa mga naghahanap ng career na nagsasalita ng Spanish na suriin ang mahigit 900 trabaho gamit ang interactive na web-based na mga tool. Sa FY 2024, sasabak ang ETA sa isang proseso ng pagsusuri upang matiyak na maaasahan ang salin ng site nito. Bukod pa rito, isasaalang-alang nito kung dapat bang magsalin sa ibang wika maliban sa Ingles o Spanish at/o kung posible at epektibo ba ang ibang mga pagsisikap na dagdagan ang pagkakaroon ng impormasyon. Kung naaangkop, sisimulan ng ETA ang proseso ng pagpapalano para sa karagdagang pag-unlad sa bagay na ito.

Pinangangasiwaan ng OWI ang Monitor Advocate System, isang sistema ng pagsubaybay ng pederal na estado na tumitiyak na ang mga imigrante at pana-panahong magsasaka

(migrant and seasonal farmworkers, MSFW) ay may pantay na access sa mga serbisyo sa career, pagpapaunlad ng kasanayan, at mga proteksyon ng manggagawa na makakatulong na mapabuti ang kanilang mga kondisyon sa pamumuhay at pagtatrabaho. Sa antas ng estado, mayroong Tagapagtaguyod ng Pagsubaybay ng Estado (State Monitor Advocate, SMA) ang bawat ahensiya ng manggagawa ng estado, na patuloy na sumusuri ng mga serbisyo sa MSFW ng estado. Sa pagsasakatuparan ng Monitor Advocate System, pinangangasiwaan ng ETA ang pagsunod ng estado sa mga pederal na regulasyon na nag-aatas na gumamit ang bawat ahensiya ng manggagawa ng estado ng isang Tagapagtaguyod ng Pagsubaybay ng Estado at mga kawani na maaaring magsagawa ng pagsaklaw sa mga magsasaka, na dapat makipag-usap sa wikang karaniwan sa mga imigrante at panapahong magsasaka—na kadalasang Spanish, bagama't dumarami din ang ibang wika—o mayroong MSFW na pinagmulan o may malaking karanasan sa pagsasaka.

Sa pederal na antas, mayroong mga Rehiyonal na Tagapagtaguyod ng Pagsubaybay ang mga rehiyonal na tanggapan ng ETA, na sumusuporta sa mga Tagapagtaguyod ng Pagsubaybay ng Estado (State Monitor Advocate, SMA), at isang Pambansang Tagapagtaguyod ng Pagsubaybay, na nangangasiwa sa buong sistema. Sinusunod ng ETA ang parehong mga kwalipikasyon sa pagpili ng Pambansang Tagapagtaguyod ng Pagsubaybay at mga Rehiyonal na Tagapagtaguyod ng Pagsubaybay nito. Sa isang eksepsyon, hindi gumagawa ang tanggapan ng materyal para sa mga magsasaka; ang mga kawani ng pagsaklaw ng estado na inilarawan sa itaas ang nakikipag-usap sa mga magsasaka. Pinapanatili ng tanggapan ang isang form sa paghahain ng reklamo tungkol sa mga serbisyo sa pagtatrabaho, sa ilalim ng OMB approval number 1205-0039. Isinasalin ng OWI ang form na ito sa Spanish at iba pang wika na karaniwan sa mga magsasaka sa FY 2023. Sa pambihirang pagkakataon na makikipag-ugnayan ang isang miyembro ng publiko

sa kawani ng DOL MSFW para sa impormasyon o tulong, magpapatupad ang mga kawani ng DOL ng isang protocol upang magbigay ng mga serbisyo ng tulong sa ad hoc na wika.

Pinangangasiwaan ng Dibisyon ng mga Programa ng Indian at Native American (Division of Indian and Native American Programs, DINAP) ng OWI ang mga grant sa pagpapatrabaho at pagsasanay sa ilalim ng Seksyon 166 ng Batas sa Pagbabago at Pagkakataon ng mga Manggagawa sa mga Pederal na kinikilalang mga tribo, at mga organisasyon ng tribo. Tulad ng ibang team ng programa sa OWI, hindi nagbibigay ang DINAP ng mga serbisyo sa mga naghahanap ng trabaho, sa halip ay gumagana ito sa pamamagitan ng mga grantee.

Pinangangasiwaan ng lahat grantee ang kanilang mga grant sa Ingles kasama ng ETA at iba pang Pederal na ahensya. Navajo ang pinakakaraniwan na ginagamit na katutubong wika sa U.S. Ang Navajo Nation ay ang pinakamalaking grantee ng DINAP at nakikipag-ugnayan sa ETA at DINAP sa Ingles. Bagama't nakaugalian na ng lahat ng grantee ng DINAP na makipag-ugnayan sa Ingles, maaaring magkaroon ng ibang pangangailangan sa hinaharap ang isang grantee, kung saan hahanap ang ETA ng mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon.

Flexible ang mga grantee sa kung paano naghahatid ng mga serbisyo ang mga ito sa mga naghahanap ng trabaho; ayon sa pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo sa ilalim ng grant, mga Native American ang mga naghahanap ng trabaho. Kasama sa flexibility na ito ang paghahatid ng mga serbisyo sa wika ng komunidad bilang isang pangkalahatang estratehiya at pagsasama ng mga tagubilin sa mga serbisyo sa katutubong wika. Sa pambihirang pagkakataon na makikipag-ugnayan ang isang miyembro ng publiko sa DINAP para sa impormasyon o tulong, magpapatupad ang mga kawani ng DOL ng isang protocol upang magbigay ng mga serbisyo ng tulong sa ad hoc na wika.

## **Tanggapan ng Sertipikasyon sa Dayuhang Paggawa**

Pinoprotektahan ng Tanggapan ng Sertipikasyon sa Paggawa ng Dayuhan (Office of Foreign Labor Certification, OFLC) ang mga sahod at kundisyon ng pagtatrabaho sa U.S. at dayuhang manggagawa habang nagbibigay ng mga sertipikasyon sa paggawa sa mga karapat-dapat na employer sa U.S. na kumuha ng mga dayuhang manggagawa kapag walang available na legal na manggagawa sa US.

Pinangangasiwaan ng OFLC ang isang online na portal, ang [SeasonalJobs.dol.gov](https://SeasonalJobs.dol.gov), na nagpapakalat ng mga available na pansamantala at pana-panahong mga pagkakataon sa trabaho kung saan maaaring interesadong mag-apply ang mga manggagawa sa U.S. Ginagawa ng [SeasonalJobs.dol.gov](https://SeasonalJobs.dol.gov) ang impormasyon tungkol sa H-2A at H-2B na pagkakataon sa trabaho na mas naa-access ng mga manggagawa sa U.S. na limitado ang kahusayan sa Ingles sa pamamagitan ng pag-aalok ng salin sa Spanish ng parehong nilalaman ng website ([seasonaljobs.dol.gov/es](https://seasonaljobs.dol.gov/es)) at ang mga partikular na tuntunin at kondisyon ng bawat pagkakataon sa trabaho. Sa FY 2024, sasabak ang ETA sa isang proseso ng pagsusuri upang matiyak na maaasahan ang salin ng site. Bukod pa rito, isasaalang-alang nito kung dapat bang magsalin sa ibang wika maliban sa Ingles o Spanish at/o kung posible at epektibo ba ang ibang mga pagsisikap na dagdagan ang pagkakaroon ng impormasyon. Kung naaangkop, sisimulan ng ETA ang proseso ng pagpapalano para sa karagdagang pag-unlad sa bagay na ito.

## **Tanggapan ng Tulong sa Pagsasaayos ng Kalakalan**

Nabibigay ang Tanggapan ng Tulong sa Pagsasaayos ng Kalakalan (Office of Trade Adjustment Assistance, OTAA) ng mga pagkakataon sa mga manggagawang apektado ng mga pagkakataon sa dayuhang kalakalan na makakuha ng mga kasanayan, kredensyal,

mapagkukunan, at suportang kinakailangan para (muling) bumuo ng mga kasanayan para sa mga trabaho sa hinaharap. Pangunahing naa-access ng mga manggagawang sinusupportahan ng TAA Program, kabilang ang mga LEP na indibidwal, ang mga serbisyo sa pamamagitan ng mga ahensya ng manggagawa ng estado at mga lokal na tanggapan nito bilang kinakailangang mga kasosyo ng manggagawa.

Bagama't pangunahing paraan para sa mga manggagawa na makisali sa Programa ng TAA ang mga ahensya ng manggagawa ng estado, nagbibigay ng babel notice sa website ang OTAA, mahahalagang form gaya ng petisyon ng TAA at form ng aplikasyon para sa muling pagsasaalang-alang sa Spanish at nagpapanatili ng isang listahan ng mga wikang sinasalita ng mga kawani upang mas mahusay na tumugon sa mga tanong sa ibang wika. Ang TAA ay nagbibigay ng pagpopondo sa pamamahala ng kaso sa mga ahensya ng estado upang magbigay ng napapanahong pagsasalin at mga katulad na serbisyo upang magbigay ng higit na access sa sistema ng mga manggagawa. Kinakailangang magbigay ang mga estado ng mga babel notice bilang bahagi ng pagsaklaw ng manggagawa at tiyakin ang access sa iba pang serbisyo sa suporta sa wika.

## **Kawanihan ng mga Usapin sa Internasyonal na Paggawa**

Tunguhin ng Kawanihan ng mga Usapin sa Internasyonal na Paggawa (Bureau of International Labor Affairs, ILAB) na palakasin ang mga pandaigdigang pamantayan sa paggawa, ipatupad ang mga pangako sa paggawa sa mga kasosyo sa kalakalan, itaguyod ang katarungan ng lahi at kasarian, at labanan ang internasyonal na pagpapatrabaho sa bata, sapilitang pagpapatrabaho, at human trafficking. Ipinapatupad lamang sa ibang bansa ang mga programang teknikal na tulong ng ILAB. Ang Tanggapan ng Pagpapatrabaho sa Bata, Sapilitang Pagpapatrabaho, at Human Trafficking (Office of Child Labor, Forced Labor, and Human Trafficking, OCFT) ng ILAB, Tanggapan ng Internasyonal na Ugnayan at Ekonomikong

Pananaliksik (Office of International Relations and Economic Research, OIRER) at Tanggapan ng mga Usapin sa Kalakalan at Paggawa (Office of Trade and Labor Affairs, OTLA) ay araw-araw na nakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal sa pamamagitan ng mga sumusunod na medium: mga sesyon ng pakikinig, mga talakayan sa roundtable, focus group, partnership, sulat sa koreo, email, imbestigasyon, pagsusuri, audit, tawag sa telepono, webinar, website/feature na makipag-ugnayan sa amin, social media, kumperensya, pagsasanay, at/o sa pamamagitan ng Hotline ng United States-Mexico-Canada Agreement (USMCA).<sup>105</sup> Dahil sa likas na katangian ng gawain nito, regular na nakakaugnayan ng ILAB ang maraming wika sa agarang pagsasagawa ng tunguhin nito.<sup>106</sup>

Ang mga tungkulin ng mga empleyado na may partikular na kakayahan sa wika na nagtatrabaho sa ILAB ay karaniwang mga espesyalista/opisyal sa internasyonal na ugnayan, na nagbibigay ng pananaliksik at pagsusuri sa mga isyu ng pagpapatrabaho sa bata, sapilitang pagpapatrabaho, at human trafficking sa mga itinalagang bansa para makapag-ambag sa mga ulat na ipinag-uutos ng Kongreso at Executive Order; makipag-ugnayan sa mga dayuhang pamahalaan o iba pang opisyal ng gobyerno ng U.S.; makipag-ayos, subaybayan at ipatupad ang mga probisyon sa paggawa ng mga kasunduan sa malayang kalakalan; subaybayan at suriin ang mga patakaran at kasanayan ng mga bansa sa pagpapatupad ng kanilang mga batas sa paggawa na may kinalaman sa mga internasyonal na pamantayan sa paggawa; magdisenyo, mangasiwa, at sumuporta sa pagsubaybay, pagsusuri, pananaliksik, pag-aaral at mga aktibidad sa data na may kaugnayan sa mga

---

<sup>105</sup> Hindi regular na nakikipag-ugnayan sa publiko ang iba pang tanggapan ng ILAB, maliban na lang kapag humihingi ng pampublikong komento sa pamamagitan ng mga abiso sa pederal na pagpaparehistro o kapag naghahanap ng mga pagsusumite ng impormasyon tungkol sa pagsunod ng mga kasosyo sa kalakalan sa kanilang mga obligasyon sa paggawa.

<sup>106</sup> Spanish, French, at kung minsan ay Arabic. Hindi rin gaano, at sa ganitong sitwasyon ay, nakakaugnayan ng ILAB ang Portuguese, German, Mandarin, Chinese (Simplified and Traditional), Vietnamese, Thai, Khmer, Burmese, Hindi/Urdu, Bengali, Russian, Swahili, Amharic/Somali, Albanian, Azeri, Bosnian, Bahasa, Romanian, Malay, Montenegrin, Dari, Pashto, Creole, Farsi, Korean, Tagalog, Fijian, Dutch, Armenian, Bengali, Tigrinya, Serbian, Nepali, Georgian, at Ukrainian.

programang teknikal na tulong. Bukod pa rito, ang mga empleyado ng ILAB na mga labor attaché ay kinukuha at/o mayroong mga kakayahan sa wika. Ang mga labor attaché ay nagsisilbing mga pangunahing dalubhasa sa mga isyu sa pagtatrabaho sa paggawa at mga pag-unlad ng mga dayuhang bansa sa pagtatalaga at pagbibigay ng representasyon sa lugar, at nagbibigay ng eksperto at may awtoridad na payo sa lahat ng aspeto ng patakaran at programa na nauugnay sa kumpletong hanay ng internasyonal na tunguhin ng DOL at kumakatawan mga priyoridad ng Kalihim ng Paggawa sa embahada.

Sa ngayon, nasa Ingles ang ipinapakitang impormasyon sa website ng ILAB. Bagama't binibigyang pagkakataon ang ILAB ang mga indibidwal na maghain ng mga reklamo sa ilalim ng libreng kasunduan sa kalakalan sa Spanish, Arabic, at French, kailangan pa ring mag-navigate ng mga LEP na indibidwal sa Ingles na content ng web para mahanap ang mga multilingual na form ng reklamo. Sa FY 2023, isasama ng ILAB ang mga Babel notice<sup>107</sup> sa mga webpage na nagli-link sa mahahalagang impormasyon upang matiyak na maa-access ng mga LEP na customer ang mga serbisyo sa wika. Sa FY 2023, sisikapin ng ILAB na tiyaking maaaring i-navigate ng mga LEP na customer ang lahat ng available na isinalin na content<sup>108</sup> sa website nito. Sa FY 2023, tinukoy ng ILAB ang mahahalagang dokumento nito at sinimulan itong isalin sa mga madalas na nakakaugnayang wika. Inaasahang matatapos ang pagsisikap na ito sa katapusan ng FY 2024.

Umaasa ang ILAB sa bilingual o multilingual na kawani o sa interagency na kasunduan sa Tanggapan ng mga Serbisyo sa Wika ng Kagawaran ng Estado para sa mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon. Mayroon ding mga serbisyo sa interpretasyon at pagsasalin na ginawang available para sa mga pansamantalang pagtatalaga, na pinondohan sa

---

<sup>107</sup> Spanish, French, at Arabic.

<sup>108</sup> Kasama ang mga form ng reklamo nito.

pamamagitan ng "fund cite memo" at inayos ng U.S. Mga embahada sa ibang bansa. Nag-aalok ang ILAB ng USMCA hotline, na nagsisilbing online na mapagkukunan kung saan maaaring maghatid ng impormasyon ang mga nagsasalita ng Ingles, Spanish, o French tungkol sa pagsunod sa mga probisyon sa paggawa ng kasunduan sa US-Mexico-Canada. Ganap na inaalok ang sistemang ito sa mga bersyong French, Spanish, at Ingles. May mga empleyado ang ILAB na may mga kakayahan sa wika na tumutugon sa anumang komento na ginawa sa Ingles, Spanish, at French. Bukod pa rito, nauunawaan ng ILAB na maaaring magsumite ang mga nagsasalita ng katutubong wika ng mga pampublikong komento o mga kahilingan para sa impormasyon sa ilalim ng 20 kasunduan sa malayang kalakalan na mayroon ang U.S. sa ibang bansa. Sa pagkakataong iyon, sisikapin ng ILAB na isalin ang mga isinumiteng ito at tumugon sa napapanahong paraan.

Mula 2019, humigit-kumulang 25 ang tinanggap na empleyado na may mga kakayahan sa wika at karagdagang 15 pa na mayroong mga kakayahan sa wika pero hindi partikular na kinuha para dito. Partikular na kumukuha ang ILAB ng mga indibidwal na mahusay sa Spanish para sa rehiyon ng Latin America at Caribbean; Arabic para sa rehiyon ng Middle East at North Africa; French para sa rehiyon ng Sub-Saharan Africa; Portuguese para sa Brazil; at Mandarin para sa China. Mayroon ding kakayahan sa mga wikang Vietnamese, Bengali, at Haitian Creole ang mga empleyado ng ILAB. Tinatasa ang mga kwalipikasyon sa wika ng mga aplikante gamit ang nakasulat na sample at sinusuri para sa katumpakan; isasagawa ang bahagi ng panayam sa ibang wika kung saan sila kinukuha. Sa ngayon, walang listahan ang ILAB ng mga empleyado na may mga kakayahan sa wika; gayunpaman, sa FY 2024, upang mapadali ang mas mahusay na tulong sa wika, bubuo ang Kawanihan (at ibabahagi ito sa mga kawani) ang isang listahan ng mga empleyadong may kakayahan sa wika. Bukod pa rito, bubuo ang ILAB ng pagsasanay kung paano tutukuyin ang mga LEP na customer, makikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal, at kung paano makakuha ng mga



serbisyo sa wika, kung kinakailangan. Bukod pa rito, sa FY 2024, bubuo ang ILAB ng mga voicemail prompt sa maraming wika<sup>109</sup> upang matiyak na mabibigyan ng mga serbisyo sa wika ang mga LEP na tumatawag.

Nakikipagtulungan ang ILAB sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad, mga grupo ng adbokasiya, mga non-government na organisasyon, mga multilateral na organisasyon, maliliit na negosyo, malalaking kumpanya, non-profit na organisasyon, internasyonal na pampublikong organisasyon, at mga unibersidad upang maabot o makipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal gamit ang medium na nakalista sa itaas. Hindi nagpapatupad ang ILAB ng anumang programa sa United States, ngunit regular na nakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal ang mga grantee at sub-grantee ng ILAB sa ibang bansa. Sa FY 2024, bubuo ang ILAB ng estratehiya sa Pagsaklaw at Pakikipag-ugnayan na nagbabalangkas kung paano ipapaalam ang mga responsibilidad sa mga serbisyo sa wika at tinatasa ang pagiging epektibo ng pagsaklaw at pakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal.

## **Pangasiwaan ng Kaligtasan at Kalusugan sa Minahan**

Tumutulong ang Pangasiwaan ng Kaligtasan at Kalusugan sa Minahan (Mine Safety and Health Administration, MSHA) na mabawasan ang mga pagkamatay, injury, at pagkakasakit sa mga minahan ng bansa sa pamamagitan ng iba't ibang aktibidad at programa.

Ipinapatupad ng MSHA ang mga probisyon ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Pederal na Minahan ng 1977 (Batas sa Minahan) ayon sa binago ng Batas sa Pagpapaunlad ng Minahan at Bagong Tugon sa Emergency (Mine Improvement and New Emergency Response, MINER) ng 2006. Bumubuo at ipinapatupad ng ahensya ang mga panuntunan sa kaligtasan at kalusugan para sa lahat ng mga minahan sa U.S., at nagbibigay ng teknikal,

---

<sup>109</sup> Spanish, French, at Arabic (o anumang wika na para sa ILAB ay kinakailangan).

edukasyonal, at iba pang uri ng tulong sa mga operator ng minahan. Nakikipagtulungan din ang MSHA sa ahensya ng industriya, paggawa, at iba pang pederal at estado na ahensya upang mapabuti ang mga kondisyon ng kaligtasan at kalusugan para sa lahat ng minero sa United States. Mahalaga ang epektibong komunikasyon para matugunan ng Ahensya ang tunguhin nito.

Regular na nakikipag-ugnayan ang MSHA sa mga LEP na indibidwal at nag-uulat ng ilang beses sa isang linggong pakikipag-ugnayan. Sa panahon ng mga meeting, inspeksyon, at sa pamamagitan ng komunikasyon sa telepono/e-mail, pinakamadalas na nakakaugnayan ng MSHA ang mga indibidwal na nagsasalita ng Spanish. Gayunpaman, walang sistema ang ahensya para sa pagsubaybay sa bilang ng mga LEP na indibidwal na pinaglilingkuran nito, o ang uri ng mga serbisyo ng tulong sa wika na ibinibigay nito sa mga indibidwal.

Sa FY 2024, isasaalang-alang ng ahensya ang pagpapalawak ng pagsaklaw sa wika ng mga LEP na nagsasalita ng iba't ibang karaniwang wika. Ayon sa data mula sa 2021 na Survey sa Amerikanong Komunidad (American Community Survey, ACS) tungkol sa mga manggagawa sa pagmimina, bagama't Ingles at Spanish ang pinakakaraniwang sinasalitang wika, kinakatawan din ang mga nagsasalita ng German, Vietnamese, Hindi, Marathi, Arabic, Farsi, Chinese (Traditional at Simplified), Polish , Yoruba, Thai, Lao, French, at Tagalog.

Sa FY 2023, bumuo ang MSHA ng listahan ng mga mahahalagang dokumento<sup>110</sup> na kailangang isalin at kasalukuyang isinasalin sa Spanish ang mga dokumentong ito. Tinatasa din ng MSHA kung dapat bang isalin ang mga natukoy na dokumento sa ibang wika na maaaring makaugnayan habang agarang ipinapatupad ang tunguhin nito<sup>111</sup> o natukoy sa

---

<sup>110</sup> Kasama ang mga nasa webpage ng MSHA.

<sup>111</sup> hal., Navajo.

pamamagitan ng ACS.<sup>112</sup> Ibinibigay ng MSHA ang online na form na "Reklamo sa Mapanganib na Kondisyon" sa Spanish. Gayunpaman, dapat munang mag-navigate ang mga indibidwal sa mga Ingles na tagubilin bago mahanap ang Spanish na form. Sa FY 2023, isasama ng MSHA ang isang Spanish na Babel notice sa website nito upang matiyak na alam ng mga LEP na customer kung paano sila makakakuha ng mga serbisyo sa wika.<sup>113</sup> Bubuuin din ng MSHA ng plano nito na isalin ang mga natukoy na mahahalagang dokumento at magtatatag ng pana-panahong pagsusuri sa mga isinaling dokumento upang matiyak ang katumpakan. Bukod pa rito, sa FY 2023, ipapakita ng MSHA ang Spanish complaint form sa homepage nito upang matiyak ang access para sa mga LEP na customer.

Noong 2022, tinasa ng MSHA ang pangangailangan ng mga inspektor na nagsasalita ng Spanish sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagsusuri sa populasyon<sup>114</sup> sa industriya ng pagmimina at inihambing ang pagsusuring iyon sa mga inspektor na nakatalaga sa iba't ibang heograpikal na lugar. Ipinakita ng mga resulta ng pagtatasa na kailangang kumuha ng MSHA ng mga kawani na may mga kakayahan sa wika.<sup>115</sup> Kasalukuyang may apat na inspektor ang MSHA sa mga kawaning kinuha na may kakayahan sa wikang Spanish<sup>116</sup> at tatlong karagdagang empleyado, na ginagamit ang kakayahan nila sa wikang Spanish, bagama't hindi sila partikular na tinanggap (o tinasa) para sa mga ito. Sa proseso ng pagkuha, tinasa ang kahusayan sa Spanish ng mga kandidato sa pamamagitan ng Spanish na proseso ng panayam. Gayunpaman, kasalukuyang walang pagsasanay ang MSHA para sa mga kawani na inaasahang gagamit ng mga kakayahan sa wika, at walang magagamit na

---

<sup>112</sup> Tungkol sa mga minero.

<sup>113</sup> Sa FY 2024, tatasahin ng MSHA kung anumang iba pang wika ang dapat isama sa Babel notice sa website nito.

<sup>114</sup> Paggamit ng ilang database.

<sup>115</sup> mga pangunahing inspektor na nagsasalita ng Spanish bilang suporta sa mga rehiyon ng Southwest, South, at Northeast ng U.S.

<sup>116</sup> Matatagpuan sa Southwest na rehiyon ng U.S.

mga espesyal na tool para sa mga empleyado ng ahensya upang magbigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika. Sa FY 2023, sisikapin ng ahensya na bumuo ng mga pamamaraan para sa mga kawani kapag nakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal upang matiyak na napapanahong ibinigay ang mga serbisyo, kabilang ang kung paano makakahanap ang mga kawani ng mga interpreter gamit ang telephonic na linya ng wika o Enterprise-Wide na nakakontratang pamamaraan ng Kagawaran para sa mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon. Bukod pa rito, bubuo ang MSHA ng panloob na listahan ng mga empleyado na may kakayahan sa wika at ibinigay ito sa mga kawani upang mas mahusay na makapaglingkod sa mga LEP na indibidwal. Kapag hindi makatulong ang mga kawani, ginagamit ng MSHA ang mga serbisyo ng mga panlabas na kontraktor upang magbigay ng mga serbisyo sa wika. Nagbibigay ng serbisyo sa pagsasalin ang mga kontraktor<sup>117</sup> para sa mahahalagang dokumento, mga dokumento sa pagsasanay, at mga aplikasyon sa IT.<sup>118</sup> Bukod pa rito, nagbibigay ng mga serbisyo sa interpretasyon ang mga kontraktor sa mga nakaiskedyul na meeting o “on the spot” kapag kailangan ng mga emergency interpreter.

Sa FY 2024, gagawa ng Plano sa Access sa Wika ang MSHA na partikular sa ahensya na magtatatag ng mga patakaran/pamamaraan para sa: pagbibigay ng mga serbisyo sa wika sa mga LEP na customer; pagsasanay sa mga empleyado kung paano magbigay ng mga serbisyo sa wika (hal., kung paano i-access ang mga serbisyo ng tulong sa wika sa telepono); pagsubaybay sa bilang ng mga LEP na customer na nakatanggap ng mga serbisyo sa wika; at ang uri ng mga serbisyo sa wika na ibinigay.

Sa FY 2023, bubuo ang MSHA ng estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan upang matiyak na nagsasagawa ito ng mga makabuluhang hakbang upang magbigay ng access sa

---

<sup>117</sup> Sa ilalim ng Enterprise-Wide BPA ng Kagawaran.

<sup>118</sup> hal., Miner App.

wika para sa populasyon na kwalipikado sa serbisyo. Kasama sa estratehiyang ito ang pagtukoy sa mga materyal sa pagsaklaw at pagtatasa kung dapat ba itong isalin sa Spanish o iba pang wika. Isasama rin ng MSHA ang plano nitong pagbutihin ang LEP signage sa mga minahan para matiyak ang kaligtasan ng mga minero at bubuo ng mga prompt ng telepono sa Spanish<sup>119</sup> na tutulong sa mga tumatawag sa LEP na nangangailangan ng mga serbisyo sa telepono. Para sa anumang materyal sa pagsaklaw na itinuturing na mahalaga, sisikapin ng ahensya na isalin ang mga ito bago matapos ang FY 2024.

## **Tanggapan ng mga Hukom ng Batas Administratibo**

Ang Tanggapan ng mga Hukom ng Batas Administratibo (Office of Administrative Law Judges, OALJ) ay ang administratibong hukuman sa paglilitis para sa Kagawaran ng Paggawa ng U.S. at nasa Washington, D.C. ang headquarter, na may mga hukom at kawani na matatagpuan sa walong opisina ng distrito sa buong United States. Tunguhin ng OALJ na magbigay ng neutral na forum upang lutasin ang mga administratibong hindi pagkakaunawaan na may kaugnayan sa paggawa sa harap ng Kagawaran ng Paggawa sa isang patas, malinaw, at naa-access na paraan, at upang agad na maglabas ng mga tamang desisyon na ayon sa batas at katotohanan. Hinirang din ang mga ALJ ng Kalihim ng Paggawa sa ilalim ng U.S. Const. art. II, § 2, cl. 2 at ang Batas sa Pamamaraang Administratibo, 5 U.S.C. § 3105.

Hinahatulan ng mga ALJ ang mga reklamo at paghahabol sa iba't ibang uri ng paksa. Noong FY 2022, naglabas ang OALJ ng mahigit 7,500 nakasulat na disposisyon. Mga kaso kung saan naghahanap ang mga indibidwal ng mga benepisyong sa ilalim ng Batas sa mga Benepisyong Black Lung, Batas sa Kabayaran sa mga Manggagawa ng Longshore at Harbor, at binubuo ng Batas sa Defense Base ang pinakamalaking bahagi ng trabaho ng tanggapan. Dinidinig at

---

<sup>119</sup> At isa pang madalas na nakakaugnayang wika.

pinagdedesisyonan din ng mga ALJ ang mga kaso na magmumula sa higit sa 80 iba pang batas, Executive Order, at mga regulasyon na may kaugnayan sa paggawa, kabilang ang magkakaibang paksa tulad ng mga reklamo ng whistleblower na kinasasangkutan ng pandaraya ng korporasyon at mga paglabag sa mga batas sa transportasyon, kapaligiran, at kaligtasan ng pagkain; mga sertipikasyon ng dayuhan sa paggawa; mga aksyon na kinasasangkutan ng mga kondisyon sa paggawa ng mga migranteng magsasaka; nagbibigay ng pangangasiwa may kaugnayan sa paghahanda ng mga manggagawa at naghahanap ng trabaho upang matamo ang mga kinakailangang kasanayan at pagsasanay; pagbabawal ng diskriminasyon sa lugar ng trabaho ng mga kontraktor ng pamahalaan; mga hindi pagkakaunawaan sa minimum na sahod; mga paglabag sa pagpapatrabaho sa bata; mga pagkakaiba sa kaligtasan ng minahan; pormal na pamamaraan sa paggawa ng panuntunan ng OSHA; mga hindi pagkakaunawaan sa pederal na kontrata; sibil na pandaraya sa mga pederal na programa; ilang talaan na kinakailangan ng Batas sa Seguridad ng Kita sa Pagreretiro ng Empleyado (Employee Retirement Income Security Act, ERISA); at, mga pamantayan ng pag-uugali sa mga halalan ng unyon.

Ang mga usapin na hinatulan ng OALJ ay nagmula sa iba pang ahensya ng DOL, tulad ng Dibisyon ng Sahod at Oras, ang Pangasiwaan ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho, ang Tanggapan ng mga Programa sa Pagsunod sa Pederal na Kontrata, ang Pangasiwaan ng Pagtatrabaho at Pagsasanay, ang Tanggapan ng mga Programa ng Kabayaran sa mga Manggagawa, ang Pangasiwaan ng Seguridad sa mga Benepisyo ng Empleyado, ang Tanggapan ng mga Pamantayan sa Pamamahala sa Paggawa, at ang Pangasiwaan ng Kaligtasan at Kalusugan sa Minahan. Direktang nakikipag-ugnayan ang publiko sa mga pinanggalingang ahensyang ito, kung saan sinisimulan ang mga claim, imbestigasyon, o reklamo. Sa madaling salita, ang OALJ ay hindi isang hukuman na may pangkalahatang hurisdiksyon at dapat maghain ang mga indibidwal ng kanilang paunang claim o reklamo sa

ibang ahensya ng DOL. Bagama't marami sa mga claim o reklamong ito ang naresolba sa kalaunan nang hindi nangangailangan ng mga pormal na pagdinig, isinangguni sa OALJ ang isang bahagi nito para sa pormal na paghatol. Mas mabuting matukoy ang mga LEP na indibidwal sa simula pa lang ng prosesong administratibo kapag ang mga usaping ito ay binuksan ng isa sa mga pinanggalingang ahensya ng DOL..

Nakikipag-ugnayan ang OALJ sa publiko sa panahon ng mga administratibong pagdinig na pinamumunuan ng isang hukom ng administratibong batas. Nag-docket ang OALJ ng humigit-kumulang 10,000 kaso bawat taon. Marami sa mga kasong ito ang naaayos, na iniwasan ang pangangailangan ng isang pormal na pagdinig. Nagsasagawa ang OALJ ng mga 1,500 pagdinig bawat taon. Taun-taon, nakikipag-ugnayan ang OALJ sa humigit-kumulang 100 LEP na indibidwal na mga partido o saksi sa mga pagdinig na ito at nag-ulat na nagsasalita ng mga sumusunod na wika: Spanish, Mandarin, Arabic, Albanian, Bosnian, Macedonian, Dari, at Navajo. Kapag humiling ang isang partido sa namumunong hukom na magbigay ng mga serbisyo sa pagsasalin o interpretasyon, nakikipagkontrata ang OALJ sa isang provider ng serbisyo sa wika, na iniaangkop ang ibinigay na pagsasalin at interpretasyon sa mga pangangailangan ng indibidwal, mula sa pagsasalin ng mga dokumento ng hukuman hanggang sa pagbibigay ng isang interpreter sa panahon ng pagdinig. Sinanay ang mga ALJ at mga klerk ng mga ito sa panloob na proseso para sa paghiling ng mga serbisyo sa wika at nasa pinakamagandang posisyon ang mga ito upang tukuyin ang mga kalahok na may mga pangangailangan sa access sa wika. Matapos matukoy ang pangangailangan para sa mga serbisyo sa access sa wika, nakikipagtulungan ang ALJ at mga kawani nito sa Tanggapan ng mga Operasyon ng Programa ng OALJ upang makakuha ng angkop na tagasalin o interpreter. Sinusubaybayan ng ahensya ang bilang ng mga LEP na indibidwal na pinaglilingkuran nito gamit ang mga kontrata nito sa mga serbisyo sa wika ng GSA. Bukod pa rito, gumagamit ang OALJ ng telephonic na linya ng wika kapag

kailangan ng mga kawani ng mga serbisyo sa interpretasyon habang nagtatrabaho. Maaaring gamitin ng kawani ang linya ng wikang ito sa mga sitwasyon kung saan nagaganap ang komunikasyon sa labas ng isang pormal na pagdinig, kumperensyang tawag, o paghahain ng kaso. Dahil sa pormal na katangian ng mga paghatol ng OALJ, madalang ang mga ganitong uri ng komunikasyon.

Paminsan-minsan ay nakikipag-ugnayan ang OALJ sa mga panlabas na stakeholder sa panahon ng mga kumperensya. Ang mga kumperensyang ito ay karaniwang dinadaluhan ng mga miyembro ng mga espesyal na grupo ng asosasyon ng bar na nagsasanay bago ang OALJ at hindi kinakailangan ang mga serbisyo sa access sa wika. Patuloy na susubaybayan ng OALJ kung may pangangailangan para sa mga serbisyonang ito.

Naa-access lamang sa Ingles ang website ng OALJ. Nagbibigay ang OALJ ng Impormasyon ng Korte at Mga Sagot sa mga Madalas Itanong na content sa Spanish, pero kailangan munang mag-navigate ng LEP na indibidwal sa Ingles na mga webpage bago mahanap ang Spanish na content. Sa FY 2023, magbibigay ang OALJ ng mga Babel notice para sa mga wikang madalas makaugnayan<sup>120</sup> sa homepage nito at, sa FY 2024, tutukuyin kung kailangang magbigay ng karagdagang Babel notice. Sa FY 2023, magbibigay din ang OALJ ng access sa Spanish na Impormasyon ng Korte at Mga Sagot sa mga Madalas Itanong sa homepage ng OALJ.

Walang pormal na proseso ang ahensya sa pagtukoy ng mahahalagang dokumento at, dahil sa likas na katangian ng tunguhin ng OALJ, natukoy lamang nito ang isang webpage na naglalaman ng mahahalagang impormasyon. Sa FY 2023, susuriin ng OALJ kung naglalaman

---

<sup>120</sup> Kasalukuyang sinusuri ng OALJ ang data ng kahilingan sa pagsasalin at interpretasyon sa loob ng ilang taon ng pananalapi upang tumpak na matukoy ang mga madalas na nakakaugnayang wika.



ng mahahalagang impormasyon ang karagdagang at, kung gayon ay, isasalin ang mga ito kahit sa Spanish man lang.

Dahil sa maliit na bilang ng mga LEP na customer na pinaglilingkuran ng OALJ, hindi ito partikular na kumukuha ng mga kawani na may kakayahan sa wika. Dahil sa komplikadong katangian ng paglilitis sa harap ng OALJ, karamihan sa mga partidong humaharap sa OALJ ay kinakatawan ng legal na tagapayo, at karaniwang kinakailangan lamang ang mga pagsasalin kung ang isang partido ay magpapatuloy *sa pro se*. Bukod pa rito, hindi kilala ng OALJ ang mga kawani na may mga kakayahan sa ibang wika; kung sakaling kailanganin ang mga serbisyo sa wika,<sup>121</sup> dapat gumamit ang mga kawani ng OALJ ng mga panlabas na mapagkukunan. Sa FY 2024, gagawa ang OALJ ng isang Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya na nagtatatag ng mga patakaran at pamamaraan para sa pagbibigay ng mga serbisyo sa wika sa mga LEP na customer; binabalangkas ang pagsasanay para sa mga empleyado kung paano magbigay ng mga serbisyo sa wika; at binabalangkas ang mga pamamaraan upang makatulong sa hinaharap na pagkilala at pagsasalin ng mahahalagang dokumento.

Kasalukuyang hindi nagsasagawa ang OALJ ng malawakang pagsaklaw sa komunidad, pinipili nitong ituon ang mga pagsisikap sa pakikipag-ugnayan sa LEP nang direkta sa mga kalahok sa pagdinig. Sa FY 2023, susuriin ng OALJ ang estratehiya sa pakikipag-ugnayan nito upang matiyak na nagsasagawa ito ng mga makabuluhang hakbang upang magbigay ng paunawa sa pagkakaroon ng mga libreng serbisyo ng tulong sa wika para sa karapat-dapat nitong populasyon ng serbisyo. Isasaalang-alang ang posibilidad na maaaring humadlang sa mga indibidwal na makipag-ugnayan sa OALJ ang limitadong mga serbisyo access sa wika at/o ang limitadong kaaalaman na maaari palang humiling ng mga serbisyo sa access sa wika sa

---

<sup>121</sup> Kasama sa mga serbisyong ito ang pagsasalin ng mga dokumento at pagbibigay ng mga serbisyo sa interpretasyon.

nakaraan. Kasama sa estratehiyang ito ang pagtukoy sa mga materyal sa pagsaklaw at pagtatasa kung dapat bang isalin sa Spanish o iba pang wika ang mga ito. Para sa anumang materyal sa pagsaklaw na itinuturing na mahalaga, sisikapin ng ahensya na isalin ang mga ito bago matapos ang FY 2024, na gagawa ng panloob na imbakan ng mga isinaling materyal.

### **Katulong na Kalihim para sa Pangangasiwa at Pamamahala**

Ang Katulong na Kalihim para sa Pangangasiwa at Pamamahala (Office of the Assistant Secretary for Administration and Management, OASAM) ay nagbibigay ng imprastruktura at suporta na nagbibigay-daan sa Kagawaran ng Paggawa ng U.S. na isagawa ang tunguhin nito. Nagbibigay ng pamumuno ang OASAM para sa information technology, pamamahala ng human resources, procurement, pagpapatakbo ng negosyo, kaligtasan at kalusugan, pamamahala sa space, mga karapatang sibil, pamamahala sa emergency, seguridad, badyet, at pagganap. Ang OASAM ay isang panloob na organisasyon na may limitadong pakikipag-ugnayan sa publiko. Gayunpaman, tumatakbo ang OASAM sa mga rehiyonal na tanggapan ng DOL gayundin sa mga headquarter ng DOL. Sa mga partikular na pagkakataon, maaaring makipag-ugnayan ang rehiyonal na tanggapan na mag-field at/o tumugon sa mga tanong mula sa publiko upang tumulong sa pakikipag-ugnayan sa ibang ahensya ng DOL. Karamihan sa mga tanggapan ng OASAM ay pana-panahon lamang na nakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal<sup>122</sup> nang personal, sa telepono, o sa elektronikong pamamaraan. Ang Sentro ng mga Karapatang Sibil (Civil Rights Center, CRC) ang tanging entidad ng OASAM na palaging naglilingkod sa mga LEP na indibidwal. Kasama sa seksyong ito ang mas pangkalahatang pagsusuri ng ahensya at, dahil sa panlabas na katangian ng tunguhin nito, mas detalyadong pagsusuri ng CRC.

---

<sup>122</sup> hal., mga Rehiyonal na Tanggapan ng OASAM - ilang beses bawat buwan / taon; Security Center- 1-3 beses bawat buwan.

## **OASAM (Pangkalahatan)**

Gaya ng naunang nabanggit, mayroong lamang limitadong pakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal ang karamihan sa mga tanggapan ng OASAM. Kapag naganap ang mga pakikipag-ugnayan, maaaring ipaalam nila sa mga miyembro ng publiko, aplikante, customer, benepisyaryo, at mga kasosyong stakeholder tungkol sa pagkakaroon ng tulong sa wika sa mga organisasyong nakabase sa komunidad o iba pang entidad na nakikipagtulungan sa mga LEP na indibidwal tulad ng mga paaralan, konsulado, serbisyo sa refugee, organisasyon, unyon, sentro ng manggagawa, at simbahan.

Sa kabila ng kaunting antas ng pakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal, kinikilala ng OASAM na maaaring mapabuti ang mga serbisyo sa wika at magsasagawa ng mahahalagang hakbang sa FY 2024, kabilang ang:

1. Suriin ang karatula para sa gusali ng headquarter ng DOL at tukuyin ang mga karagdagang mapagkukunan upang matulungang i-orient ang mga LEP na indibidwal sa kung saan sila kailangang pumunta at ipaalam ang mahahalagang patakaran sa gusali. Para sa mga pinagsasaluhang pasilidad, magbigay ng mga mapagkukunang nauugnay sa gusali sa mga empleyado ng DOL na maaaring makatagpo ng mga LEP na indibidwal.
2. Ipamahagi ang patnubay, pinakamahuhusay na kasanayan, o mga mapagkukunan upang mapataas ang kaalaman sa intra-agency o access sa mga serbisyo sa wika.
3. Magsimulang magsagawa ng pagsusuri ng impormasyong para sa publiko para sa paggamit ng simple at walang diskriminasyong wika at bumuo ng isang plano upang bigyang-prioridad at i-update ang content. Bagama't sa pangkalahatan ay walang mahahalagang dokumento ang OASAM na kailangang isalin, isasaalang-alang ng

OASAM ang pagsasalin ng mga dokumento at mga page sa mas malawak na interes sa mga pinakakaraniwan na hinihiling na wika.

4. Pinamamahalaan ng OASAM, sa pamamagitan ng Tanggapan ng Punong Opisyal ng Impormasyon, ang opisyal na website ng mga benepisyong pamahalaan ng U.S. (Benefits.gov). Available ang site sa Spanish, at maaaring maghanap ang mga user ayon sa benepisyong kategorya, ahensya sa dalawang wikang ito, Spanish at Ingles. Sa pamamagitan ng Partnership ng 16 na ahensyang Pederal, tinutulungan ng Benefits.gov ang mga user na mahanap ang impormasyon ng programa ng benepisyong at mga mapagkukunan ng pamahalaan sa pamamagitan ng paghahanap ayon sa pangalan ng benepisyong kategorya, at ahensya; at naa-access sa mga wikang Spanish at Ingles. Pinamumunuan ng OASAM, sa pamamagitan ng Tanggapan ng Punong Opisyal ng Impormasyon (Office of the Chief Information Officer, OCIO), ang mga Partner na ahensya sa pamamagitan ng proseso ng Pamamahala sa Content na kinabibilangan ng pagkuha, pag-update, pagsasalin, at pagrepaso sa mga detalye ng programa ng ahensya, alinsunod sa mga pamantayan at simpleng mga alituntunin sa wika mula sa plainlanguage.gov. Sa FY 2024, kukumpletuhin ng Benefits.gov ang pagsusuri ng pagpapalawak ng wika upang matukoy kung anong content ang dapat ma-access sa iba pang wika.
5. Kung naaangkop, sisimulan nitong magsama ng mga Babel notice sa mga landing page ng mga pampublikong website ng OASAM na nasa antas ng sentro (DOL.gov), na may wastong salin ng mahahalagang impormasyon sa mga madalas na nakakaugnayang wika.

6. Sisimulan ang pagsubaybay sa bilang ng mga LEP na indibidwal na lumalahok o nakikibahagi sa mga programa o aktibidad ng OASAM at ang uri ng mga serbisyo ng tulong sa wika na ibinibigay nito sa mga LEP na indibidwal. Sa kasalukuyan, walang plano sa access sa wika ang OASAM at ang mga sentro nito na mayroong gabay o pormal na tagubilin sa mga kawani kung paano makikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal at hindi pormal na sinusubaybayan ang bilang ng mga LEP na indibidwal na lumalahok o nakikibahagi sa programa o aktibidad ng ahensya. Bilang resulta ng aktibidad na ito, maaaring isaalang-alang ng OASAM ang pagbuo ng mga proseso para sa pagbibigay ng mga salin sa mga pinaglilingkurang populasyon; mga patakaran / pamamaraan para sa mga kawani upang subaybayan ang mga serbisyong ibinigay; mga planong ipalaganap at sanayin ang mga gagawin na patakaran / pamamaraan; at mga pagtatasa sa bisa ng mga kasalukuyang pagsasalin.
7. Gumawa ng mga gabay o proseso na makakatulong sa pagsubaybay sa mga kakayahan sa wika ng mga empleyado ng OASAM at pagsasanay sa mga kawani na gamitin ang sistema ng pagsubaybay at iba pang mapagkukunan sa pagdodokumento kung ibinigay ang mga serbisyo sa wika. Tinatantya ng OASAM na may mga 12 indibidwal na ginamit ang kanilang mga kasanayan sa wika na hindi partikular na tinanggap para dito. Sa kasalukuyan, walang pormal na mekanismo ang OASAM sa pagsusubaybay sa mga kakayahan sa wika ng mga empleyadong ito at kinikilala nito na hindi ito maaaring umasa sa mga LEP na indibidwal na maghanap ng sarili nitong mga interpreter. Kung minsan, kumukuha ang OASAM at ang mga tanggapan nito ng mga empleyado na may mga kakayahan ibang wika maliban sa Ingles. Tinutulungan ng Tanggapan ng Human Resources (Office of Human Resources, OHR) ang mga ahensya ng DOL na mag-post ng mga bakante para sa mga bilingual na posisyon upang mas mabisa nilang maisagawa ang mga

aktibidad sa pagpapatupad, tulong sa pagsunod, at edukasyon para sa iba pang ahensya ng DOL. Halimbawa, kumuha ang OHR ng mga kawani upang matugunan ang mga pangangailangan sa wika sa halos 19 na iba't ibang wika para sa Dibisyon ng Sahod at Oras (Wage and Hour Division, WHD).

### **Sentro ng mga Karapatang Sibil**

Itinataguyod ng Sentro ng mga Karapatang Sibil, (Civil Rights Center, CRC) ang patas at pantay na pagkakataon sa pamamagitan ng pagkilos nang walang kinikilingan at may integridad sa pangangasiwa at pagpapatupad ng iba't ibang batas sa karapatang sibil. Pinoprotektahan ng mga batas na ito ang mga empleyado at aplikante ng Kagawaran ng Paggawa (Department of Labor, DOL) para sa pagtatrabaho sa DOL, at mga nag-a-apply, lumahok, nagtatrabaho para, o nakikipag-ugnayan sa mga programa at aktibidad na isinasagawa o tumatanggap ng tulong pinansyal mula sa DOL, o mula sa ibang Pederal na ahensya, sa ilalim ng ilang kalagayan. Sinisiyasat at hinahatulan ng CRC ang mga reklamo sa diskriminasyon, nagsasagawa ng mga pagsusuri sa pagsunod, nagbibigay ng teknikal na tulong at pagsasanay, at bubuo at naglalathala ng mga regulasyon, patakaran, at patnubay sa karapatang sibil.

Araw-araw na nakikipag-ugnayan ang CRC sa mga LEP na indibidwal. Nakatuon ang CRC sa pagpapabuti ng mga serbisyo sa wika para sa madalas na nakakaugnayan at “maaaring” makaugnayan na mga pangkat ng wika. Sa kasalukuyan, kahit na nasa Ingles pa lamang ang website, nagbibigay ang CRC ng mga isinalin na form ng impormasyon ng reklamo sa maraming wika<sup>123</sup> at ginagawang available ang mga ito sa website nito. Bukod pa rito, available sa website ng CRC ang mga poster na “Ang Batas ay ang Patas na Pagkakataon” sa

---

<sup>123</sup> Arabic, Bengali, Bosnian, French, Korean, Portuguese, Russian, Spanish, Tagalog, Traditional Chinese, Thai, at Vietnamese.

mga sumusunod na wika: Spanish, Arabic, Traditional Chinese, French, French Creole, Korean, Portuguese, Russian, Tagalog, at Vietnamese.

Ginagamit ng CRC ang mga estratehiya sa gabay na inaprubahan ng DOJ na Pagpapabuti ng Access ng Publiko sa mga Website at Digital Service para sa mga Taong Limitado ang Kahusayan sa Ingles (Limited English Proficient, LEP) ngunit kinikilala nito na may limitadong mga paghahalo na ipinakita sa buong website at mga link nito. Kasama sa website ng CRC ang mga Babel notice sa 15 wika (Arabic, Bengali, Bosnian, French, Haitian Creole, Hindi, Korean, Portuguese, Russian, Tagalog, Simplified / Traditional Chinese, Thai, Navajo, at Vietnamese). Pinili ang mga wikang ito batay sa kasalukuyang pambansang data ng demograpiko at ang posibilidad ng mga LEP na customer na nangangailangan ng tulong sa mga wikang iyon.

Sa buong FY 2024, gagawa ang CRC ng mahahalagang hakbang para isulong ang gawaing ito:

1. Pagsasalin at mahahalagang dokumento: Nakatuon ang CRC sa pakikipag-usap sa mga indibidwal gamit ang gusto nilang wika. Sa FY 2024, ang CRC ay:
  - a. Sisikaping isalin sa Spanish ang mahahalagang seksyon (ang mga naghahatid ng impormasyon para sa pangkalahatang publiko)<sup>124</sup> ng website nito, na pinakamadalas na nakakaugnayang wika ng OASAM.
  - b. Isalin ang mga natukoy na mahahalagang dokumento sa Spanish at susuriin kung dapat bang isalin ang mahahalagang dokumento sa iba pang madalas/maaaring makaugnayang mga wika. Sa FY 2023, gumawa ang CRC ng komprehensibong

---

<sup>124</sup> Hindi isasalin ng CRC ang impormasyong mahalaga lang sa mga empleyado ng DOL at/o mga aplikante sa pagtatrabaho sa DOL tungkol sa programa sa mga reklamo ng Patas na Pagkakataon sa Pagtatrabaho (Equal Employment Opportunity, EEO) at iba pang kaugnay na programa dahil dapat marunong mag-Ingles ang mga populasyon na kwalipikado sa serbisyo para sa mga programang bilang kondisyon ng pederal na pagtatrabaho.

listahan ng mahahalagang dokumento nito, na kinabibilangan ng mga form ng may kaalamang pahintulot, mga abiso, at mga pamamaraan sa paghahain ng reklamo.

- c. Magsagawa ng pana-panahong pagsusuri ng naunang isinalin na mahahalagang impormasyon upang matiyak ang katumpakan nito at gumawa ng mga karaniwang pamamaraan ng pagpapatakbo (standard operating procedure, SOP) para sa pagtukoy ng mahahalagang dokumento tulad nito kapag ginawa. Gagawa rin ang CRC ng mga patakaran na nagbabalangkas sa mga proseso ng pagsasalin/interpretasyon nito.
2. Bilingual at multilingual na mga empleyado: Kasalukuyang gumagamit ang CRC ng mga tool<sup>125</sup> na nilikha ng mga ahensya ng DOL at ng mga tool na available sa LEP.gov upang isagawa ang gawain nito. Responsibilidad ng mga Espesyalista sa Patas na Pagkakataon (Equal Opportunity Specialists, EOS) ng CRC ang pagtatasa ng mga reklamo sa yugto ng pagtanggap, pagsasagawa ng mga imbestigasyon at pagsusuri sa pagsunod, at pakikipag-ugnayan sa mga nagrereklamo. Kung isang LEP ang nagrereklamo, responsibilidad ng EOS na iugnay ang mga serbisyo ng tulong sa wika na kailangan upang epektibong makipag-ugnayan sa nagrereklamo. Kung ang isang empleyado ng CRC / EOS ay nagsasalita ng wika ng nagrereklamo, itatalaga ang naturang empleyado bilang pangunahing imbestigador ng kaso. Kung walang available na empleyado, sisikapin ng CRC na kumuha ng mga serbisyo mula sa vendor ng pagsasalin/interpretasyon, kung naaangkop sa kaso. Paminsan-minsan, ginagamit ang Google Translate upang agad na matukoy ang isang wika o kung ano ang maaaring hinahanap ng isang indibidwal, pero isasagawa ang pag-verify kapag

---

<sup>125</sup> hal., DOL English-Spanish glossary at ang inaprubahan ng DOJ na gabay na binanggit sa itaas.



- natukoy ang isang LEP speaker. Kapag hindi matukoy ng kawani ang gustong wika ng tumatawag, halimbawa, at / o walang kawani na makakapagbigay ng mga serbisyo sa wika, gagamitin ng kawani ng CRC ang linya ng wika upang magbigay ng telephonic na interpretasyon para sa mga LEP na customer. Sa FY 2024, ang CRC ay:
- a. Kumuha ng mga bilingual na posisyon at tiyakin na epektibo a`ng pagtatasa ng kahusayan at iba pang kwalipikasyon ng mga empleyadong may kakayahan sa wika bilang bahagi ng proseso ng pagtanggap. Susuriin din ng CRC kung makikinabang ba ang karagdagang kawani na nagsasalita ng Spanish o iba pang kasanayan sa wika sa kakayahan nitong mabisa at mahusay na gampanan ang tunguhin nito.
  - b. Sisikaping bumuo ng isang sistema upang subaybayan ang mga kakayahan sa wika ng buong CRC at sasanayin ang mga kawani kung paano gamitin ang sistema ng pagsubaybay at iba pang mapagkukunan upang magbigay ng mga serbisyo sa wika sa mga LEP na customer. Kasalukuyang walang pormal na sistema upang subaybayan ang mga kakayahan sa wika ng buong CRC para sa mga hindi partikular na natanggap dahil sa kakayahan ng mga ito sa wika.
3. Plano sa Access sa Wika: Bukod pa rito, nakikilahok ang CRC sa mga meeting na ipinatawag ng Kagawaran ng Katarungan, halimbawa, kasama ang mga organisasyong nagtataguyod upang i-highlight ang mga programa at serbisyo ng tulong sa wika at may mga umiiral na ugnayan sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad at iba pang entidad na nakikipagtulungan sa mga LEP na indibidwal. Sa FY 2023, bubuo ang Sentro ng estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan na nagbabalangkas sa iba't ibang paraan kung saan maaaring makipag-ugnayan at maglingkod ang ahensya sa mga LEP na manggagawa. Sa FY 2024, ang CRC ay:

- a. Pangungunahan ang mga pagsisikap ng Kagawaran na bumuo ng mga Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya upang matugunan ang mga pagkukulang sa mga serbisyo sa wika at matiyak na maibibigay ang makabuluhang access sa wika sa mga LEP na customer.

## **Programa sa Pagsunod sa Pederal na Kontrata**

Pinoprotektahan ng Programa sa Pagsunod sa Pederal na Kontrata (Office of Federal Contract Compliance Programs, OFCCP) ang mga manggagawa, nagtataguyod ng pagkakaiba-iba, at nagpapatupad ng iba't ibang batas sa karapatang sibil. Pinapanagot ng OFCCP ang mga nakikipagnegosyo sa pederal na pamahalaan (mga kontraktor at subcontractor, na tinutukoy dito bilang "kontraktor") na sumunod sa legal na kinakailangan na gumawa ng positibong aksyon at iwasan ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, kasarian, sekswal na oryentasyon, kinikilalang kasarian, relihiyon, bansang pinagmulan, kapansanan, o katayuan bilang isang protektadong beterano. Bukod pa rito, ipinagbabawal sa mga kontraktor na alisin o kung hindi man ay idiskrimina ang mga aplikante o empleyado na nagtatanong tungkol sa, tinatalakay, o isiwalat ang kanilang kabayaran o ng iba, sa ilalim ng ilang partikular na limitasyon.

Sa pagtupad sa mga responsibilidad nito, ginagamit ng OFCCP ang mga sumusunod na pamamaraan:

- Nag-aalok ng tulong sa pagsunod sa mga kontraktor upang matulungan silang maunawaan ang mga kinakailangan sa regulasyon at proseso ng pagsusuri.
- Nagsasagawa ng mga pagsusuri sa pagsunod at mga imbestigasyon sa reklamo ng mga patakaran at pamamaraan ng tauhan ng mga kontraktor.

- Kumuha ng mga Kasunduan sa Pakikipagkasundo mula sa mga kontraktor na lumalabag sa mga hinihingi ng regulasyon.
- Sinusubaybayan ang pag-unlad ng mga kontraktor sa pagtupad sa mga tuntunin ng kanilang mga kasunduan sa pamamagitan ng pana-panahong mga ulat sa pagsunod.
- Bumubuo ng mga kasunduan sa pag-uugnay sa pagitan ng mga kontraktor at programa sa pagsasanay sa trabaho at mga pinagmumulan ng pagkuha upang matulungan ang mga employer na matukoy at makuha ang mga kwalipikadong manggagawa.
- Nagrerekomenda ng mga aksyon ng pagpapatupad sa Tagapagtanggol ng Paggawa.

Ang pinakamatinding parusa sa mga paglabag ay debarment – ang pagkawala ng mga pederal na kontrata ng kumpanya. Maaaring available din ang iba pang anyo ng tulong sa mga biktima ng diskriminasyon, kabilang ang back pay para sa nawalang sahod.

Nakikipag-ugnayan ang OFCCP sa publiko at panlabas na mga stakeholder sa pamamagitan ng ilang medium, kabilang ang mga sesyon ng pakikinig, mga talakayan sa roundtable, e-mail, mga pagsisiyasat/pagsusuri/pag-audit, mga walk-in na pagbisita, mga tawag sa telepono, webinar, website (sa pamamagitan ng 'contact us' o mga feature ng chat ) at mga kumperensya. Nagsasagawa ang OFCCP ng mga imbestigasyon sa mga reklamong natatanggap nito at mga pagsusuri sa pagsunod na iniiskedyul nito sa pamamagitan ng isang neutral na sistema ng pagpili. Sinusuri ng ahensya ang mga programa ng positibong aksyon at pantay na kasanayan sa pagtatrabaho ng mga naturang sinusuri na kontraktor. Sa panahon ng pagsusuri sa pagsunod, maaaring kapanayamin ng OFCCP ang mga empleyado

sa mga site ng pederal na kontraktor. Nagsasagawa rin ang OFCCP ng mga imbestigasyon sa reklamo batay sa mga paratang ng diskriminasyon ng empleyado o aplikante. Maaaring limitado ang kahusayan sa Ingles ng mga indibidwal na nakakaugnayan ng OFCCP habang isinasagawa nito ang tunguhin nito. Bagama't kasalukuyang hindi sinusubaybayan ng OFCCP ang bilang ng mga LEP na indibidwal na nakakaugnayan nito sa pamamagitan ng mga gawain sa pagsunod nito, tinatantya ng ahensya na nakikipag-ugnayan at/o naglilingkod ito sa mga LEP na indibidwal nang ilang beses sa isang buwan bawat tanggapan.

Nakakaugnayan din ng OFCCP ang mga LEP na indibidwal sa pamamagitan ng website, mga materyal sa pagsaklaw, at imbestigasyon at pagsusuri sa pagsunod. Karaniwang nakikipag-ugnayan sa OFCCP ang mga LEP na indibidwal sa pamamagitan ng Customer Service Help Desk nito pagkatapos makakita ng impormasyon sa mga poster na kinakailangan para ipakita sa mga lugar ng trabaho.

Sa FY 2023, nagsagawa ang OFCCP ng malawakang survey sa mga rehiyonal na tanggapan at tanggapan ng field nito para tukuyin ang mga umiiral at bagong grupo ng wika na nakaugnayan sa panahon ng gawain sa pagsunod nito. Natukoy ng OFCCP ang 54 na wika<sup>126</sup> at binigyang-prioridad ang nangungunang 13 wika<sup>127</sup> bilang pokus ng pagsasalin nito para sa FY 2023. Kasalukuyang available ang mga materyal sa pagsaklaw ng OFCCP sa pitong wika<sup>128</sup> at isinasalin ang mga materyal na ito sa siyam pang wika.<sup>129</sup> Tinukoy ng OFCCP ang mahahalagang dokumento na naglalaman ng impormasyong pinakanaauugnay sa mga

---

<sup>126</sup> Spanish, Mandarin, Korean, Urdu, Arabic, Bengali, Japanese, Haitian Creole, Farsi, Hindi, Tagalog, Ukrainian, at German, Niger-Congo/Yoruba/Igbo, Polish, Somali, Portuguese, Armenian, Vietnamese, Italian, Telugu, Hebrew, Greek, Pakistani, Albanian, Irish, Romanian, French, Khmer, Cape Verdean Creole, Punjabi, Marathi, Gujrati, Turkish, Kurdish, Azerbaijani, Serbian, Swahili, Amharic, Hmong, Rohingya, Dari, Pashto, Uzbek, Karen, Oromo, Tigrinya, Twi, Telugu East Slavic, Malayalam, Twi, at Burmese.

<sup>127</sup> Spanish, Mandarin, Korean, Urdu, Arabic, Bengali, Japanese, Haitian Creole, Farsi, Hindi, Tagalog, Ukrainian, at German.

<sup>128</sup> Spanish, Chinese-Simplified, Chinese-Traditional, Haitian Creole, Hmong, Somali, at Vietnamese.

<sup>129</sup> Korean, Urdu, Arabic, Bengali, Japanese, Farsi, Hindi, Tagalong, Ukrainian, at German.

manggagawang nakikipag-ugnayan sa ahensya. Maraming mahahalagang dokumento ang naisalin sa maraming wika<sup>130</sup> at available sa website. Kailangang mag-navigate ng isang LEP na indibidwal sa mga Ingles na webpage upang makita ang mga ito. Samakatuwid, sa FY 2023, isasama ng OFCCP ang mga Babel notice sa homepage ng website nito sa nangungunang 13 priyoridad na wika. Sa FY 2023, sisikapin rin ang OFCCP na bumuo ng wika upang gabayan ang mga LEP na indibidwal sa naaangkop na salin gamit ang homepage nito<sup>131</sup> at susuriin kung dapat bang idagdag sa homepage nito ang mga Babel notice sa iba pang wika, batay sa mga populasyon na kwalipikado sa serbisyo ng OFCCP.

Kapag kailangan ng mga empleyado ng OFCCP ang isang interpreter, maaari silang humiling sa isang bilingual na empleyado na isalin ito o gumamit ng isang linya ng wika ng telepono.<sup>132</sup> Kapag nagsasagawa ng mga pagsusuri sa pagsunod, umaasa ang OFCCP sa mga serbisyo ng pagsasalin at interpretasyon na ibinibigay gamit ang Kabuuang Kasunduan sa Pagbili (Blanket Purchase Agreement, BPA) ng Kagawaran para sa mga Serbisyo sa Pagsasalin at Interpretasyon. Kung posible, sinusubukan ng OFCCP na tiyaking itatalaga sa mga kaso ang mga empleyadong may kakayahan sa ibang wika kapag nakikipag-ugnayan sa mga LEP na customer. Nakikipag-ugnayan ang mga Espesyalista sa Patas na Pagkakataon (Opisyal ng Pagsunod) ng OFCCP sa mga kontraktor at stakeholder upang magsagawa ng onsite na mga pagsusuri at panayam, na karaniwang nangangailangan ng kahusayan sa Spanish. Sa mga lokasyon kung saan ang Hispanic ang karamihan sa populasyon na kwalipikado sa serbisyo, responsibilidad ng rehiyonal na manager ng OFCCP na tiyaking mayroong nakatalagang Opisyal ng Pagsunod na nagsasalita ng Spanish upang magbigay ng

---

<sup>130</sup> Mayroong imbakan ng isinaling dokumento o impormasyon ang OFCCP para sa regular na paggamit.

<sup>131</sup> Upang matiyak na hindi na kailangang mag-navigate sa Ingles na mga webpage ang mga LEP na indibidwal para ma-access ang mga isinaling materyal.

<sup>132</sup> Kinontrata.

tulong. May mga pagkakataon kung saan nagsasalita ng iba pang wika ang mga populasyon na kwalipikado sa serbisyo, at nagaganap ang pangangailangan para sa karagdagang bilingual na tulong. Sa mga pagkakataong ito, ila-log ng kawani ng OFCCP ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng indibidwal at nakipag-ugnayan sa kanila gamit ang isang ikatlong partido sa pamamagitan ng mga BPA na serbisyo sa wika. Kasalukuyang kumukuha ang OFCCP ng mga Opisyal ng Pagsunod na may kakayahan sa wika, kabilang ang Spanish (mga rehiyonal na tanggapan sa buong bansa) at Haitian Creole (Southeast na rehiyon). Bukod pa rito, may ibang empleyado sa loob ng OFCCP na hindi tinanggap para sa kanilang mga kakayahan sa wika pero hiniling na magbigay ng mga serbisyo sa wikang Spanish. Sa FY 2024, bubuo ang OFCCP ng espesyal na pagsasanay para sa mga kawani na inaasahang gagamit ng mga kakayahan sa wika, gagawa/mamamahagi ng listahan ng mga empleyadong may kakayahan sa wika upang mapadali ang tulong sa wika para sa mga pangangailangan ng ahensya/customer, at bubuo ng isang plano upang masuri ang kahusayan at mga kwalipikasyon ng mga empleyadong may kakayahan sa wika.<sup>133</sup> Bukod pa rito, sa FY 2024, bubuo ang OFCCP ng mga voicemail prompt sa 13 priyoridad na wika upang matiyak na maibibigay ng tulong sa wika ang mga LEP na tumatawag.

Walang pormal na ugnayan sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad ang ahensya upang maabot ang mga LEP na indibidwal. Gayunpaman, nakikipag-ugnayan ang ahensya sa mga organisasyong nakabase sa komunidad upang matiyak na alam ng kanilang komunidad ang kanilang mga karapatan sa proteksyon ng manggagawa. Sa FY 2023, bubuo ang OFCCP ng estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan upang matiyak na ipinapaalam ng ahensya sa mga customer ang mga programa nito at ang pagiging available ng libreng mga serbisyo sa access sa wika. Sisikapin ng OFCCP na isalin ang mahahalagang dokumento bago

---

<sup>133</sup> Sa tulong ng COLA at OHR.

matapos ang FY 2024, na gumagawa ng panloob na imbakan ng mga isinaling materyal. Bubuo din ang OFCCP ng plano para masuri ang katumpakan ng mga salin.

Sa FY 2024, gagawa ng Plano sa Access sa Wika ang OFCCP na partikular sa ahensya na magtatatag ng mga patakaran/pamamaraan para sa: pagbibigay ng mga serbisyo sa wika sa mga LEP na customer; pagsasanay sa mga empleyado kung paano magbigay ng mga serbisyo sa wika (hal., kung paano i-access ang mga serbisyo ng tulong sa wika sa telepono); pagsubaybay sa bilang ng mga LEP na customer na nakatanggap ng mga serbisyo sa wika; uri ng mga serbisyo sa wika na ibinigay; at mga pamamaraan sa pagsasalin.

### **Tanggapan ng mga Pamantayan sa Pamamahala sa Paggawa**

Pinahintulutan ang Tanggapan ng mga Pamantayan sa Pamamahala sa Paggawa (Office of Labor-Management Standards, OLMS) - lalo na sa ilalim ng Batas sa Pag-uulat at Pagsisiwalat ng Pamamahala sa Paggawa ng 1959, ayon sa inamyendahan (Labor-Management Reporting and Disclosure Act, LMRDA) - na mangasiwa at magpatupad ng mga pamantayan na nagtitiyak ng mga pangunahing pamantayan ng demokrasya at pinansiyal na integridad sa mga organisasyon ng paggawa na kumakatawan mga empleyado sa pribadong industriya. Bukod pa rito, sa awtorisasyon ng LMRDA, itinataguyod ng OLMS ang transparency ng unyon ng manggagawa at pamamahala sa paggawa sa pamamagitan ng pag-uulat at pagsisiwalat ng mga kinakailangan para sa mga unyon ng manggagawa at kanilang mga opisyal, employer, consultant sa ugnayan sa paggawa, at mga kumpanya ng surety. Sa pagpasa ng Batas sa Muling Pagsasaayos ng Koreo ng 1970, pinalawak ang saklaw ng OLMS sa mga unyon na kumakatawan sa mga empleyado ng Serbisyo sa Koreo ng U.S. Pinangangasiwaan din ng OLMS ang mga probisyon ng Batas sa Reporma ng Serbisyo Sibil ng 1978 at Batas sa Serbisyonang Pangdayuhan ng 1980 na may kaugnayan sa mga pamantayan ng pag-uugali para sa mga organisasyon ng Pederal na empleyado, na maihahambing sa mga kinakailangan ng

LMRDA. Walang hurisdiksyon ang OLMS sa mga unyon na kumakatawan lamang sa mga empleyado ng estado, county, o munisipyo.

Binubuo ang OLMS ng Pambansang Tanggapan, 12 tanggapan ng distrito at 27 tanggapan sa mismong field.<sup>134</sup> Nakikipag-ugnayan ang OLMS sa mga panlabas na stakeholder sa pamamagitan ng mga tawag sa telepono, walk-in na pagbisita, sulat sa koreo, email, mga panayam, pagsasanay sa tulong sa pagsunod at mga webinar, boluntaryong pakikipagsosyo, at sa panahon ng mga pag-audit/pagsisiyasat. Tinukoy ng OLMS ang Spanish bilang wikang pinakamadalas makaugnayan, pangalawa sa Ingles, sa agarang pagsasagawa ng tunguhin nito. Karaniwang nakikibahagi ang mga LEP na indibidwal na nagsasalita ng Spanish sa pamamagitan ng mga walk-in na pagbisita at tawag sa telepono. Ipinapahiwatig ng pagsusuri sa mga hindi Ingles na pampublikong katanungan na natanggap ng OLMS para sa FY 2020 - FY 2022 na 100% ang nangangailangan ng interpretasyon sa Spanish. Nakikipag-ugnayan din ang OLMS sa mga LEP na indibidwal na nagsasalita ng Spanish kapag nagsasagawa ng mga pag-audit, pagsisiyasat, at pagbibigay ng tulong sa pagsunod. Sa casework ng programa ng OLMS noong FY 2020 - FY 2022 na nangangailangan ng interpretasyon/pagsasalin, 86% ay para sa mga indibidwal na nagsasalita ng Spanish. Ang natitirang casework ay nangangailangan ng Haitian Creole at Arabic<sup>135</sup> na mga serbisyo sa wika. Kinikilala ng OLMS na nahihirapan ang mga kawani sa pakikipag-usap sa mga LEP na indibidwal kapag nagtatrabaho sa field. Bilang pinakamahasay na kasanayan, mayroong Team ng Tagasalin na Nagsasalita ng Spanish ang OLMS na nagsasalin ng mga dokumento at tumutulong sa pagsisiyasat ng mga sibil at kriminal na kaso sa mga rehiyon kung saan kinakailangan ang kakayahang magsalita ng Spanish. Ang Team ng Tagasalin na Nagsasalita

---

<sup>134</sup> Direktang nakikitungo ang mga tanggapan ng field sa publiko, nag-aalok ng tulong at nagsasagawa ng gawaing programa sa loob ng heograpikal na teritoryo ng kanilang tanggapan.

<sup>135</sup> Isang kaso bawat wika.



ng Spanish ay binubuo ng 12 imbestigador, kabilang ang isang supervisory coordinator. Maaari ding tumulong ang mga miyembro ng team sa pagtugon sa mga katanungan mula sa mga nagsasalita ng Spanish. Full-time na mga imbestigador ang mga miyembro ng Team ng Tagasalin na Nagsasalita ng Spanish na nasa mga tanggapan ng distrito sa buong bansa na ginagamit para sa lahat ng pangangailangan sa pagsasalin ng Spanish sa buong Ahensya. Maaari silang italaga sa mga kaso sa kanilang tanggapan ng distrito na nangangailangan ng patas na bilang ng mga hindi Ingles na panayam o hilingin na tulungan ang isa pang tanggapan sa pagsasalin ng mga dokumento o pagsasagawa ng mga panayam. Hindi pormal na tinatasa ang mga miyembro ng team para sa kahusayan sa wika. Binabalangkas ng OLMS sa Manwal ng Operasyon nito kung paano dapat makipag-ugnayan ang kawani sa Team ng Tagasalin na Nagsasalita ng Spanish para sa mga serbisyo. Sa FY 2024, dapat sikapin ng OLMS na higit pang bumuo ng mga patakaran at pamamaraang ito, magbalangkas ng mas pormal na proseso ng pagtatasa para sa mga kawani na inaasahang gagamitin ang kanilang mga kakayahan sa wika, at lumikha ng isang mas matatag na sistema ng pagsubaybay ng mga pakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal. Ginagamit din ang isang 24 na oras na kontrata sa telepono o "lina ng wika" upang mapadali ang mga pag-uusap ng OLMS at LEP na indibidwal, kung walang available na isang bilingual o multilingual na empleyado. Nagbibigay ng mga serbisyo ng interpretasyon ang linya ng kontrata na ito para sa 150 wika. Paminsan-minsan, panloob na gumagamit ang mga kawani ng OLMS ng Microsoft Document Translator software ngunit pinapatunayan ang mga salin gamit ang Team ng Tagasalin na Nagsasalita ng Spanish at binabago ang mga salin, kung naaangkop, upang matiyak ang katumpakan.

Kasalukuyang gumagamit ang OLMS ng 15 indibidwal na bilingual o multilingual, kabilang ang 12 miyembro ng Team ng Tagasalin na Nagsasalita ng Spanish. Sa kasaysayan, kumukuha ang OLMS ng mga empleyadong may kakayahan sa Spanish sa Puerto Rico,

New York, San Francisco, Los Angeles, at Houston, dahil iyon ang mga heograpikong rehiyon na natukoy na may pinakamadalas na pakikipag-ugnayan at pagtatanong sa pagitan ng mga empleyado ng OLMS at indibidwal na nagsasalita ng Spanish. Bagama't may mga empleyadong nagsasalita ng iba pang wika, hindi sila partikular na kinuha para sa kanilang mga kakayahan sa wika.<sup>136</sup> Sa FY 2024, gagawa ang OLMS ng listahan / database<sup>137</sup> ng lahat ng mga bilingual o multilingual na kawani, heograpikong lokasyon ng mga ito, at ang wikang sinasalita, binabasa, at sinusulat ng mga ito. Sa FY 2024, bubuo din ang OLMS ng mga pamamaraan para sa mga empleyado upang matukoy ang mga LEP na customer at magbigay ng makabuluhan at napapanahong mga serbisyo sa wika. Susuriin din ng OLMS kung dapat na pormal na tasahin ang mga empleyado mula sa Team ng Tagasalin na Nagsasalita ng Spanish para sa kahusayan dahil sa likas na katangian ng trabaho ng team.

Bukod pa rito, may Spanish landing page ang OLMS na naglalaman ng pangunahing impormasyon sa ahensya at mga hyperlink para mai-download ang mga karaniwang ginagamit na form. Upang higit pang mapabuti ang access nito sa mga LEP na indibidwal, sa FY 2023, magbibigay ang OLMS ng mga Babel notice sa Spanish sa mga webpage nito upang malaman ng mga LEP na indibidwal na bumibisita sa page na libreng magagamit ang mga serbisyo ng tulong sa wika. Sa FY 2023, bubuo ang OLMS ng estratehiya sa pakikipag-ugnayan at pagsaklaw upang matiyak na nagbibigay ito ng paunawa ng libre at available na mga serbisyo sa access sa wika upang malaman ng mga LEP na grupo na nagbibigay ang OLMS ng napapanahon at makabuluhang mga serbisyo sa wika sa mga LEP na customer sa loob ng populasyon na kwalipikado sa serbisyo nito.

---

<sup>136</sup> At hindi pormal na sinusubaybayan ang impormasyong ito.

<sup>137</sup> Gagawing available sa mga empleyado ng OLMS.

Noong FY 2023, tinukoy ng OLMS ang pitong dokumento na naglalaman ng mahahalagang impormasyon para sa mga customer, na sisikapin ng tanggapan na isalin sa Spanish. Patuloy na susuriin ng OLMS ang mga dokumento ng tulong sa pagsunod para ma-access ng mga LEP na organisasyon sa paggawa, miyembro ng unyon, at mga gustong mag-organisa. Sa FY 2024, isasalin ng OLMS ang iba pang natukoy na mahahalagang dokumento at bubuo ng imbakan para sa mga isinaling dokumento. Sa FY 2024 na Plano sa Access sa Wika nito na partikular sa ahensya, babalangkasin din ng OLMS ang plano nito para sa hinaharap na pagtukoy sa mga bagong gawa o na-update na mahahalagang dokumento at impormasyon; regular na pagtatasa sa mga demograpiko ng mga populasyon na kwalipikado sa serbisyo habang nagbabago ang mga populasyon at programa; at subaybayan ang bilang ng mga indibidwal na naghahanap ng mga serbisyo sa wika at ang uri ng mga serbisyong ibinigay.

### **Pangasiwaan ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho**

Pinangangalagaan ng Pangasiwaan ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Administration, OSHA) ang mga karapatan ng mga manggagawa sa ligtas at malusog na kondisyon sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng pagtatakda at pagpapatupad ng mga pamantayan at pagbibigay ng pagsasanay, pagsaklaw, edukasyon at tulong. Bilang ahensyang nagpapatupad ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Act, Batas sa OSH) ng 1970, araw-araw na nakikipag-ugnayan ang kawani ng OSHA sa mga LEP na indibidwal, kung saan ang Spanish ang pinakamadalas na nakakaugnayang wika. Nangyayari ang pang-araw-araw na mga pakikipag-ugnayan sa iba't ibang paraan, kabilang ang lugar ng trabaho at pagbisita sa inspeksyon, sesyon ng pakikinig; mga talakayan sa roundtable; pakikipagsosyo; mga koalisyon; e-mail at karaniwang sulat sa koreo; pagsisiyasat, pagsusuri at pag-audit; walk-in na pagbisita, tawag sa telepono; webinar; newsletter/pamphlet; Social Media; kumperensya; at pagsasanay.

Tinukoy ng OSHA ang maraming wika (listahan sa ibaba) na nakakaugnayan ng ahensya sa pagpapatupad sa tunguhin nito. Binibigyang-prioridad ang mga wika depende sa bawat kalagayan. May iba't ibang pangangailangan sa wika ang bawat rehiyon ng OSHA depende sa mga paksa at manggagawa sa mga partikular na industriya.

<b>Mga Rehiyon ng OSHA</b>	<b>Nakakaugnayang Wika</b>
Rehiyon 1: Boston	Spanish, Portuguese, Vietnamese
Rehiyon 2: New York	Spanish, Chinese (Cantonese), Chinese (Mandarin), Korean, Vietnamese, Polish, Portuguese, Russian, Arabic, Ukrainian, Uzbek, Serbian, Hindi, Punjabi
Rehiyon 3: Philadelphia	Spanish, Chinese (Mandarin), Portuguese
Rehiyon 4: Atlanta	Spanish, Vietnamese
Rehiyon 5: Chicago	Spanish, Chinese (Cantonese), Chinese (Mandarin), Korean, Vietnamese, Polish, Portuguese, Tagalog, Russian, Arabic, Amharic (Somali), French, Sudanese, Ukrainian, Urdu, Mung, Central American Mayan, Dari, Pashto, Hmong, Karen, Nepali, Oromo, Swahili
Rehiyon 6: Dallas	Spanish, Chinese (Cantonese), Chinese (Mandarin), Vietnamese, Tagalog, Amharic (Somali), Tigrigna, Marshallese
Rehiyon 7: Lungsod ng Kansas	Spanish, Arabic, French, Sudanese, Somali
Rehiyon 8: Denver	Spanish, Portuguese, Navajo, Lakota, Sioux, Crow, Cheyenne, Ute, Arapaho, Pawnee
Rehiyon 9: San Francisco	Spanish, Chinese (Cantonese), Chinese (Mandarin), Korean, Tagalog, Tigrigna, Samoan, Thai, Japanese, Chamorro,

Mga Rehiyon ng OSHA	Nakakaugnayang Wika
	Carolinian, Navajo, Hawaiian Palauan, Chuukese, kabilang ang iba pang Micronesian
Rehiyon 10: Seattle	Spanish

Kumukuha ang OSHA ng mga empleyado<sup>138</sup> na may bilingual na kakayahan sa wika sa pambansang antas at sa lahat ng sampung rehiyonal na tanggapan.<sup>139</sup> Tinutukoy ang mga posisyong ito batay sa mga pangangailangan ng manggagawa sa isang partikular na heograpikal na lugar at mga kwalipikasyon ng mga aplikante. Nagbibigay din ang OSHA ng mga serbisyo sa wika gamit ang kontraktor ng DOL kung kinakailangan. Ginagamit ang mga empleyadong may kakayahan sa wikang bilingual upang magbigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika (hal., mga materyal sa pagsasalin, serbisyo sa interpretasyon); magsagawa ng mga panayam sa media; makisali sa mga inspeksyon; at magbigay ng edukasyon at pagsaklaw, kabilang ang tulong sa pagsunod. Tinatasa ang kahusayan at mga kwalipikasyon ng mga empleyadong ito sa pamamagitan ng pagkuha ng mga opisyal at piling eksperto sa paksa na nagsasagawa ng masusing pagsusuri ng nakasulat at pasalitang pagsasalin/interpretasyon at sa pamamagitan ng mga panayam sa gustong wika bago magtrabaho ang mga ito. Mayroon ding proseso ang OSHA para sa pagtatalaga ng mga bilingual na kawani upang magsagawa ng mga imbestigasyon sa lugar ng trabaho/pagsusuri sa pagsunod. Kapag walang available na bilingual na kawani, gumagamit ang mga rehiyonal na tanggapan ng isang kontraktor upang magbigay ng linya ng telepono na maaaring tawagan ng mga field officer 24/7 para humiling ng mga interpretasyon. Bukod pa rito,

---

<sup>138</sup> Para sa humigit-kumulang 10% ng mga posisyon.

<sup>139</sup> Kasalukuyang mayroong kinuhang bilingual na kawani ang OSHA dahil sa kakayahan sa wika ng mga ito sa Spanish, Portuguese, Vietnamese, Korean, at Traditional at Simplified Chinese.

ginagamit ng OSHA ang iba pang empleyado ng ahensya ng DOL na may mga kakayahan sa wika. Gayunpaman, nag-ulat ang OSHA na minsan ay hindi ito makahanap ng interpreter; matukoy ang angkop na wika para sa komunikasyon; o nakakausap ang mga LEP na indibidwal sa field, na tutugunan ng OSHA sa Plano sa Access sa Wika nito na partikular sa ahensya. Pinapanatili ng ahensya ang listahan ng mga empleyado na may mga kakayahan sa wika upang mapadali ang tulong sa wika. Habang kumukuha ang OSHA ng bilingual na kawani, tinatandaan nito na wala itong sapat na kawani upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan sa wika nito. Sa FY 2024, bubuo ang OSHA ng mga tagubilin at/o isang script<sup>140</sup> para sa mga empleyadong sumasagot sa telepono, upang matiyak na angkop na nakikipag-ugnayan ang mga kawani sa mga LEP na customer. Bukod pa rito, gagawa ang OSHA ng mga voice prompt at voicemail sa Spanish kung sakaling hindi available ang kawani na tumulong sa mga customer na posibleng LEP.

Naka-embed ang Google Translate sa website ng OSHA upang makapag-alok ng mga pagsasalin ng web content nito sa maraming wika.<sup>141</sup> Maaaring mag-click ang mga LEP na indibidwal sa simbolo ng pangkalahatang wika sa tuktok ng mga webpage upang mag-navigate at gamitin ang mga opsyon sa Google Translate.<sup>142</sup> Karaniwang nasa Ingles at Spanish ang mga web content. Sa FY 2024, gagawa ang OSHA ng hiwalay na mga webpage na partikular sa wika<sup>143</sup> na nag-aalok ng impormasyon at mga link/form para sa hindi bababa sa dalawang wikang hindi Ingles na madalas na nakakaugnayan ng OSHA,<sup>144</sup> at aalisin ang Google Translate mula sa website nito.

---

<sup>140</sup> Para sa mga tumatawag na Spanish.

<sup>141</sup> French, French Creole, Korean, Arabic, Cebuano, Ukrainian, Vietnamese, Nepali, Polish, Brazilian, Russian, Somali, Spanish, Traditional Chinese at Simplified Chinese.

<sup>142</sup> Bilang pinakamahusay na kasanayan, kung gagamitin ng mga ahensya ang Google Translate o iba pang libreng online na serbisyo sa pagsasalin, dapat suriin ng isang linguist ang isinalin na content.

<sup>143</sup> Na sumasalamin sa Ingles na content.

<sup>144</sup> Kinakailangang nasa Spanish ang web content dahil ito ang pinaka nakakaugnayang wika.

Natukoy ng ahensya ang maraming mahahalagang dokumento at sinimulan na ang pagsasalin sa mga dokumentong ito. Bukod pa rito, sa FY 2023, magbibigay ang OSHA ng sa website nito ng Babel notice<sup>145</sup> at mahahalagang dokumento upang matiyak na alam ng mga LEP na indibidwal na may mga libreng serbisyo ng tulong sa wika at kung paano ma-access ang mga ito. Sa pagtatapos ng FY 2024, isasalin sa Spanish ang lahat ng natukoy na mahahalagang dokumento (at napiling materyal sa pagsaklaw, kabilang ang mga post sa social media). Sa FY 2024, tatasahin ng OSHA kung dapat bang isalin ang mga post sa social media sa anumang iba pang madalas na nakakaugnayang wika.

Ilalagay ang mga naisalin nang mahahalagang dokumento sa isang imbakan na pinananatili sa pambansang antas at sinusuri bawat quarter ng kawani ng ahensya para sa katumpakan, kalidad, at pagiging sensitibo. Isinasaalang-alang din ang feedback sa materyal mula sa pangkalahatang publiko kapag tinutukoy kung tumpak o kailangan bang baguhin ang impormasyon. Pinapanatili din ng OSHA ang isang diksyunaryo ng mga karaniwang termino ng OSHA at gustong parirala sa Spanish at nagbibigay ng glossary sa mga empleyado na nagbibigay ng tulong sa wika.

Nakikipagtulungan ang OSHA sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad / grupo ng adbokasiya upang maabot at/o makipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal sa pamamagitan ng mga event, kumperensya, at regular na nakaiskedyul na mga meeting. Kapag nakikibahagi sa ganitong paraan, karaniwang ginagamit ng ahensya ang mga serbisyo sa mga tatanggap ng grant, kasosyo sa alyansa, at organisasyon para sa mga serbisyo ng tulong sa wika. Sa FY 2023, magbabalangkas ang OSHA ng mga plano para sa pormal na pagsubaybay sa mga

---

<sup>145</sup> Ibibigay sa mga sumusunod na wika ang mga Babel notice (sa pinakamababa): French, Haitian Creole, Korean, Arabic, Cebuano, Ukrainian, Vietnamese, Nepali, Polish, Brazilian Portuguese, Russian, Somali, Spanish, Traditional Chinese at Simplified Chinese. Sa FY 2024, tatasahin ng OSHA dapat bang isama sa Babel notice ang iba pang wika.

pakikipag-ugnayan sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad/mga grupo ng adbokasiya sa kanilang Plano sa Pagsaklaw at Pakikipag-ugnayan. Sa planong ito, ilalarawan ng OSHA kung paano ito magsasagawa ng pagsaklaw at makikipag-ugnayan sa mga indibidwal at LEP na komunidad na walang kalaban-laban upang matiyak na alam nila ang programa ng OSHA na magbigay ng libre at napapanahong serbisyo sa access sa wika. Bukod pa rito, ibabalangkas ng OSHA ang mga plano nito na ipagpatuloy ang pagpapabuti at pagpapalawak ng isinalin na content para sa mga platform ng social media.

Sa FY 2024 na Plano sa Access sa Wika nito na partikular sa ahensya, ibabalangkas ng OSHA ang mga plano nito na: subaybayan ang dalas at uri ng mga pakikipag-ugnayan sa LEP; magtatag ng mga SOP para sa mga pamamaraan ng pagsasalin kung kinakailangan ng karagdagang pagsasalin para sa pinaglilingkurang populasyon nito; at, ang mga proseso nito para sa pagtatalaga ng mga bilingual na imbestigador na magsagawa ng mga pagsisiyasat sa lugar ng trabaho/pangasiwaan ang mga kaso na kinasasangkutan ng mga LEP na manggagawa. Bubuo din ang OSHA ng pormal na pagsasanay para sa mga empleyadong inaasahang magbibigay ng mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon bilang bahagi ng kanilang trabaho at magbabalangkang ng mga alituntunin para sa mga kawani kapag nakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal.

## **Tanggapan ng mga Programa ng Kabayaran sa mga Manggagawa**

Tunguhin ng Tanggapan ng mga Programa ng Kabayaran sa mga Manggagawa (Office of Workers' Compensation Programs, OWCP) na protektahan ang mga interes ng mga manggagawang nagka-injury o nagkasakit sa trabaho, mga pamilya nito, at mga employer nito sa pamamagitan ng paggawa ng napapanahon, naaangkop, at tumpak na mga desisyon sa mga claim, na nagbibigay ng agarang pagbabayad ng mga benepisyo, at pagtulong sa mga na-injury na manggagawa na bumalik sa trabaho sa lalong madaling panahon.



Pinangangasiwaan ng OWCP ang apat na pangunahing programa sa kabayaran sa kapansanan (inilalarawan sa ibaba) na nagbibigay ng mga benepisyo sa kapalit ng sahod, medikal na paggamot, bokasyonal na rehabilitasyon at iba pang benepisyo sa ilang manggagawa o mga umaasa sa mga ito na nakaranas ng injury o sakit na nauugnay sa trabaho.

### **Kabayaran sa Pagkakasakit sa Trabaho ng mga Empleyado ng Dibisyon ng Enerhiya**

Tunguhin ng Kabayaran sa Pagkakasakit sa Trabaho ng mga Empleyado ng Dibisyon ng Enerhiya (Division of Energy Employees Occupational Illness Compensation, DEEOIC), sa ilalim ng Batas sa Programa ng Kabayaran sa Pagkakasakit sa Trabaho ng mga Empleyado ng Enerhiya (Energy Employees Occupational Illness Compensation Program Act, EEOICPA), na protektahan ang mga interes ng mga manggagawang nagka-injury o nagkasakit sa trabaho, o pamilya nito, sa pamamagitan ng paggawa ng napapanahon, naaangkop, at tumpak na mga desisyon sa mga claim at pagbibigay ng agarang pagbabayad ng mga benepisyo sa mga karapat-dapat na claimant. Pinagtibay ang EEOICPA noong Oktubre 2000 at binabayaran ang: kasalukuyan o dating mga empleyado (o mga naiwan nito) ng Kagawaran ng Enerhiya (Department of Energy, DOE), ang mga naunang ahensya nito, at ilang mga vendor, kontraktor, at subcontractor nito, na na-diagnose na may radiogenic cancer, chronic beryllium disease, beryllium sensitivity, o chronic silicosis, bilang resulta ng pagkakalantad sa radiation, beryllium, o silica habang nagtatrabaho sa mga sakop na pasilidad; mga indibidwal (o mga karapat-dapat na naiwan nito) na iginawad ng mga benepisyo ng Kagawaran ng Katarungan sa ilalim ng Seksyon 5 ng Batas sa Kabayaran sa Pagkakalantad sa Radiation (Radiation Exposure Compensation Act, RECA); at mga empleyado ng kontraktor at subcontractor ng DOE, mga karapat-dapat na naiwan ng naturang mga empleyado, at mga minero ng uranium, tagagiling, at tagabyahe ng ore gaya ng tinukoy ng Seksyon 5 ng RECA,

para sa anumang sakit sa trabaho na sanhi ng pagkakaugnay sa mga nakakalason na pagkakalantad sa kapaligiran sa trabaho ng DOE o pagmimina.

### **Dibisyon ng Kabayaran sa mga Manggagawa ng Minahan ng Coal**

Tunguhin ng Dibisyon ng Kabayaran sa mga Manggagawa ng Minahan ng Coal (Division of Coal Mine Workers' Compensation, DCMWC), o Programa ng Pederal na Black Lung, na pangasiwaan ang mga claim na isinampa sa ilalim ng Batas sa mga Benepisyong Black Lung. Ang Batas ay nagbibigay ng kabayaran sa mga minero ng karbon na lubusang naging baldado dahil sa pneumoconiosis na nagmumula sa trabaho sa minahan ng karbon, at sa mga naiwan ng mga minero ng karbon na nauugnay sa sakit ang pagkamatay. Tinitiyak ng DCMWC ang tumpak at napapanahong pagbabayad ng mga benepisyong mula sa Black Lung Disability Trust Fund at ng responsableng mga operator ng minahan ng karbon sa ilalim ng Part C ng Batas, pati na rin ang mga benepisyong binabayaran sa ilalim ng Part B ng Batas. Maliban sa buwanang kabayaran, nagbibigay din ang DCMWC sa mga kwalipikadong minero ng medikal na saklaw para sa paggamot ng mga sakit sa baga na nauugnay sa pneumoconiosis. Tinutukoy at nakikipagtulungan ang DCMWC sa mga operator at insurer ng minahan ng karbon upang maayos na maitalaga ang pananagutan para sa pagbabayad ng mga benepisyong.

### **Kabayaran sa mga Manggagawa ng Longshore at Harbor ng Dibisyon ng mga Pederal na Empleyado**

Hinahati ng Kabayaran sa mga Manggagawa ng Longshore at Harbor ng Dibisyon ng mga Pederal na Empleyado (Division of Federal Employees', Longshore and Harbour Workers' Compensation, DFELHWC) ang pangangasiwa ng mga claim sa pagitan ng Programa ng Longshore at Programa ng mga Pederal na Empleyado:

- **Programa ng Pangangasiwa ng Kabayaran sa Pederal na Empleyado:** Hinahatolan ng programa ng Batas sa Kabayaran sa mga Pederal na Empleyado ang mga bagong claim para sa mga benepisyo at namamahala sa mga kasalukuyang kaso; nagbabayad ng mga medikal na gastos at benepisyo sa kompensasyon sa mga nagka-injury na manggagawa at mga naiwan nito; at tinutulungan ang mga na-injury na empleyado na bumalik sa trabaho kapag kaya na nilang gawin ito ayon sa medikal.
- **Programa ng Longshore:** Tunguhin ng Programa ng Longshore na mabawasan ang epekto ng mga injury sa mga trabaho sa lupa, sa dagat at pagkamatay sa mga nagka-injury na empleyado at kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng pagtiyak na agaran at maayos na naibibigay ang mga benepisyo ng kabayaran sa mga manggagawa sa ilalim ng Batas ng Kabayaran sa mga Manggagawa ng Longshore at Harbour (Longshore at Harbour Workers' Compensation Act, LHWCA). ), Batas sa Defense Base (Defense Base Act, DBA), Batas sa Non-Appropriated Fund Instrumentalities (NAFI) at ang Batas sa Outer Continental Shelf Lands (OCSLA).

May dalawang karagdagang dibisyon ang OWCP na mahalaga sa tagumpay at katuparan ng pangkalahatang tunguhin ng ahensya: Ang Dibisyon ng mga Administratibong Operasyon at Ang Dibisyon ng Pangangasiwa sa Pananalapi.

### **Dibisyon ng mga Administratibong Operasyon**

Ibinibigay ng Dibisyon ng mga Administratibong Operasyon ang mga sumusunod na serbisyong administratibo: human resources, pamamahala ng pasilidad, paglalakbay, pangangasiwa sa kontrata, pagpoproseso ng bill sa medikal at parmasya, integridad ng programa, at IT. Ibinibigay din ng dibisyon sa pamunuan ng OWCP ang impormasyon at

patnubay upang makagawa ng mga matalinong desisyon tungkol sa mga operasyon ng administratibo at medikal na benepisyo ng ahensya.

### **Dibisyon ng Pangangasiwa sa Pananalapi**

Ibinibigay ng Dibisyon ng Pangangasiwa sa Pananalapi ng pamunuan at direksyon upang matiyak ang maayos na pagpapalano, pagbabadyet, at pamamahala sa pananalapi sa buong OWCP. Partikular na pinamumunuan ng Dibisyon ang estratehiya at pagpapatakbo, pag-uulat ng pagganap, at pagbadyet ng OWCP. Ang dibisyong ito ay nagsisilbing function ng pagtutulungan para sa mga pinansyal na pahayag at mga aktibidad sa pag-audit at kasama din sa mga istatistikal at aktwal na pagsusuri at pagbuo ng mga panukalang pambatas.

Maraming beses sa isang linggo nakikipag-ugnayan ang OWCP sa mga LEP na indibidwal sa personal, virtual, o nakasulat na mga pamamaraan. Gumagana ang OWCP sa bawat estado at teritoryo, at nakatukoy ang mga ito ng siyam na wika<sup>146</sup> na nakakaugnayan kapag isinasagawa ang tunguhin nito, na Spanish ang pinakamadalas na nakakaugnayan. Batay sa pangangailangan sa negosyo, kinikilala ng OWCP na kailangang isalin ang mahahalagang impormasyon sa Navajo at gagawin itong priyoridad sa FY 2023. Kasalukuyang mayroong maraming nakakontratang vendor ang OWCP na nagbibigay ng mga serbisyo sa wika.

Bukod pa rito, nagbibigay din ang DEEOIC ng mga serbisyo sa pagsalin para sa mga Energy claimant sa pamamagitan ng kontraktor ng Sentro ng Mapagkukunan ng DEEOIC. Kaya ng DEEOIC na bigyan ng sulat ang lahat ng claimant sa Spanish, kapag kinakailangan o hiniling.

Karamihan sa website ng OWCP ay kasalukuyang nasa Ingles lang at walang mga Babel notice sa iba pang wika. Noong FY 2022, gumawa ang DEEOIC ng hub ng wikang Spanish sa website

---

<sup>146</sup> Spanish, Mandarin, Korean, Vietnamese, Tagalog, Japanese, Arabic, Farsi, at Navajo.

ng OWCP. Available din ang mga Spanish na mapagkukunan ng DEEOIC sa mga user na gumagamit ng mga search engine; nagpapakita ang pariralang “DEEOIC Spanish” ng ilang isinalin na pahina na nagbibigay-daan sa mga user na mabilis na mag-navigate pabalik sa landing page ng Spanish. Gayunpaman, dapat mag-navigate ang mga LEP na customer sa mga Ingles na webpage para ma-access ang DEEOIC Spanish language hub. Sa FY 2023, bubuo ang OWCP ng plano para isalin at isama ang mga online na Babel notice para sa siyam na wikang nakakaugnayan ng ahensya sa agarang pagsasagawa ng tunguhin nito at sisikapang matiyak na lubusang naa-access ng mga LEP na customer ang mga Spanish na webpage.

Tinukoy ng OWCP ang isang listahan ng mga dokumento, landing page ng website, brochure, at application na naglalaman ng mahahalagang impormasyon at naisalin na ang ilang mahahalagang dokumento. Isinalin ng DEEOIC ang sampung brochure at impormasyon na nauukol sa mga karapatan ng mga manggagawa, kung paano maghain ng mga claim, at mga Spanish na FAQ para sa mga claimant. Isinagawa ng mga kontraktor ang pagsasalin, at na-verify ng mga panloob na empleyado at/o kontraktor na mahusay sa target na wika ang kalidad ng isinalin na materyal. Pinananatili ang mga isinaling dokumento sa isang imbakan na ina-update taun-taon, o habang ginagawa ang mga pagbabago sa mga Ingles na bersyon. Sa FY 2023, bubuo ang OWCP ng plano para isalin ang mahahalagang dokumento at impormasyon sa iba pang wika na nakaugnayan sa pagsasagawa ng tunguhin nito. Babalangkasin din ng OWCP ang mga proseso nito sa pagtukoy ng mga ginagawang mahahalagang dokumento sa hinaharap, at pagsasalin ng mga ito. Sa FY 2024, nagpaplano din ang DEEOIC ng OWCP na gumawa ng mga audio clip sa Navajo na isasama sa website nito.

Kapag nakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal, maaaring makatanggap ang mga empleyado ng OWCP ng mga serbisyo sa interpretasyon sa tulong ng mga bilingual na empleyado o nakakontratang kawani sa loob ng ahensya, mga serbisyong nakakontrata sa interpretasyon, o sa pamamagitan ng paghiling sa LEP na indibidwal na maghanap ng isang kaibigan o kapamilya na magsasalin para sa kanila. Sa Plano sa Access sa Wika ng OWCP na partikular sa ahensya, na bubuuin sa FY 2024, bubuo ang OWCP ng mga patakaran upang matiyak na hindi ito umaasa sa mga LEP na customer na gamitin ang kapamilya/kaibigan bilang mga interpreter.

Sa pangkalahatan, hindi kumukuha ng mga empleyado ang OWCP para sa kanilang mga kakayahan sa mga wikang hindi Ingles. Gayunpaman, kumukuha ang Sentro ng Mapagkukunan ng DEEOIC ng mga empleyadong may kakayahan sa wika. May limang nakakontratang empleyado ang Sentro ng Mapagkukunan na marunong mag-Spanish at isa na nagsasalita ng Navajo. Responsibilidad ng kontraktor ng Sentro ng Mapagkukunan na tasahin ang mga kakayahan sa wika sa panahon ng proseso ng pagkuha para trabaho. Noong FY 2022, iniulat ng kontraktor ng DEEOIC Sentro ng Mapagkukunan na humiling ng mga serbisyo sa wika ang 120 claimant. Bukod pa rito, anim na claimant ng FECA ang humiling ng mga tagasalin para sa mga pagdinig.<sup>147</sup> Kapag humiling ang isang claimant ng tulong sa intepretasyon, kukuha ang kinatawan ng pagdinig ng karampatang interpreter. Sa panloob, binanggit ng OWCP na ipinakita ng Longshore Voluntary Demographic survey na 5.8% ng mga tumugon sa survey ang nagpahiwatig na Spanish ang pangunahing wika ng mga ito at 1.3% ang Tagalog. Bukod pa rito, binanggit ng OWCP na ipinakita ng Boluntaryong Demograpikong survey ng FECA na 3.7% ng mga tumugon sa survey ang nagpahiwatig na Spanish ang pangunahing wika ng mga ito at 0.4% ang Tagalog.

---

<sup>147</sup> Kinakailangan ang mga serbisyo para sa mga wikang Arabic, Korean, Mandarin, at Spanish.

Gayunpaman, boluntaryo ang survey, kaya maaaring hindi tumpak na sumasalamín sa pangangailangan para sa mga serbisyo sa wika ang data.

Sa FY 2023, bubuo ang OWCP ng estratehiya sa pakikipag-ugnayan at pagsaklaw upang matiyak na nagbibigay ito ng napapanahon at makabuluhang mga serbisyo sa wika sa mga LEP na customer sa loob ng populasyon na kwalipikado sa serbisyo nito. Kasama sa estratehiyang ito ang pagbubuo ng kasalukuyang kasanayan ng Sentro ng Mapagkukunan ng DEEOIC sa pag-uugnay ng mga interpreter kapag nagsasagawa ng mga event ng pagsaklaw sa mga lokal na miyembro at organisasyon ng komunidad.

Sa FY 2024 na Plano sa Access sa Wika nito na partikular sa ahensya, bubuo ang OWCP ng mga patakaran upang matiyak na: pinananatili ang listahan ng mga miyembro ng kawani sa loob ng bawat programa na makakapagbigay ng mga serbisyo sa wika; nakikipag-ugnayan sa mga LEP na customer sa hindi Ingles na gustong wika ng mga ito kapag natukoy na; sinanay ang mga kawani na magbigay ng mga serbisyo sa wika kapag nakikipag-ugnayan sa mga LEP na customer; alam ng mga kawani ang proseso sa pagtukoy ng mga pangangailangan sa wika at pag-access ng mga kwalipikadong interpreter; at, isinalin ang mga materyal para sa mga LEP na indibidwal sa gustong wika ng mga ito. Isasama rin ng OWCP sa Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya ang layunin nitong kumpirmahin at regular na tasahin ang mga demograpiko ng mga populasyon na kwalipikado sa serbisyo habang nagbabago ang mga populasyon at programa; subaybayan ang bilang ng mga indibidwal na naghahanap ng mga serbisyo sa wika at ang uri ng mga serbisyong ibinigay; at ang plano nitong ibigay ng iba pang dibisyon, maliban sa DEEOIC, ang mga serbisyo sa wika para sa mga LEP na customer.

## Tanggapan ng Tagapagtanggol

Tunguhin ng Tanggapan ng Tagapagtanggol (Office of the Solicitor, SOL) na tugunan ang mga hinihingi ng legal na serbisyo ng buong Kagawaran ng Paggawa. Habang sinisikap ng Kalihim ng Paggawa at ng iba pang opisyal ng Kagawaran na maisakatuparan ang pangkalahatang tunguhin ng Kagawaran at isagawa ang iba pang mga partikular na priyoridad, nagbibigay ang Tanggapan ng Tagapagtanggol (Office of Solicitor, SOL) ng legal na payo kung paano makamit ang mga layuning iyon. Sa paggawa nito, tinitiyak ng SOL na puwersahan at patas na inilalapat ang mga batas sa paggawa ng bansa upang protektahan ang mga manggagawa ng Bansa.

Tinutupad ng SOL ang tunguhin nito sa pamamagitan ng pagkatawan sa Kalihim at sa mga ahensya ng kliyente sa lahat ng kinakailangang paglilitis, kabilang ang parehong mga aksyon sa pagpapatupad at pagtatanggol na paglilitis, at sa mga alternatibong aktibidad sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan; pagtulong sa pagbuo ng mga regulasyon, pamantayan, at mga panukalang pambatas; at pagbibigay ng mga legal na opinyon at payo tungkol sa lahat ng mga aktibidad ng Kagawaran.

Sa pagsasagawa ng tunguhin nito, araw-araw na nakakaugnayan ng SOL ang mga sumusunod na LEP na populasyon: Spanish, French, Portuguese, Chinese (Mandarin), Chinese (Cantonese), Chinese (Simplified o Traditional na Nakasulat), Korean, Tagalog, Japanese, Burmese, Hebrew, Hindi/Urdu, Bengali, Gujarati, Russian, at Polish. Ang mga hindi gaanong karaniwang nakakaugnayan na LEP na populasyon ay nagsasalita ng Haitian Creole, Canjobal/Q'anjob'al<sup>148</sup> at Quiché.<sup>149</sup> Nangyayari ang pakikipag-ugnayan sa mga taong LEP

---

<sup>148</sup> Katutubong wika mula sa Guatemala.

<sup>149</sup> Katutubong wika mula sa Guatemala.



habang isinasagawa ang pagsaklaw sa mga stakeholder at organisasyon ng adbokasiya, meeting, sulat, e-mail, walk-in na pagbisita, tawag sa telepono, pakikipag-ugnayan gamit ang social media, event sa pagsasanay, deposisyon, sa panahon ng mga pagdinig, meeting kasama ang saksi, negosasyon sa pakikipag-ayos, tawag sa mga hukom para sa katayuan, at pagdinig sa mosyon na dinaluhan ng mga saksi. Sa FY 2024, babalangkasin ng SOL ang proseso nito sa pagsubaybay sa dalas at uri ng mga serbisyong LEP na ibinibigay nito.

Sa FY 2024, makikipagtulungan ang SOL sa mga ahensya ng kliyente upang tasahin ang kanilang mga kasanayan at paggamit ng mga interpreter at tagasalin, pati na rin ang responsibilidad ng SOL na isalin ang mahahalagang dokumento sa pakikipagtulungan. Isinusumite ng mga ahensya ng kliyente ang mga kaso sa SOL para sa paglilitis pagkatapos maganap ang imbestigasyon o inspeksyon at tumutol ang tumutugon na employer sa pasya ng Ahensya o tumangging makipag-ayos. Sa panahon ng mga proseso ng imbestigasyon at inspeksyon, karaniwang kumukuha ang mga ahensya ng kliyente ng mga pahayag mula sa mga saksi at iba pang ebidensya bilang suporta sa mga natuklasan. Sisikapin ng SOL na payuhan ang mga ahensya ng kliyente gayundin ang Kagawaran sa kabuuan na isulong ang pagsunod at ang epektibong pagbibigay ng mga serbisyo sa wika.

Nagbibigay ng impormasyon ang website ng SOL sa Ingles. Bagama't maaaring available sa Spanish ang ilang content, dapat mag-navigate ang mga LEP na customer mga Ingles na content bago mahanap ang mga Spanish na mapagkukunan. Upang matiyak na may access ang mga LEP na indibidwal sa pangunahing impormasyon at natatanggap / naipabatid ang mga serbisyong magagamit sa kanila, sa FY 2023, isasama ng SOL sa landing page ng website nito ang mga Babel notice, sa pinakamababa, sa mga wikang pinaka

nakakaugnayan<sup>150</sup> sa pagsasagawa ng tunguhin nito.<sup>151</sup> Bukod pa rito, babaguhin ng SOL ang website nito upang matiyak na maa-access ng mga LEP na indibidwal ang content nang hindi nagna-navigate sa mga Ingles na webpage at bubuo ng isang workplan upang magbigay ng impormasyon / mapagkukunan online sa Spanish.

Dalawang tanggapan ng SOL ang kasalukuyang may mga kontrata sa isang telephonic na linya ng interpretasyon. Ginagamit ng mga abogado at kawani ang mga linyang ito para makipag-usap sa mga saksi, nagrereklamo, at *pro se* employer. Sa FY 2024, makikipagtulungan ang SOL sa Kagawaran upang matiyak na may access ang lahat ng tanggapan sa mga telephonic na interpreter. Kasalukuyang tinitiyak ng SOL ang mga pagsasalin sa pamamagitan ng mga kontraktor na tiniyak ng Yunit ng Suporta sa Litigasyon. Kasalukuyang may humigit-kumulang 50 -75 bilingual na abogado sa buong bansa ang SOL.<sup>152</sup> Bilang bahagi ng kanilang tungkulin, direktang nakikipag-usap ang mga bilingual na abogado sa mga LEP na indibidwal na nasa kasong itinalaga sa kanila. Maaaring paminsan-minsang makipag-ugnayan ang mga bilingual na abogado sa mga LEP na indibidwal sa mga kasong hindi nakatalaga sa mga ito kung may agarang pangangailangan o kung may mga bagay sa pag-iskedyul na kailangang tugunan. Gayunpaman, hindi mga interpreter ang mga abogado ng SOL. Sa mga tanggapan kung saan hindi available ang mga bilingual na abogado, madalas hihilingin ng SOL sa imbestigador mula sa ahensya ng kliyente sa nauugnay na usapin na maging interpreter kapag nakikipag-usap sa mga saksi kung marunong sila ng kinakailangang wika.<sup>153</sup> Hindi kumukuha ang SOL ng mga empleyadong

---

<sup>150</sup> Sinipi sa itaas.

<sup>151</sup> Sa FY 2024, susuriin ng SOL kung dapat bang ibigay ang mga Babel notice sa mga wikang hindi gaanong nakakaugnayan (mga wikang ginagamit ng populasyon na kwalipikado sa serbisyo ng SOL).

<sup>152</sup> Ginagamit ng mga abogadong ito ang kanilang mga kakayahan sa wika upang magbigay ng mga serbisyo sa mga LEP na indibidwal sa mga imbestigasyon / kaso.

<sup>153</sup> Kung hindi marunong ang imbestigador sa kinakailangang wika, ginagamit ng SOL ang telephonic na linya ng interpretasyon.

may kakayahan sa wika; sa halip, maaaring isama ng ilang tanggapan ang wika sa mga kinakailangan—malamang para sa Spanish, pero posibleng Mandarin—sa pag-post nito ng trabaho na maaaring bigyan ng bigat o kagustuhan.<sup>154</sup> Bukod pa rito, hindi tinatasa ng SOL ang mga kakayahan sa wika ng mga empleyado nito. Sa nakalipas na dalawang taon, nagsagawa ang tanggapan ng Rehiyon IV ng mga pagsasanay sa kahalagahan ng access sa wika, kung paano tukuyin ang mga mahahalagang dokumento, at kung paano bumuo / magpatupad ng Plano sa Access sa Wika. Gayunpaman, hindi nagsagawa ang SOL ng mga komprehensibong mga pagsasanay sa access sa wika sa buong bansa. Sa FY 2024, tutukuyin ng SOL kung dapat pormal na tasahin ang mga kandidato at kasalukuyang empleyado para sa mga kakayahan sa wika at, kung gayon, kung paano ito susuriin,<sup>155</sup> lalo na para sa mga empleyado na opisyal na gumagamit ng kanilang mga kakayahan sa wika.

Bukod pa rito, walang mga patakaran ang SOL na nagbabalangkas kung paano tumatanggap ang mga investigator at abogado ng pagsasanay at suporta sa LEP, kapag kinakailangan. Nabanggit ng SOL na nakakaranas ito ng malalaking kakulangan sa pagbibigay ng epektibong komunikasyon sa mga saksi, nagrereklamo, at *pro se* employer na LEP. Sa FY 2023, gagawa ang SOL ng mga patakaran at pamamaraan para sa mga kawani nito kung paano tutukuyin, ia-access at ibibigay ang epektibong serbisyo sa iba't ibang uri ng mga LEP na indibidwal<sup>156</sup> at kung paano kinikilala at pinaglilingkuran ng mga kawani ang mga LEP na indibidwal upang matiyak na ang lahat ng mga tanggapan ng rehiyon ay nagbibigay ng makabuluhang access sa wika. Gagawa rin ang SOL ng mga voicemail prompt sa maraming wika<sup>157</sup> upang matiyak na ang mga LEP na tumatawag ay may mga serbisyo ng tulong sa

---

<sup>154</sup> Mga rehiyon ng Dallas at San Francisco.

<sup>155</sup> hal., pagsasalin/interpretasyon/pagsulat/pagbabasa ng mga pagsusuri.

<sup>156</sup> Tulad ng mga saksi, nagrereklamo, at *pro se* employer.

<sup>157</sup> Gagawa ang SOL ng mga voicemail prompt na hindi bababa sa 5 wika sa FY 2023. Sa FY 2024, susuriin ng SOL kung dapat bang magdagdag ng iba pang wika sa voicemail prompt.

wika. Sa FY 2024, magsasagawa ang SOL ng pagsasanay sa mga bagong binuong patakaran at bubuo ng espesyal na pagsasanay para sa mga kawani na inaasahang gagamit ng mga kakayahan sa wika upang magbigay ng mga serbisyo sa mga LEP na indibidwal. Bukod pa rito, sa FY 2024, bubuo at mamamahagi ang SOL<sup>158</sup> ng listahan ng mga empleyadong may kakayahan sa wika, upang isulong ang napapanahong mga serbisyo sa wika.

Sa FY 2023, bubuo ang SOL ng Estratehiya sa Pagsaklaw at Pakikipag-ugnayan para matiyak na nagbibigay ito ng makabuluhang access sa wika sa mga LEP na walang kalaban-laban na pinaglilingkurang populasyon at aabisuhan ang mga LEP na customer sa libre at napapanahong mga serbisyo sa wika. Sa Estratehiya sa Pagsaklaw at Pakikipag-ugnayan, susuriin din ng SOL ang kasalukuyang pakikipag-ugnayan sa mga komunidad ng LEP at ilalarawan kung paano pinaplano ng ahensya na pahasayin ang pakikipag-ugnayan nito sa mga komunidad na walang kalaban-laban sa hinaharap.

Bagama't hindi nakagawa ang SOL ng Plano sa Access sa Wika sa buong ahensya, bumuo ang Rehiyon IV ng Plano sa Access sa Wika noong Abril 2020.<sup>159</sup> Sa FY 2024, bubuo ang Tanggapan ng isang Plano sa Access sa Wika sa buong ahensya, na isinasama ang plano na binuo ng Rehiyon IV. Kasama sa plano sa buong ahensya ang mga proseso sa: pagtukoy sa mahahalagang dokumento, pagtatasa ng katumpakan ng pagsasalin ng mahahalagang dokumento, pagbabalangkas sa mga pamamaraan sa pagsasalin; pagbalangkas sa mga patakaran/pamamaraan para sa mga kawani upang masubaybayan ang mga serbisyong ibinigay; at pagtasa sa bisa ng mga kasalukuyang salin.

---

<sup>158</sup> Sa mga kawani.

<sup>159</sup> Ang planong ito ay binuo ng mga miyembro mula sa team ng Inisyatiba sa Access sa Wika ng Rehiyon IV pagkatapos mangalap ng input mula sa mga ahensya ng kliyente at iba pang rehiyonal na tanggapan ng SOL.

## Dibisyon ng Sahod at Oras

Ipinapatupad ng Dibisyon ng Sahod at Oras (Wage and Hour Division, WHD) ang minimum na pederal na sahod, bayad sa overtime, pagpapanatili ng rekord, at mga kinakailangan sa pagpapatrabaho sa bata ng Batas sa Patas na mga Pamantayan sa Paggawa. Ipinapatupad din ng WHD ang Batas sa Proteksyon ng Imigrante at Pana-panahong Agrikultural na Manggagawa, ang Batas sa Proteksyon ng Polygraph ng Empleyado, ang Batas sa Bakasyon ng Pamilya at Medikal na Bakasyon, mga probisyon sa sahod na garnishment ng Batas sa Proteksyon ng Kredito ng Consumer, at ilang pamantayan sa pagtatrabaho at mga proteksyon ng manggagawa, gaya ng ibinibigay sa ilang kaugnay na batas sa imigrasyon. Bukod pa rito, pinangangasiwaan at ipinapatupad ng WHD ang umiiral na mga kinakailangan sa sahod ng Davis-Bacon at mga Kaugnay na Batas at ang Batas sa Kontrata ng Serbisyo at iba pang batas na naaangkop sa mga pederal na kontrata para sa pagtatayo at para sa pagbibigay ng mga produkto at serbisyo.

Nagsasagawa ang WHD ng pambansa, rehiyonal, at lokal na mga istrategikong hakbangin na nakatuon sa mga industriya na gumagamit ng mga manggagawang walang kalaban-laban, kabilang ang mga LEP na indibidwal. Kasama sa mga hakbanging ito ang pagpapatupad, edukasyon at pagsaklaw, at tulong sa pagsunod. Pinagsisilbihan ng WHD ang malawak na populasyon ng mga LEP na indibidwal at araw-araw na nakakaugnayan ang mga LEP na indibidwal at sa iba't ibang paraan, kabilang ang personal, sa telepono, o sa virtual na paraan. Tumatanggap ang WHD ng mga reklamo tungkol sa mga paglabag sa mga pamantayan sa proteksyon ng manggagawa at nagsasagawa ng makabuluhang pagsisikap sa imbestigasyon na nangangailangan ng epektibong komunikasyon sa mga LEP na indibidwal. Kabilang ang mga aktibidad ng WHD sa pinakamahalaga sa Kagawaran sa

pagsasagawa nito sa tunguhin nitong tiyaking lubos na napoprotektahan ang mga karapatan ng mga manggagawa.

Tinukoy ng WHD ang humigit-kumulang 34 na wika kabilang ang: [Spanish](#), [Arabic](#), [Chinese](#), [Haitian](#), [Hindi](#), [Hmong](#), [Korean](#), [Nepali](#), [Polish](#), [Portuguese](#), [Punjabi](#), [Russian](#), [Samoan](#), [Somali](#), [Tagalog](#), [Thai](#), [Urdu](#), [Vietnamese](#) at iba pa na madalas nakakaugnayan ng mga tanggapan sa lokal at distrito na antas, na may natatanging pagdiin sa mga umuusbong na katutubong wika. Upang matiyak na sapat ang mga available na serbisyo para sa mga pinaglilingkurang katutubong populasyon, babalangkasin ng WHD sa FY 2024 na Plano sa Access sa Wika nito na partikular sa ahensya ang mga mapagkukunan ng wika para sa mga populasyon na nagsasalita ng mga wikang Aleut, mga wikang Apache, Cherokee, mga wikang Dakota, Keres, mga wikang Muskogean, Navajo, at Ojibwa. Bukod pa rito, susuriin ng WHD ang isang Pangdepartamento, nababasa ng makina na solusyon sa pagsasalin ng website nito sa iba pang wika bukod sa Spanish. Kinikilala ng WHD na kung gagamit ito ng machine translation software upang isalin ang website, kailangang suriin ang content ng isang kwalipikadong linguist upang matiyak ang katumpakan.<sup>160</sup>

Available ang website ng WHD sa Spanish bagama't may ilang seksyon ng teksto na hindi naa-access ng mga nagsasalita ng Spanish (hal., ang header ng landing page, mga sub link). Walang mga Babel notice ang website ng WHD sa ibang madalas na nakakaugnayang wika. Samakatuwid, nilalayon ng WHD na isama ang mga Babel notice sa landing page ng website para sa mga customer na nakakaunawa sa mga madalas na nakakaugnayang wika sa katapusan ng FY 2023 at magsisikap na baguhin ang Spanish website upang matiyak na lubos na matapos ang pagsasalin sa FY 2024. Gumagamit din ang WHD ng isang serbisyo sa

---

<sup>160</sup> Isang linguist na nasuri para sa mga kakayahan sa wika nito.

interpretasyon sa telepono upang makipag-usap sa publiko kung sakaling walang sinuman sa kawani ang may kakayahan sa kinakailangang wika. Kailangan lang ipahiwatig ng mga customer ang pangangailangan para sa pagsasalin bago i-activate ng kawani ng WHD. Kapag nakikipag-ugnayan sa mga customer sa pamamagitan ng virtual na pagsaklaw sa pamamagitan ng Teams, maaari nang makatanggap ang mga customer ng close captioning sa maraming wika kung sakaling hindi available ang mga serbisyo ng live na interpretasyon. Susuriin/titiyakin ng WHD na maaasahan ang tool na ito.

May proseso ang WHD sa pagtukoy ng mga pangangailangan sa wika kapag nagbubukas ng pagsisiyasat upang magbigay ng mga serbisyo sa naaangkop na (mga) wika. Babalangkasin ang mga prosesong ito sa mga pamamaraan ng WHD at sa Plano sa Access sa Wika nito na partikular sa ahensya, na bubuuin sa FY 2024, at susuriin ayon sa isang iskedyul na itinatag ng WHD.

Pinananatili ng WHD ang imbakan ng mga isinaling dokumento para sa pagsasagawa ng tunguhin ng ahensya. Pinananatili ang imbakang ito Pambansang Antas, at bini-verify ang mga dokumento para sa katumpakan ng mga kawani ng ahensya na may kakayahan sa wika at na-update sa "kung kinakailangan" na batayan kapag may mga pagbabago sa mga regulasyon o sa mga Ingles na bersyon. Noong FY 2023, tinukoy ng WHD ang 25 dokumentong naglalaman ng mahahalagang impormasyon para sa mga customer. Sa ngayon, isinalin ng WHD ang iba't ibang mahahalagang materyal sa maraming wika, kabilang ang website ng ahensya, mga sulat, aplikasyon, pangkalahatang Impormasyon, polyeto/pamphlet, form ng pahintulot, form ng reklamo, form ng paggamit, Paunawa ng Karapatan, ulat, materyal sa gabay, pormal na kasunduan (MOU/AEU), pinagsamang pagsasanay ng stakeholder, fact sheet, tradisyonal na media, at live na event sa social media. Sa FY 2023 at FY 2024, patuloy na isasalin ng WHD ang mahahalagang dokumento sa

34 na madalas na nakakaugnayang wika<sup>161</sup> upang matiyak na maa-access ng mga customer ang mahahalagang impormasyon para sa mga programa at serbisyo ng WHD, kung hindi pa naisalin. Bilang pinakamahusay na kasanayan, gumagamit ang WHD ng Spanish glossary na ginawa sa pamamagitan ng inisyatiba ng OPA upang matiyak na pare-pareho ang mga isinaling materyal. Bukod sa pagtiyak na isinalin ang lahat ng mahahalagang dokumento para maging available, kailangang tiyakin ng WHD na isasalin ang espesyal at iniangkop na impormasyon kung kinakailangan. Dapat nasa naaangkop na mga wika ang mga napapanahong komunikasyon sa mga LEP na indibidwal sa buong panahon ng pakikipag-ugnayan ng ahensya.

Kasalukuyang gumagamit ang WHD ng software sa pagsasalin ng Google. Bilang pagkilala na hindi maaasahan ang kasanayang ito, bini-verify ng WHD ang mga salin at binabago, kung naaangkop, upang matiyak ang katumpakan ng salin. Gayunpaman, hindi ginagawang available sa publiko ng WHD ang tool na ito.

Karaniwang kumukuha ang WHD ng mga empleyadong may kakayahan sa wikang hindi Ingles. Kasalukuyang mayroong 518 tauhan ang WHD na nakakabasa, nakakasulat, at nagkakatagsalita ng ibang wika maliban sa Ingles. Ayon sa tugon sa survey, sa 244 na posisyon sa pagpapatupad na kinuha noong FY 2022, 82 ay nasa bilingual na Position Descriptions (PD) at tinasa para sa kakayahan sa wika. Isinaalang-alang ang demograpikong pinagmulan ng mga customer na pinaglilingkuran sa isang lugar sa pag-hire. Ang mga empleyadong ito ay pangunahing mga imbestigador ng sahod at oras; gayunpaman, kumukuha din ang ahensya ng mga bilingual na espesyalista sa back wage na tutulong sa mga manggagawa sa pagkumpleto sa dokumentasyon upang makakuha ng pabalik na

---

<sup>161</sup> Binanggit sa itaas.



sahod na nararapat sa kanila at sa pagsisikap na hanapin ang mga manggagawa, na maaaring may kasamang mga hamon dahil sa mga hadlang sa komunikasyon. Bukod pa rito, gumagamit ang WHD ng humigit-kumulang 200 karagdagang empleyado na may mga kakayahan sa wika na hindi partikular na kinuha para sa kanilang kakayahan sa wikang hindi Ingles. Karaniwang hinihiling sa mga empleyadong ito na gamitin ang kanilang mga kakayahan sa wika sa mga proyektong makikinabang sa kanilang mga kakayahan gayundin sa pagbibigay ng tulong sa mga customer at sa pangkalahatang publiko, sa pamamagitan ng pagpapatupad o edukasyon at pagsaklaw, nang personal, virtual, o sa telepono. Pinananatili din ng ahensya ang panloob na database ng mga empleyadong ito, na maaaring konsultahin ng ibang empleyado ng WHD, kung kinakailangan, bago gamitin ang kinontratang vendor upang magbigay ng mga serbisyo sa pagkukulang sa wika. Pinapanatili din ng ahensya ang isang kontrata para sa pagsasalin at mga serbisyo sa interpretasyon sa telepono na magagamit kapag hindi maibigay o hindi makapagbigay ang mga kawani ng mga serbisyo sa wika sa mga LEP na customer.

Sa kasalukuyan, hindi nag-aalok o nagbibigay ang WHD ng espesyal na pagsasanay sa mga tauhan na inaasahang gagamit ng mga kakayahan sa wika at wala ding pormal na patakaran / pamamaraan ang ahensya kung paano matukoy na LEP ang isang indibidwal, kung paano matukoy ang mga pangangailangan ng LEP na indibidwal, at kung paano magbigay ng mga serbisyo sa wika sa mga customer. Sa FY 2024, sisikapin ng WHD na bumuo ng mga patakaran at pamamaraang ito at magbalangkas ng pangkalahatang mga kinakailangan sa pagsasanay para sa mga kawani na inaasahang gagamitin ang kanilang mga kakayahan sa wika. Higit pa rito, sisikapin ng WHD na matiyak na alam ng lahat ng kawani ang mga linguistic na mapagkukunan at kung paano gamitin ang mga ito, kapag naaangkop.

Sa likas na katangian ng mga programa kung saan nakikilahok ang WHD – tulad ng mga H-2B at H-2A visa program at ang programa sa Sertipikasyon ng Paggawa ng Dayuhan – nakikipag-ugnayan ang mga investigator sa malaking populasyon ng mga LEP na manggagawa sa ilalim ng iba't ibang kondisyon sa pagtatrabaho na nangangailangan ng ganap na access sa mahahalagang impormasyon binibigay. Tinitiyak ng WHD na maaabot ng mga serbisyo sa wika ang mga manggagawa at employer sa panahon ng mga imbestigasyon at sa kasunod na kumperensya ng mga ito. Ang pagsaklaw ng WHD sa mga LEP na indibidwal ay inorganisa ng mga Espesyalista sa Pagpapalano ng Pagsaklaw sa Komunidad at Mapagkukunan, na nagtatatag at nagpapanatili ng mga ugnayan ng stakeholder sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad at mga grupo ng adbokasiya na nagbibigay ng mga serbisyo sa wika. Umaasa ang WHD sa mga stakeholder sa pagpapakalat ng mga isinaling materyal, kapag kinakailangan. Bukod pa rito, itinatag ng WHD ang mga Pagsasaayos ng mga Pagkakaunawaan (Arrangements of Understandings, AEU) sa mga dayuhang konsulado upang ayusin ang mga pagsisikap na tumulong sa pagsuporta sa tunguhin ng ahensya. Bilang bahagi ng mga aktibidad ng programa, gumagawa ang WHD ng mga pampublikong abiso na may malaking epekto sa mga stakeholder ng WHD. Upang matiyak na may access sa impormasyong ito ang mga LEP na komunidad ng WHD, ipinapaalam ng WHD sa kanilang mga LEP na stakeholder ang mga serbisyo ng tulong sa wika sa pamamagitan ng: mga poster na inilagay sa publiko; website ng WHD; account sa social media; direktang mga email sa mga listserv at indibidwal; at, gamit ang mga umiiral na ugnayan sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad na naglilingkod sa mga LEP na komunidad. May itinatag na proseso ang WHD upang masuri ang pagiging epektibo ng pagsaklaw at komunikasyon sa mga LEP na indibidwal sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga survey pagkatapos ng mga event na kinabibilangan ng pagtatasa sa kakayahan nitong makipag-ugnayan sa lahat ng miyembro ng audience at ginawa ang pagpapaunlad batay sa

mga resultang iyon. Tumatanggap din ang WHD ng mga mungkahi para sa pagpapabuti pagdating sa mga LEP na komunidad mula sa mga stakeholder.

Sa FY 2024, bubuo ang WHD ng isang sistema upang subaybayan ang bilang ng mga LEP na indibidwal na pinaglilingkuran nito at ang uri ng mga serbisyo ng tulong sa wika na ibinibigay nito sa mga LEP na indibidwal<sup>162</sup>. Bubuo din ng proseso ang WHD na: nagbabalangkas ng mga pamamaraan ng pagsasalin kung kinakailangan ng mga karagdagang pagsasalin para sa pinaglilingkurang populasyon nito; nagbabalangkas sa mga patakaran/pamamaraan para sa mga kawani upang masubaybayan ang mga serbisyong ibinigay; at, tasahin ang bisa ng mga kasalukuyang salin.

## **Kawanihan ng Kababaihan**

Ginawa ng batas ang Kawanihan ng Kababaihan Women's Bureau, WB) noong 1920 upang kumatawan sa mga pangangailangan ng mga babaeng kumikita ng sahod. May awtoridad ang Kawanihan na mag-imbetiga at mag-ulat sa DOL tungkol sa lahat ng bagay na nauukol sa kapakanan ng kababaihan sa industriya. Itinataguyod ng WB ang mga patakaran at pamantayan na nangangalaga sa mga interes ng kababaihan; nagtataguyod para sa pagkakapantay-pantay at pang-ekonomiyang seguridad ng kababaihan at pamilya nito; at nagtataguyod ng kalidad ng mga kapaligiran sa trabaho. Gumagamit ang WB ng data at pagsusuri sa patakaran, paggawa ng grant, at pakikipag-ugnayan ng stakeholder na nakabase sa bansa at estado upang himukin ang mga pagbabago sa patakaran at kasanayan na nagpapataas ng makatarungang sahod at kayamanan para sa kababaihan sa pamamagitan ng:

---

<sup>162</sup> Ipatatupad ang sistema ng pagsubaybay sa FY 2025.

- Pagpapabuti ng suweldo at mga kondisyon sa pagtatrabaho sa mga pangunahing sektor na pinangungunahan ng kababaihan;
- Pagkuha ng mas maraming kababaihan sa mga landas patungo sa mga trabahong may mataas na sahod;
- Pagpapalawak ng access sa may bayad na bakasyon at abot-kayang pangangalaga sa bata at matatanda;
- Pagtiyak na alam at magagamit ng mga manggagawa ang kanilang mga karapatan sa lugar ng trabaho; at
- Pag-aalis ng hindi makatarungang suweldo, at diskriminasyon at panliligalig batay sa kasarian sa lugar ng trabaho.

Pinamamahalaan din ng ahensya ang Kababaihan sa Apprenticeship at Hindi Tradisyonal na Trabaho (Women in Apprenticeship and Nontraditional Occupations, WANTO)<sup>163</sup> at Pagpapatibay ng Access, Karapatan at Katarungan (Fostering Access, Rights and Equity, FARE)<sup>164</sup> na mga grant na programa.

Nakakaugnayan ng mga kawani ng WB ang mga LEP na indibidwal na nagsasalita ng Spanish ilang beses sa isang buwan sa iba't ibang paraan, kabilang ang sa telepono, personal, o virtual. Kapag nakatanggap ang Kawanihan ng mga kahilingan sa Spanish, pangangasiwaan ito ng mga kawani ng WB na nagsasalita ng Spanish. Sa FY 2024, magtatatag ang WB ng mga patakaran para sa Pambansang Tanggapan at kawani ng field kapag nakikipag-ugnayan

---

<sup>163</sup> Tumutulong mga gawad ng WANTO na palawakin ang mga landas para sa mga kababaihan na makapasok at mamuno sa lahat ng mga industriya sa pamamagitan ng pagkuha, pag-mentor, pagsasanay, at pagpapanatili ng mas maraming kababaihan sa mga dekalidad na pre-apprenticeship, mga programa sa apprenticeship at mga di-tradisyonal na programa sa trabaho.

<sup>164</sup> Tumutulong sa mga babaeng manggagawa na may mababang sahod ang mga grant ng FARE na makakuha ng mga benepisyo at malaman ang kanilang mga karapatan sa lugar ng trabaho.

sa mga LEP na indibidwal na nagsasalita ng ibang wika maliban sa Ingles o Spanish<sup>165</sup>. Bilang ahensya ng nagpopondo ng grant, hinihiling ng WB ang mga grantee na magbigay ng access sa wika, kung kinakailangan. Sa FY 2024, magdaragdag ang WB ng iba pang wika sa Anunsyo sa Pagkakataon sa Pagpopondo nito upang isama ang kinakailangan sa badyet para makapagbigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika, kung kinakailangan, upang maabot at mapaglingkuran ang mga karapat-dapat na kalahok.

Kasama sa website ng WB ang mga piling mahalagang impormasyon sa Spanish, kabilang ang paglalarawan ng ahensya, mga fact sheet, at fact sheet ng proteksyon ng manggagawa. Kamakailan, nang maglabas ang WB ng bagong mapagkukunan, ang Pambansang Database sa mga Presyo ng Pangangalaga sa Bata (National Database on Childcare Prices, NDCP), inilathala ng WB ang Spanish na fact sheet at press release na na-post online at ibinahagi sa mga audience na nagsasalita ng Spanish at Spanish social media. Ipinapakita rin ng kalendaryo ng mga event ng WB ang mga event na nasa Spanish. Bagama't hindi pa na-advertise sa Spanish ang mga ito sa website, ibinahagi ng kawani ang impormasyon sa mga stakeholder at organisasyong nakikipagtulungan sa mga kliyenteng nagsasalita ng Spanish. Gayunpaman, hindi nagbibigay ang WB ng mga Babel notice sa kanilang website. Sa FY 2023, sisikapin ng WB na maunawaan kung at saan ito magiging kapaki-pakinabang na mag-post ng Babel notice sa Spanish at iba pang wika sa website nito.

Itinuturing ng WB bilang mahalagang dokumento ang marami sa mga fact sheet, ulat, at post sa blog nito. Noong nakaraan, isinagawa ang mga pagsalin ng mga kawani na nagsasalita ng Spanish, ng Tanggapan ng mga Pampublikong Usapin ng DOL, o sa pamamagitan ng pakikipagsosyo ng stakeholder. Pinapanatili ng WB ang isang imbakan ng mga isinaling

---

<sup>165</sup> Ang pinakakaraniwan na nakakaugnayang wika pangalawa sa Ingles.

dokumento. Sa buong FY 2023 at FY 2024, gagamitin ng WB ang mga kontrata ng serbisyo sa pagsasalin sa ilalim ng Kabuuang Kasunduan sa Pagbili ng Kagawaran upang isalin ang mga natukoy na mahahalagang dokumento, page ng website, at mga page ng data gamit ang isang phased na pamamaraan. Bukod pa rito, sa FY 2024, bubuo ang WB ng proseso para matukoy kung paano natukoy na mahalaga ang mga dokumento kapag ginawa at tutuklasin kung paano pamahalaan ang pagsusuri ng mga dokumentong isinalin ng kontraktor ng mga empleyadong may kakayahan sa wikang Spanish na puno na ang mga workload.

Kasalukuyang gumagamit ang WB ng humigit-kumulang 5-8 empleyado na may kakayahan sa wikang Spanish upang magbigay ng mga serbisyo sa wika. Gayunpaman, walang espesyal na pagsasanay ang WB para sa mga kawani na inaasahang gagamit ng mga kakayahan nito sa wika. Sa FY 2024, bubuo ang WB ng plano para gawing pamilyar sa mga kawani ang pag-access sa mga serbisyo sa wika para sa mga LEP na indibidwal na nakikipag-ugnayan sa WB at kung paano matukoy kung nangangailangan ng tulong sa wika ang isang indibidwal. Bukod pa rito, tatasahin ng WB kung dapat isama sa paparating na panahon ng pagkuha ng empleyado ang mga posisyon na kailangang may mga kakayahan sa Spanish ang mga empleyado at/o kung ang kailangang suriin ang kasalukuyang mga bilingual na empleyado para sa kakayahan sa wika dahil hindi partikular na kumukuha ng empleyado ang WB na may mga kakayahan sa wikang hindi Ingles.

Nakikipagtulungan ang WB sa mga stakeholder, kabilang ang mga ahensya ng gobyerno, mga organisasyong nakabatay sa komunidad, at mga institusyong pang-edukasyon upang i-highlight ang mga boses ng mga manggagawa at isulong ang edukasyon at pagsaklaw sa mga kasalukuyang priyoridad. Nakikipag-ugnayan din ang WB sa publiko sa pamamagitan ng pagho-host ng mga sesyon sa pakikinig, roundtable, webinar, kumperensya, at event sa pagsaklaw sa komunidad, kadalasan kasama ng mga pangunahing stakeholder (hal., Justice

for Migrant Women at International Labor Organization). Sa mga event na ito, ang WB ay nagsisilbing ahensya ng host at nagbibigay ng sabay-sabay na interpretasyong Spanish/Ingles at mga pagsasalin sa Spanish ng materyal upang suportahan ang mga event sa pagsaklaw. Para sa mga event na hindi hino-host ng WB, umaasa ang ahensya sa mga organisasyong tatanggap upang magbigay ng mga serbisyo sa wika para sa kanilang mga event. Sa FY 2023, bubuo ang WB ng estratehiya sa pagsaklaw at pakikipag-ugnayan upang matiyak na maibibigay ang napapanahon, makabuluhang access sa wika sa populasyon na kwalipikado sa serbisyo nito.

Sa FY 2024, bubuo ang WB ng Plano sa Access sa Wika na partikular sa ahensya. Babalangkasin sa Plano sa Access sa Wika ang mga plano sa pagsubaybay sa bilang ng mga tinulungang LEP na indibidwal, ang uri ng mga serbisyo ng tulong sa wika na ibinibigay ng WB sa mga LEP na indibidwal, mga pamamaraan na nagbabalangkasin ng mga proseso para sa mga kawani sa pakikipag-ugnayan sa mga LEP na indibidwal, at pagsasalin ng mga dokumento / pagbibigay ng mga serbisyo sa interpretasyon. Babalangkasin din ang WB ang isang regular na pagtatasa ng mga demograpiko ng mga populasyon na kwalipikado sa serbisyo at mga kaukulang mapagkukunan na umiiral upang matiyak ang patuloy na makabuluhang access habang nagbabago ang mga populasyon at programa.